

Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

TOMO XXVIII, BLG. 1, 2022



Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

ISSN 0117-1275 | ISSN 2244-6001 (online)
Tomo XXVIII, Blg. 1, 2022

Ang mga artikulo ng Daluyan ay pawang opinyon ng mga may-akda at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng Sentro ng Wikang Filipino.

Michael Francis C. Andrada, PhD
mcandrada@up.edu.ph
Punong Editor

Carlos M. Piocos, III, PhD
carlos.piocos@dlsu.edu.ph
Kawakasing Editor

Larry Boy B. Sabangan
lbsabangan@up.edu.ph
Tagapamahalang Editor

Christine Marie Magpile
clmagpile@up.edu.ph
Editor Pangwika

Edrick S. Carrasco
edrickcarrasco@gmail.com
Tagadisenyo ng Aklat at Pabalat

Inilalathala ng Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan
ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman dalawang beses sa isang taon.
Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng Daluyan sa
<http://www.journals.upd.edu.ph> at sa www.swfupdiliman.org

Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman
3/F, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI),
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon

Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583.
Email: daluyan.swf.upd@up.edu.ph

Nilalaman

- 5 Tala ng Editor
Ang Salita ng Hari ay Dapat Baliin

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA

- 7 INTRODUKSIYON
Mga Radikal na Posibilidad ng Pagsasalin

CARLOS M. PIOCOS III

- 11 Makabayang Intelektuwal-Manunulat
ng Pamahalaang Komonwelt:
Ang Kaso nina Amado V. Hernandez at
Salvador P. Lopez

KEVIN P. ARMINGOL

- 23 Ang Metodikong Duda at ang Duwalismong Cartesiano:
Salin sa Unang Dalawang Bahagi ng Meditations ni
René Descartes

EMMANUEL C. DE LEON

35 Pag-aangkop ng mga Modelong Adsorption
Pang-isothermal ni Langmuir (1916) at
Freundlich (1906) sa R gamit ang PUPAIM

CHESTER C. DEOCARIS
CARL LUIS P. FLESTADO
MARK LESTER C. GALICIA
JAN BERNEL P. PADOLINA
DIONE GUZMAN

45 Isang Paglalapat at Pagninilay sa
Functional Theory of Language ni Newmark
sa Pagsasalin ng Akdang “Poor Man’s Love”

LESLIE ANNE L. LIWANAG
MARIA VANESSA E. GABUNADA
DEBORRAH SADILE ANASTACIO

66 Ang Panimulang Rehistro ng Wika sa
Industriyang Pag-aalahas ng Barangay
Calvario sa Lungsod ng Meycauayan,
Bulacan

VLADIMIR B. VILLEJO

85 INTERNASYONAL NA LUPON NG MGA EDITOR

Ang Salita ng Hari ay Dapat Baliin

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA

mcandrada@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Kolektibong danas ng mamamayan ang mag-aral sa wikang Ingles. O mas dapat sabihing pilit tayong pinag-aral at pinag-aaral sa wikang Ingles. Ang daklot ng hegemoniya ng ganitong sistema ay tumatagos maging sa labas ng mga paaralan. Wala namang problemang mag-aral ng wikang Ingles at maging ng iba pang dayuhang wika. Dahil ang pag-aaral ng mga wika, lalo na ng pambansang wika at mga sariling wika sa sariling bayan, ay magbibigay ng potensiyal at kapangyarihan para sa mamamayan na umunawa sa mas maraming lipunan.

Iyon nga lamang, dahil sa neokolonyal at neoliberal na sistemang nagpapatakbo sa bansa—na damang-dama sa sistema ng edukasyon—pinananaig ang wikang Ingles hindi bilang wikang pantulong kundi bilang primaryang wika—mula sa pag-aaral at pagtuturo, hanggang sa burukrasya ng negosyo at gobyerno, hanggang sa kultura, politika, at ekonomiya. At sa ganitong iskema, hinuhubog hindi lamang ang dila, kundi maging ang damdamin, pag-iisip, kamalayan, at mismong lipunan, para umayon sa monolitiko at nangmomonopolyong patakarang bitbit ng wikang Ingles ng neokolonyalismo at neoliberalismo.

Sa pagbabalik ng mga Marcos sa poder ng elitistang panunungkulan sa pambansang antas, magiging malinaw muli kung bakit pinananaig ang wikang Ingles sa Pilipinas—ito’y wika ng neokolonyalismo at

neoliberalismo; ito’y wikang pumapabor para sa pang-ekonomiyang ganansiya ng dayuhang amo at mamumuhunan. Sa katunayan, noong Hulyo 2022, malinaw ang salita ng hari. Sa kaniyang mensahe, sinabi ng pangulo na anak ng diktador na nais niyang patatagin ang pagiging “English-speaking people” ng mga Pilipino sa pamamagitan ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon, kabilang ang pagpapanatili at pagpapalakas sa Ingles bilang primaryang wika ng pagtuturo’t pag-aaral. Ang pagtitiyak ng katatagan ng wikang Ingles bilang wika ng mga Pilipino ay paborable raw para sa dayuhang amo: “Foreign employers have always favored Filipino employees because of our command of the English language. This is an advantage that we must continue to enjoy.” Kung kaya’t lalo lamang pagtitibayin ng administrasyon ng anak ng diktador ang pagtatanghal sa wikang Ingles hindi lamang

bilang primaryang wika ng pagtuturo kundi primaryang wika ng ekonomiya, politika, at kultura sa bansa.

Sa pagsasaysay ng anak ng diktador, bentahe ang pagiging maalam sa wikang Ingles. Ngunit sa maikling pahayag na ito, mariing iginuguhit ang tadhana ng Pilipinong pinipilit na mag-Ingles: upang maging global na alipin ng mga dayuhang amo at kompanya. Ito mismo ang sentro-de-grabedad ng neokolonyalismo—lumikha ng mga mamamayang matatas sa wikang Ingles upang magpakaalipin sa mga dayuhang amo't mamumuhunan. Kabi-kabila ang hakbang ng anak ng diktador para sa mga kasunduan sa mga dayuhang gobyerno para sa eksportasyon ng murang lakas paggawa.

Sunod-sunod din ang pagbabakasyon sa mga dayuhang bansa ng anak ng diktador, kasama ang kaniyang neoliberal na barkada, upang kumuha ng mga dayuhang mamumuhunan. Ang mga kasunduang ito'y pumapabor, kung susuriing mabuti, hindi para sa kapakanan ng bayan kundi para sa interes ng mga naghahari-hariang dayuhan at lokal na negosyo o monopolyo kapital. Mga kasunduang pinagkukunwaring magbubunsod ng pang-ekonomiyang pag-unlad sa Pilipinas—diumano'y magbubukas ng maraming trabaho at oportunidad para sa mga Pilipino—ngunit

ang totoo'y ibinubukas lang ang bansa para sa pagdagsa ng dayuhang negosyo't produkto at para sa pribatisasyon ng mga pampublikong serbisyo.

Hindi na malayong isipin ang tunay na koneksyon ng iginigiit na wikang Ingles sa iginigiit na neokolonyal at neoliberal na mga sistema. Iba't iba man ang ipangalan ng bawat administrasyon sa mga hakbangin nila para sa wika at edukasyon, iisa ang malinaw: ang pagpupumilit na sanayin ang mamamayan sa wikang Ingles ay pagpupumilit na ipaanod ang bayan sa neokolonyalismo at neoliberalismo.

Paulit-ulit ang paalala sa mga nagpapatakbo ng gobyerno at mga institusyong pang-edukasyon: ang bayang pinagpupumilit na magsaysay sa neokolonyal at neoliberal na wika ay bayang pinalalayo sa sariling wika. Ang bayang sinasanay sumaysay at kumilos batay sa wika ng naghahari-hariang (kawalang-) kaayusan ay bayang patuloy na pinagkakaitan ng sariling wika, kasaysayan at kaunlaran. At ang pamahalaang ipinagkakait sa bayan ang pagpapaunlad at pagpapalakas ng pambansang wika at mga sariling wika ng bayan ay pamahalaang walang bait sa sarili at walang awa at walang pagmamahal sa mamamayan at bayan. ♦

Mga Radikal na Posibilidad ng Pagsasalin

CARLOS M. PIOCOS III

carlos.piocos@dlsu.edu.ph

Pamantasang De La Salle, Maynila

Sa maraming pagkakataon, naikakahon ang usapin ng pagsasalin bilang usapin lamang ng pagsasalin ng isang akda mula sa orihinal na wika patungo sa bago nitong wika. Kaya naman madalas ding nakukulang ang tunguhin ng pagsasalin sa direksiyon nito sa lingguwistika. Ngunit mahalaga ring makita na bahagi ang pagsasalin sa maraming intelektuwal na gawain ng mga manunulat at iskolar. Labas sa madalas at tradisyonal na gawaing pagsasalin ng mga akda mula orihinal na wika patungong bagong wika, may pagsasalin ding nagaganap sa pananaliksik sa mga akdang naisusulat sa wikang marhinalisado sa ating bansa o di kaya nama'y komparatibong pag-aanalisa ng mga akda sa iba't ibang wika. May mas malalim na proseso rin ng pagsasalin sa mga interdisiplinaryong pananaliksik gaya ng pagsasalin at muling interpretasyon na nakapaloob sa pag-aaral sa kasaysayan at pangkulturang pamana ng isang limot nang lokal na industriya, at lalo't higit sa pagsasalin ng mga teknikal na eksperimentasyon at datos ng mga pag-aaral sa agham patungo sa wikang mas makakaabot sa mas malawak na mambabasa.

Radikal ring proseso lalo't kung sa wikang Filipino ang wika ng mga pag-aaral na ito sapagka't mas lalong napagtitibay ang tunguhin ng intelektuwalisasyon ng ating pambansang wika. Kung gayon, mahalagang maunawaan natin ang mga akda sa bagong isyu na ito ng *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* na mga politikal na interbensiyon ng pagsasalin sa marami nitong pagpapakahulugan at tunguhin. Mas radikal din dahil wikang Filipino ang lunduyan ng mga probokasyon na ito sa maraming posibilidad ng pag-aaral na binubuksan ng iba't ibang proseso ng pagsasalin sa iskolarsyip at intelektuwalisasyon ng pambansang wika.

Sa isyung ito, may dalawang artikulong kagyat na dinadalumat ang gawaing pagsasalin

sa akdang pampanitikan at pilosopiya. Sa akda nina Leslie Anne L. Liwanag, Maria Vanessa E. Gabunada, at Deborrah Sadile Anastacio na **"Isang Paglalapat at Pagninilay sa *Functional Theory of Language* ni Newmark sa Pagsasalin ng akdang 'Poor Man's Love'"**, ginamit ng mga may-akda ang danas sa pagsasalin ng maikling kuwento ni Simeon Dumdum Jr. mula Ingles patungong Filipino upang talakayin ang bisa at mga pagsubok sa modelo at teorya ng pagsasalin ni Newmark. Sa **"Ang Metodikong Duda at ang Duwalismong Cartesiano: Salin sa Unang Dalawang Bahagi ng *Meditations* ni René Descartes"** ni Emmanuel de Leon, ginamit ng may-akda bilang gabay ang kanyang malalim na pagkakaunawa sa pilosopiya ng Enlightenment, partikular sa


mga akda ni Descartes, hindi lamang upang maisalin ang kanonikal na akda ng pilosopiya at pangunahing sanggunian din ng mga mag-aaral ng disiplinang ito sa Pilipinas, kundi para mas maipaliwanag din at mapaglalim ang Cartesianong diwa gamit ang estratehikal na pagpili ng akmang salita at paliwanag ng mga pagpiling ito sa kanyang mga talababa.

Bagama't hindi kumbensiyonal na pag-aaral sa pagsasalin, maaaring mahinuha rin ang halaga ng gawaing pagsasalin sa akda ni Kevin Armingol. Sa akda ni Armingol na, **“Makabayang Intelektuwal-Manunulat ng Pamahalaang Komonwelt: Ang Kaso nina Amado V. Hernandez at Salvador P. Lopez,”** komparatibong pag-aaral pampanitikan naman ang isinagawa ng may-akda sa pagbabangga ng ideya ng dalawang makabayang manunulat sa Panahon ng Komonwelt gamit ang magkaibang wika. Mula sa pagbabangga at sintesis nito, na isa ring gawaing pagsasalin, tinalakay ni Armingol kung paano umuusbong ang kaisipang pambansa at kamalayang makabayan mula sa mga akda sa Tagalog at Ingles.

Ang huling dalawang pananaliksik naman sa isyung ito ay nagpapatunay na mahalagang proseso ang pagsasalin upang maisakatuparan ang layuning interdisiplinaryo sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Sa **“Ang Panimulang Rehistro ng Wika sa Industriyang**

Pag-aalahas ng Barangay Calvario sa Lungsod ng Meycauayan, Bulacan,” ni Vladimir Villejo, makikita ang halaga ng pagsasalin sa mga pag-aaral sa interseksiyon ng ekonomiya, kasaysayan, at lingguwistika. Gamit ang panayam sa mga mag-aalahas at artsibong pagdalumat sa industriya ng pag-aalahas sa isang bayan sa Bulacan, dinalumat ng pag-aaral ang mga salitang nakaugat sa nasabing industriya upang mapakita ang koneksiyon ng paggawa at kultura sa pang-araw-araw na buhay ng bayan at lalawigan. Sa artikulong **“Pag-aangkop ng mga Modelong Adsorption Pang-isothermal ni Langmuir (1916) at Freundlich (1906) sa R gamit ang PUPAIM”** nila Chester C. Deocaris, Carl Luis P. Flestado, Mark Lester C. Galicia, Jan Bernel P. Padolina, at Dione Guzman, mahalagang batayan ang pagsasalin sa pagpapakilala ng PUPAIM na binuo ng mga siyentistang Pilipino. Sa kanilang paggamit ng wikang Filipino sa kanilang pag-aaral, pinalalawak din ang kakayahang makapagpahayag ng mahahalagang kaalaman mula estadistika at kimika sa mga mambabasang Filipino.

Nawa'y makapagbukas ang mga bagong pananaliksik na ito sa bagong isyu ng *Daluyan* ng bagong mga direksiyon at posibilidad ng pagsasalin sa patuloy na intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. ♦



Makabayang Intelektuwal-Manunulat ng Pamahalaang Komonwelt: Ang Kaso nina Amado V. Hernandez at Salvador P. Lopez

KEVIN P. ARMINGOL
karmingol@feu.edu.ph
Far Eastern University, Manila

ABSTRAK

Layunin ng papel na ito na suriin ang mga akda ng dalawa sa tampok na makabayang manunulat sa Panahon ng Komonwelt na sina Amado V. Hernandez na kilala sa wikang Tagalog at Salvador P. Lopez para sa wikang Ingles. Gamit ang kani-kanilang akdang naisulat ng panahon ding iyon—koleksiyon ng tulang ‘Kayumanggi at iba pang tula’ ang kay Hernandez at mga sanaysay na ‘Proletarian Literature’ at ‘Literature and Society’ ang kay Lopez—tutukuyin ang mga namamayaning kaisipan at pananaw ng mga manunulat sa pagbubuo nila ng bayan gamit ang panulat. Inaasahan ding matutukoy at maipoposisyon ang panlipunang gampanin at tungkulin ng manunulat sa kinaiiralan nilang lipunan at panahon. Mula rito, bagaman may malilinaw na tampok na pagkakaiba at pinagkakaisahang mga usapin ang dalawang manunulat, nanatiling mapanuri at makabayan sina Hernandez at Lopez sa kabila ng sistematiko at ganap na Amerikanisasyon sa mga katutubong Pilipino sa halos limang dekadang direktang pananakop sa Pilipinas.

Mga Susing Salita: Pamahalaang Komonwelt, Amado V. Hernandez, Tagalog, Salvador P. Lopez, Ingles, Manunulat

ABSTRACT

This paper aims to analyze the works of two of the prominent nationalist writers during the Commonwealth Period: Amado V. Hernandez, who writes in Tagalog, and Salvador P. Lopez for the English language. Using their works that were written during the period – ‘Kayumanggi at iba pang tula’, a collection of poems by Hernandez, and selected essays like ‘Proletarian Literature’ and ‘Literature and Society’ by Lopez – the paper will identify the dominant ideas and views of the writers on writing the nation using their pen. It will also try to recognize and position the social role and responsibility of the writers during their time and milieu. From here, although there are significant distinct features and standpoints from which the two writers are concerned, Hernandez and Lopez maintained to be critical and nationalist amidst the systemic and all-out Americanization of the Filipino people for almost five decades of direct colonization of the Philippines.

Keywords: Commonwealth Period, Amado V. Hernandez, Tagalog, Salvador P. Lopez, English, Writer



Habang nililigalig ng pampolitika at panlipunang krisis ang lungsod at kanayunan (Kerkvliet 1992, 71–91; Veneracion 1994, 55–80), sa kauna-unahang pagkakataon, kinilala ang sining at panitikan bilang bahagi ng panlipunang pagbabago sa panahon ng Pamahalaang Komonwelt matapos na pormal na manumpa bilang pangulo si Manuel L. Quezon noong 1935. Sa pagsisikap ng sektor ng mga artista at manunulat, tuluyan itong naisama sa batas (Arguilla et. al. 13). Narito ang sipi na makikita sa Artikulo XIV, Seksiyon 4 ng Saligang Batas ng 1935:

Section 4. The State shall promote scientific research and invention. **Arts and letters shall be under its patronage.** The exclusive right to writings and inventions shall be secured to authors and inventors for a limited period. [akin ang diin]

Isa sa tampok na resulta ng nasabing batas ay ang pagkakatatag ng Commonwealth Literary Awards noong 1940 na nagsilbing taunang patimpalak sa malikhaing pagsulat sa tatlong pangunahing wika sa kapuluan ng panahong iyon: ang Ingles, Tagalog, at Espanyol sa pangunguna mismo ng bagong-tatag at ‘nagsasariling’ gobyerno. Sa kabila ng oportunidad at espasyo na inilaan ng nagsasarili nang pamahalaan ng panahong

iyon; kung gayon, paano tinitingnan ng mga manunulat ang kanilang gampanin sa pagbubuo ng bayan gamit ang kanilang mga panulat? Ano-ano ang mga kongkretong manipestasyon nito na makikita sa kanilang mismong panulat ng panahong iyon? Sa pamamagitan ng papel na ito, inaasahang mapalilitaw ang mga aspirasyon at layon ng dalawa sa kinikilalang manunulat sa dalawang pangunahing wika ng kanilang panahon: Si Amado V. Hernandez sa Tagalog at si Salvador P. Lopez sa Ingles.

Ang librong *Kayumanggi Aklat ng mga Tula* ni Amado V. Hernandez at dalawang sanaysay na pinamagatang “Literature and Society” and “Proletarian Literature” ni Salvador P. Lopez— mga kapwa nalimbag noong 1940 at kabilang din sa nagkamit ng gantimpala sa Commonwealth Literary Awards ang mga gagamiting primaryang batis para sa papel na ito.

Si Amado V. Hernandez ay nakilala sa maagang edad dahil sa husay sumulat lalo na sa tula. Naging editor siya ng pahayagang *Mabuhay* at napabilang sa iba’t ibang babasahin at pahayagan ang kanyang mga tula. Samantala, nakilala bilang mamamahayag, guro, at diyarista si Salvador P. Lopez sa di niya matatawarang angking talino sa paggamit ng Ingles ng kanyang panahon.

Naniniwala ang mananaliksik na sa kabila

ng tuluyang kolonisasyon sa isip, puso, at pati na sa wika ng mga katutubong Pilipino sa panahon ng Amerikanisasyon, nagpatuloy sa mga intelektuwal-manunulat ang diwang nasyonalismo at makalipunan sa kanilang panulat.

ANG PILIPINONG INTELEKTUWAL AT ANG PAMAHALAANG KOMONWELT

Ang kampanya para sa pagsasarili ng Pilipinas mulang 1919 hanggang 1934 ay tila nagbunga rin nang aprubahan ang Tydings-McDuffie Act sa Estados Unidos at Pilipinas na ipinasa ng Pambansang Kongreso noong Mayo 1, 1934 (Agoncillo 1998, 360). Sa pagbuo ng Konstitusyong 1935 noong Pebrero 8, naipagwagi ni Manuel Luis Quezon ang pagiging pangulo at Sergio Osmeña para sa ikalawang pangulo ng Pamahalaang Komonwelt.

Itinuring na ‘Ginintuang Panahon’ ang pagkakatatag ng nagsasariling pamahalaang ito sa Pilipinas. Ang bayang deka-dekada nang nagggiit ng paglaya sa Kolonyal na Estados Unidos sa pamamagitan ng parliyametaryong paraan, ngayon ay binigyan ng ‘desisyon’ at pagkakataon na lubusin ang panahon ng transisyon ng pagpapalit ng gobyerno mula kolonyal na pamumuno ng dayuhan hanggang sa masapit ang pamumuno ng mga Pilipino mula sa pinakamataas na posisyon ng pamamahala hanggang sa pinakamababang kinatawan ng estado.

Bukas-kamay naman itong tinanggap lalo na ng mga intelihensiya, partikular ang mga manunulat. Nagbunga ang ganitong hangarin sa pagtatatag ng Philippine Writers’ League (PWL) noong Pebrero 1939. Sa kauna-unahan ding pagkakataon, at marahil ang pinakahuli na, ang PWL lamang ang samahang pangmanunulat na itinatag at pinondohan sa ilalim ng gobyerno ng Pilipinas. Layunin sa pagkakatatag ng PWL na ipahayag ang malaon nang pangangailangan at panawagan na pagbuklurin ang nasabing sektor. Naging lunan din ito hindi lamang ng pagpapayaman at pagpapaunlad sa usaping pampanitikan at pansining ng bansa, kundi maging ng nagtutunggaling pampolitikang prinsipyo at pang-ideolohiyang sumasangkot sa panulat ng mga manunulat sa lipunang kanilang kinaiiralan.

Sa kasalukuyan, malayo na ang inabot ng ambag ng mga akda at panulat nina Amado V.

Hernandez at Salvador P. Lopez sa pagbubuo ng bayan at pagbabagong panlipunan, lalo na sa mga panahong patuloy na nililigalig ang bansa ng samot-saring panlipunang krisis at paghahangad ng alternatibo at tunay na pagbabago sa buhay at kabuhayan ng karaniwang mamamayan. Isang mahusay na halimbawa nito ang ilang pag-aaral na tumitingin sa mga akdang pampanitikan ni Hernandez sa pagpapaunlad ng kaisipang ‘sosyalista’ na nakalapat sa kondisyon ng Pilipinas, tulad na lamang ng makalipunan at makabayan nitong programa sa larangan ng edukasyon, ekonomiya, at politika (San Juan 2016, 84–95; Tablan 2011, 32). Sa kabilang banda, ganito rin ang pagtingin kay Lopez sa kanyang pagpapayaman ng depinisyon at ambag sa pagbubuo ng panitikan ng ‘proletaryo’ at nakikisangkot—sa kabila ng matingkad na pagkababad sa kultura’t edukasyong kolonyal at wikang Ingles na punla ng mga mananakop na Amerikano sa halos limang dekadang direktang pangongolonya sa Pilipinas (Acuña 2009, 36).

Sa puntong ito, inaasahang masasalamain ang produkto ng ilang dekadang pananakop ng Amerika sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga manunulat at kanilang akdang susuriin.

SI AMADO AT ANG NILULUNGGATING BAYAN SA KAYUMANGGI

Tulad ng maraming makata, dumaan sa mahaba-habang proseso si Amado V. Hernandez bago tuluyang kilalanin bilang ‘Makata ng Manggagawa.’ Tampok na rito ang kanyang samot-saring tula na maaari ring basahin bilang mga natatangi at dominanteng halagahan at kaisipan ng kanyang panahon. Tulad ng nabanggit na, mainam na talakayin ang kanyang katipunan ng mga tulang pinamagatang *Kayumanggi at Iba ang Tula* na tanging nagwagi ng Unang Gantimpala sa labindalawang lahoc na mga nagwagi sa dibisyon ng wikang Tagalog sa Commonwealth Literary Awards noong 1940. Nahahati sa tatlong bahagi ang *Kayumanggi*: “Sa Bayan,” “Sa Buhay,” at “Sa Pag-ibig.” Bagaman kinikilala ng papel na ito na bawat tula sa koleksiyon ay kapupulutan ng mahuhusay at makakabuluhang diskusyon, pipiliin lamang ang koleksiyon na nasa “Sa Bayan” sapagkat dito higit na makabubuo ng konsepto ng bayan sa gitnang hati ng panahon ng panulat ni Hernandez na kanyang iniralan.

Sa nasabing koleksiyon, maaari pang hatiin ang mga tula sa tatlong bahagi na may pagkakatatulad ng tema at nilalaman. Para sa unang bahagi, binubuo ito ng mga tulang “Ang Mahal na Birhen at ang Babai,” “Mariang Makiling,” at “Balagtas.” Sa unang tula, tila isang aparisyon ng Mahal na Birhen sa kalagitnaan ng pananalangin ng isang babae ang masasaksihan sa tulang ito mula sa punto de bista ng persona. Samantalang hindi na bago ang mga ganitong popular na kuwento o naratibo lalo na sa mga pigura ng relihiyong Kristiyanismo, ang mga ganitong usapin ay laging sariwa lalo na sa mga umaasang ng pagpapala at labis na naghihikahos. Sa sumunod na pangyayari, nagkausap ang dalawang tauhan at iniaalok ng Mahal na Birhen ang babae ng iba’t ibang yaman na naroroon sa langit na kanilang pinuntahan: ginto at pilak, brilyante at perlas, at marami pa iba ngunit hindi ito ang gusto ng babae kaya tinanong ng Mahal na Birhen ang kausap kung ano ang gusto. Sa ganitong saknong nagwakas ang tula:

Sagot ng Babai; — “Oh, Ina ng Awa,
ako’y Pilipinas na bayang mahina,
Mutya ng Silangang kanilang dinaya,
di yaman ni aliw ang tunay kong nasa
kung hindi ang aking naglahong paglaya!”
(Torres-Yu 1986, 258)

Mula sa simpleng salaysay na nagsimula bilang isang relihiyosong engkuwentro ay tuluyan nang tumungo at nagwakas sa di inaasahang sosyo-politikal na representasyon. Ang ganitong kakalasan at estilo sa hulihan ng tula ay higit na epektibo lalo na’t kung gustong pansamantalang itago sa unahan at gitnang bahagi ng akda ang nilalayong mensahe ng manunulat. Nagpatuloy rin ang paggamit ng simbolo ng bayan bilang isang babaeng ‘mahina,’ ‘kawawa,’ at tila ‘lanta nang bulaklak’ sa kamay ng mga dayuhan at mapagsamantala simula nang maging popular ang katawagang ‘Inang Bayan’ na higit na nakilala sa Katipunan ng Rebolusyong 1896. Gayunpaman, kung didistansiya sa mismong anyo at pamamaraan na ginamit sa tula, madali ring magagap ang paniniwala ng manunulat kung kanino at saan ang kanyang pinaniniwalaang makatutulong sa pagpapalaya ng kanyang bayan—sa tulong din ng kanyang relihiyon mismo at hindi sa paghubuklod at pagkakaisa ng mamamayan. Sa kabilang banda, mahalagang linawin na

marapat na tingnan sa diyalektikong proseso ang ganitong penomena. Saksi ang lipunan at kasaysayan ng bansa sa pagsasanib ng relihiyon at politika sa pagsusulong ng pagbabagong panlipunan na magiging laman ng diskurso ng mga tampok na indibidwal at panlipunang kilusan sa ikalawang hati ng ikadalawampung siglo.

May ganitong elemento rin ng pagsasanib ng dalawang paksa ang tulang “Mariang Makiling.” Halaw mula sa pamosong kuwentong bayan sa Katagalugan, mabait at mapagbigay na diwata si Mariang Makiling sa taumbayan na tuwing bumababa mula sa kabundukan ay maraming dala-dalang makakain at kabuhayan sa mga taganayon. Ngunit inabuso ng mga tao ang kabaitan ng diwata hanggang sa isang araw ay hindi na ito nagpakita pang muli na labis na ikinalungkot ng mga taong umaasa sa mga ibinibigay ng engkantada. Sa pagtatapos ng tula, inihalintulad ang diwata sa naging kapalaran ng bayan bilang masagana at handang ibigay ang lahat upang maging maginhawa ang buhay ng mamamayan. Ngunit nang dumating ang mga dayuhan ay tila naghingalo’t nag-aagaw-buhay na ito. Narito ang huling saknong:

Nguni’t siya, nang malaon ay nawalan
na ng dilag,
naubos ang kanyang yamang noong
araw’y nakatambak;
sapagka’t ang mga dayong dito’y
biglang nagsipadpad,
parang linta kung sumipsip, tila
balang kung lumaklak. (278)

Sa ikalawang pagkakataon, muling ikinawing ni Hernandez ang kalagayan ng bayan na sa puntong ito ay sa anyo ng kuwentong bayan. Hindi na lamang basta likhang-isip si Mariang Makiling na sa unang bahagi ay siyang diwatang nagkakaloob ng biyaya sa taumbayan. Sa puntong ito, siya na rin ang kumakatawan sa aspirasyon at hangarin ng bayan na kamtin ang pag-unlad at paglayang matagal nang inaasam kung hindi lamang sa mga dayuhan—mga linta at balang na pumepeste sa buhay at kabuhayan ng mamamayan.

Panghuli sa tulang kabilang sa unang bahagi ay ang tulang “Balagtas.” Tumutukoy ito sa papel ng makatang Francisco ‘Balagtas’ Baltazar sa kanyang mga ambag sa pagpapalaya ng Pilipinas. Binubuo ng sampung saknong

na may kalakhang wawaluhing taludturan, litaw ang yaman sa bokabularyo at balon ng mga salita sa wikang Tagalog si Hernandez. Sa kabilang banda, ito rin ang nagsilbing kahinaan ng tula sapagkat maituturing itong ‘pinamulaklak nang pinamulaklak’ nang sa gayon ay maputungan si Balagtas sa isang labis na pagtatangi sa halip na patampukin ang tunay na esensya at kahalagahan niya sa pagbabagong panlipunan noong ikalabingsiyam na siglo (Armingol 2019, 60–70). Dagdag pa, itinuring din si Balagtas na naglatag ng punla upang ‘ganap na maging bansa’ ngunit wala sa mga linya ng tula ang tinukoy bilang halimbawa; at sa halip ay binigyang-diin ang mga aral na mapupulot sa bawat taludturan na hindi kataka-taka sa panahong namamayani at lumalaganap ang anyo ng panitikan na may katangiang magbigay-aliw at mangaral (Reyes 2012, 202–3).

Kung babalikan ang mga sinuring tula sa itaas, isang katiyakan na may pagtatangka si Hernandez na pagsanibin ang relihiyon, kuwentong bayan, at panitikan sa kamalayan ng mamamayan tungo sa pagbabagong panlipunan gamit ang panulaan. Dagdag pa, tampok sa tatlong tulang tinalakay ang moralidad bilang mapagpasyang salik upang makamit ang inaasam na paglaya o kasaganahan— isang malinaw na tatak at namamayaning tema sa panulat ni Hernandez at ng kanyang panahon.

Samantala, tumatalakay sa mga bayani ng Pilipinas ang ikalawang bahagi na matutunghayan sa “Sa Bayan” sa *Kayumanggi* na binubuo ng mga sumusunod na tula: “Rizal Day,” “Bonifacio,” at “Plaridel.” Sinikap ni Hernandez na palitawin ang natatanging katangian ng bawat isa lampas sa paggunita kundi pati na sa pagsasabuhay ng kanilang simulain.

Sa tulang “Rizal Day,” isa itong anyo ng pagsasapantaha na kung paano kaya ay isang araw biglang mabuhay si Jose Rizal at bumaba ng kanyang bantayog sa kasagsagan sa araw ng paggunita sa kanya. Sa bahaging ito, ibinulalas ni Rizal ang kanyang pagkadismaya sa paglihis ng landas ng kanyang mamamayan at pagkawalang-saysay ng dakilang layon na kanilang inialay sa katubusan ng bayan. Nagbanggit pa ang nabuhay na bayani ng pangalan ng kapwa niya bayani na naglaan din ng buhay sa paglilingkod sa bayan at nagbitaw ng tanong sa mga tao:

—“Nangamatay kami nina Bonifacio,
Burgos at Plaridel,
Luna at Jacinto,
Ang aming dakilang binhi ay napano?
Kay ba’y wala nang pagka-Pilipino?”

Sa pagwawakas ng tula, planong basagin ng ‘nabuhay’ na Rizal ang nakasanayan nang pagdaraos ng samot-saring gawain ng paggunita sa sinumang bayani na hindi naman tunay na isinasabuhay ang simulain ng mga bayaning nagbuwis ng buhay para sa taumbayan.

—“Ang para-parada’t talu-talumpati
ay di mangyayaring
kumalag ng tali . . .
Mangagbago kayong damdami’t ugali!
Dalhin sa Kalbario ang kurus ng lahi! (273)

Para sa personang Rizal sa panulat ni Hernandez, upang ganap na ‘makalag ang tali’ na posibleng ang tinutukoy ay ang tanikala ng pagkaalipin, kinakailangan ang pagbabago ng loob na siyang tumutukoy sa damdamin at pag-uugali ng mga tao upang ganap na maabot ang Kalbaryo o siyang magsisilbing katubusan ng lahing Pilipino. Sa muling pagkakataon, tila ang simbolismo at arketipo ng Kristiyanismo sa pagpapalaya ng bayan ay siyang di nawawaglit na salik sa tulang ito ni Hernandez na ang pagiging matiisin at labis-labis na pagpapakumbaba ng mga Pilipino ang siyang magsasalba sa kanyang kasawiampalad sa kamay ng mga dayuhan.

Inihambing naman ni Hernandez sa isang nag-aalborotong bulkan si Andres Bonifacio, ang Supremo at utak ng Rebolusyong 1896, sa tulang ipinangalan din sa kanya. Ang kabuuan ng tula ay isang pagkilala mismo sa mayamang karanasang iniambag at inialay ni Bonifacio sa pagpapalaya ng bayan. Sa ikatlo at huling kanto ng nasabing tula, interesanteng pag-usapan ang nais buksan nitong diskusyon: sa una at ikalawang saknong, kaya nananatiling mahina at kawawang bansa ang Pilipinas sapagkat hanggang sa kasalukuya’y hawak ito sa kamay ng dayuhang ‘isang naging busabos ding tila ibig mangbusabos’ kung kaya’t ‘nasa kurus hanggang ngayon itong si Juan de la Cruz.’ Kaya ganoon na lamang ang pagsasalarawan sa taumbayan sa paghahanap at pagtawag sa pangalang ‘Bonifacio’ kung kailan babalik ang nasabing bayani.

Kailan nga magbabalik ang matapang na Supremo?
Tinatawag ka ng bayan:— “Bonifacio!
Bonifacio!
isang sinag ng paglaya bawa’t patak ng dugo mo!” (277)

Bagaman optimistiko para sa tula at kay Hernandez na muling ipagpatuloy ang nasimulan ni Bonifacio sa pamamagitan ng muli’t muling ‘pagbuhay’ sa kanya, tila nawala naman sa hinagap at sa mismong panulaan ni Hernandez ang mga indibidwal at kilusan na patuloy nang nagsasabuhay ng mga paniniwala ni Bonifacio ng kanyang panahon: ang mga lumalakas at lumalawak na noong kasapian ng kilusang magbubukid dulot ng matinding problema sa usaping agraryo sa Gitnang Luzon at kalapit probinsiya (Veneracion 1994, 60–70; Simbulan 2018, 48–54). Panahon din itong kaliwa’t kanang ang mga aklasan ng pederasyon ng mga unyon sa mga pabrika’t pagawaan sa Kamaynilaan (Kerkvliet 1992, 71–91).

Panghuli sa ikalawang bahagi ang tulang ‘Plaridel’ ni Hernandez na tumatalakay sa buhay at kabayanihan ni Marcelo H. del Pilar na kung paanong ginawa ang lahat ng makakaya upang isiwalat ang pang-aabuso at pananamantala ng mga Espanyol sa mga katutubong Pilipino, ay siya namang saklap ang sinapit sa ibayong lupain dulot ng malulubhang karamdaman hanggang sa bawian ng buhay. Ngunit ayon sa makata, nagpapatuloy ang paghawan ng landas na sinimulan nina Plaridel at magpapatuloy hanggang hindi nakakamit ang katarungan para sa lahat.

May naiwang tanging landas ang Plaridel na magiting,
isang landas ng Bayaning sa lahat na’y nagbibilin:
—“Kababayan, magbalikwas kung ayaw kang paalipin !” (280)

Para naman sa pangatlo at panghuling bahagi ng mga tulang nakapaloob sa “Sa Bayan” sa *Kayumanggi* ni Hernandez ay ang mga tulang “Quezon,” “Pamahalaan,” at “Kayumanggi.” Mahalaga ang bahaging ito sapagkat dito makikita ang ugnayan ng makata sa lipunang kanyang kinabibilangan: may pakikitalad o pakikibakang naganap ba sa pagitan ng makata at kanyang panulat sa naghahari at kolonyal na kaayusan? O siya mismo ay kapanig at kaisa sa pagpapatuloy at

pagpapatingkad ng kaayusang ito gamit ang kanyang panulat?

Binubuo ng apat na kanto ang tulang ‘Quezon’ na nagdadambana sa kasalukuyang pangulo noon ng Pamahalaang Komonwelt na si Quezon. Malinaw ang mensaheng nais ipabatid sa una at ikalawang kanto ng tula: samantalang nakamit na ang inaasam-asam na paglaya ng bayan ay agad naman itong inagaw. Ngunit sa pagsisikap ng lider na si Quezon ay muli’t muling pinagbuklod at pinagkaisa sa iisang watawat ang mamamayang Pilipino. Sang-ayon pa kay Hernandez sa ikalawang kanto, hindi maipagkakamaling ang kabayanihang ipinamalas ng bantog na lider ay mula pa kina Rizal at Bonifacio na tuluyan nang nasalin sa pangulo. Kung kaya di katakatang pamunuan ni Quezon ang Komonwelt tungo sa landas ng paglaya.

Upang lalo pang iluklok sa pedestal si Quezon, isinalarawan ni Hernandez ang pangulo na hindi tuminag sa alin mang banta ng seguridad, sakit o delubyo. Makikita ito sa ikatlong kanto ng tula:

Hindi naligalig
sa lupit ng sakit, banta ng kaaway,
marunong maghagis ng bato’t tinapay;
may matang agila at pusong tamaraw,
lalong nagliliyab
sa pamimiyapis kung nasusugatan...
May buhay na parang bulaklak, makulay,
ang lahat ng ganda
at lahat ng bango, sa baya’y pangbuhay;

Kaya ganoon na lamang ang pambihirang paghahambing ni Hernandez kay Quezon bilang ‘natupad na panaginip na Bernardo Carpiang/ lalagot ng gapos sa bayang may hapis.’ Isa itong kalabisan na tila Diyos na nagkatawang-tao ang pagsasalarawang ito ng makata sa kanyang pinag-aalayan ng tula. Kaya tila isang paraiso ang mabubuonng larawan sa isip sa pagwawakas ng tula:

ang “justicia social” ay kanyang ginamit:
iisa ang batas,
iisa ang Diyos sa lungsod, sa bukid;
walang tanikala’t ligtas sa panganib,
ang bansa’y tiyak nang
sa pagsasarili masayang sasapit,
at ang binibigkas nang boong pag-ibig:
—Mabunying Pangulo,
Mabuhay po kayo nang lalong malawig!
(281)

Samantala, tila seryosong tono ng makata ang matutunghayan sa tulang “Ang Pamahalaan.” Malinaw ang pagguhit ng linya ni Hernandez sa kanyang pagtindig dito kung anong inihahain ng pamahalaan sa pangangailangan at panawagan ng bayan. Ani Hernandez, kung ang pamahalaan’y kasumpa-sumpa, dapat lang itulad ito sa ‘gusaling puno ng anay’ na kailangan nang gibain o wasakin (283). Ngunit kung ang namumuno nama’y mahusay ang pagpapatupad ng batas, aniya’y dapat itong suportahan at ipagtanggol ‘sapagkat ang gobierno/ na sa bayan ukol ay siya ring bayan.’ Kung pag-uugnayin ang dalawang katatapos na tulang sinuri, malinaw na ang suporta at tindig ng pagkakaisa ni Hernandez, bilang mamamayan at bilang manunulat, ay itaguyod at ipagtanggol ang pamahalaan ni Quezon. Dagdag pa, mainam basahin ang kanyang tula bilang pagguhit din ng linya sa kanyang tinitindigan ng mga panahong iyon: buo ang suporta niya kay Quezon bilang pangulo ngunit mapanuri sa mga nagaganap at magaganap pa sa magdaraang gobyerno.

Mahalagang linawin at mailagay sa lugar ang argumento sa itaas na ang pangyayaring magkaroon ng Pilipinong pangulo at pamahalaang taguyod ng mga Pilipino sa panahong sakmal at direktang kolonya ng Estados Unidos ay isang matagal na proyekto ng paghubuo ng nagsasariling bayan at kolektibong mithiin ng mga Pilipino. Sa ganito marapat ding basahin at kilalanin ang mga makabayang manunulat: na ang kanilang buong buhay ay isa ring proseso ng paghuhubog sa kani-kanilang mga pinaniniwalaan at tinitindigan sa mga pangyayaring kanilang nilahukan at kinasangkutan.

Para naman sa panghuling tula, pinamagatan itong “Kayumanggi” mula rin sa mismong pamagat ng libro ng tula ni Hernandez. Ito ang pinakamahabang tula sa koleksiyon na binubuo ng sampung kanto na may tigwawalong saknong na binubuo ng anim na taludturan. Sa unang tatlong kanto nito, ipinabatid ng persona ang halaga ng pagkakaroon ng sustenidong mapagkukuhanan ng iba’t ibang pangangailangan mula sa yaman ng lupa at karagatan na sagana sa iba’t ibang mapagkukunan ng makakain at kabuhatan. Isinalarawan din ang naganap na makasaysayang pakikipagkalakalan sa iba’t ibang karatig-bansa at nayon upang lalong mapagtibay ang ugnayan sa isa’t isa at ang halaga ng pagpapalitan ng gamit at

kultura. Sa puntong ito, matutuklasan na ang nagsasalitang persona ay ang kolektibong tinig ng katutubo sa kapuluan ng Pilipinas na tila pagsasalaysay ng kolektibong kamalayan at karanasan mula sa isang malayong nakaraan hanggang sa mga tampok na mahahalagang pangyayari na bumago sa pag-unlad ng bansa. Nang lumaon ay dumating ang di inaasahang bisita, ang mga Espanyol na nagsagawa ng pakikipagsandugo o katapatan ng pakikipagkaibigan. Ngunit sa halip na suklian ang kabutihan ng mga katutubo, tila mabilis na nabago ang ihip at ang bagong kaibigan ay naging bago at matagal-tagal na kaaway.

Kami’y nagsandugong natutuwa kapwa,
nagtirik ng kurus sa gitna ng tuwa,
ako’y sinabitan ng kuintas na sadya...
At noon naganap ang unang “himala”:
kuintas sa leeg ko’y naging tanikala,
laya ko’y sa kurus nagapos na bigla! (263)

Sa ikalima at ikaanim na kanto, mistulang nasa isang mabilisan ang lahat ng pangyayari: mula sa kasaysayan ng direktang pananakop ng mga Espanyol hanggang sa humantong sa pagtatanggol ng mga bayani ng bayan at tuluyang tumangan ng armas tungo sa isang armadong pakikibaka ng mga katutubong Pilipino. Ngunit pansamantalang naantala ang demokrasyang inaasam dulot ng pananakop ng mga Amerikano at tila sa isang kisapmata lamang ay marami-raming Pilipino ang napaniwala na ipagkakaloob ng bagong mananakop ang paglayang inaasam sa takdang panahon.

nangakong tutulong sa banal kong nasa,
kung handa na ako’y iiwang malaya;
ang baya’y kawangki ng iyaking bata,
himasi’t madaling matuyo ang luha! (264)

Samantala, pagdambana sa katangian ng birheng kababaihan at usapin ng lahi ang nais pag-usapan sa ikapito at ikawalong kanto ng tula. Para kay Hernandez, matingkad ang kanyang pagtatangi sa payak na pinagmulan at uri ng pamumuhay na humahantong sa pagkakasya na lamang sa kung anong dumating sa buhay ng sinuman—isang repleksiyon ng realidad sa nakararaming tao na gaano man kahirap o kababa ang isang ikinabubuhay basta ito’y hindi galing sa nakaw o pagsasamantala ay ayos na. Binibigyang-diin din sa tula na basta ika’y may mabuting asal at loob ay

patuloy kang pagpapalain ng Diyos. Para sa mananaliksik, problematiko ang ganitong pag-iisip na tumatagos hanggang sa kasalukuyang kaisipan ng mga nasa nakabababang saray ng lipunan sapagkat tila naalis ang pananagutan at responsabilidad ng estado sa pagpapabuti sa kalakhang kalagayan ng taumbayan at naibabato ang sisi sa karaniwang mamamayan.

At panghuli, ang ikasiyam at ikasampung kanto ng tula ay tumutukoy naman sa pagpapahalaga sa wastong pagkakataon at panahon ng kung saan may naghihintay na malaking biyaya sa sinumang nagtitiis at mahaba ang pasensiya. Sa ganitong katangian inihambing ang mga Pilipino sa tulad ng mga ibon, pukyutan, at langgam sang-ayon sa tula. Pansinin ang ilan sa mga huling saknong ng panghuling kanto ng tula.

Sa bukid, lagi nang tiwasay ang lahat,
bawa't banga'y puno ng mabangong bigas;
lipus din ng sigla ang lahat sa ciudad,
ang mga makina ay nagtitimpalak;
ang ani at yari'y sagana't maunlad,
kabuhaya'y walang banta ng tagsalat!

Ang lahat ng dampa at puso'y masigla,
masaya ang tao't ang baya'y masaya;
ang dalawang sangla na dito'y dinala
ng amerikano't kastila'y buhay pa;
ang pagkakapantay ay pagkakaisa,
ang Kristianismo ay nasa kalulwa!

Silanga't Kanluran ay nag-isang-dibdib
sa aking lupaing pinakamarikit,
dito ang lahat na'y tila magkapatid,
ang kapayapaang naglaho nang tikis,
dito rin nakitang muli ng daigdig. [akin
ang diin] (271)

Bagaman isang magandang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan ang mga ipinapakita sa mga huling bahagi nitong tula, tila nananawagan ng rekonsilasyon o pakikipagkasundo si Hernandez sa madilim na nakaraan ng bayan at dapat nang tahakin ang landas ng pag-unlad. Ipinagbubunyi rin ng makata ang lahing Pilipino bilang lahing kayumanggi na nalalapit na ang araw ng kalayaan sa mga dayuhan. Gayunpaman, tila problematiko ang mga binanggit ni Hernandez sa mga saknong ng tulang nasa itaas. Tila natatabingan si Hernandez ng labis

na pagdakila sa kanyang lahi samantalang hindi nakalapat sa lupa ang kanyang mga paa sa tunay na nangyayari sa kanyang mga kababayan sa lungsod man o sa kanayunan (Agoncillo 1998, 119–20; Kerkvliet 1992, 71–91; Veneracion 1994, 60–70; Simbulan 2018, 48–54). Maihahalintulad ang mga siniping saknong ng tula sa itaas sa kontrobersiyal na alitan sa hanay ng mga manunulat ng panahong ding iyon na may pagbibigay-diin sa sining-para-lamang-sa-sining tulad ng kung paanong galak na galak na umaawit ang mga makata sa dapithapon sa Manila Bay habang pinag-uusapan ng lahat ang mga barong-barong sa Tondo (Arguilla 1940, 39–43).

Samakatwid, tungkol sa kasaysayan ng lahing Pilipino ang tulang 'Kayumanggi' at ang tindig at pagtingin ni Hernandez sa iba't ibang mahahalagang usapin ng kanyang panahon. Gayon nga lamang, isa sa suliraning kinaharap ng tula sa pagbubuo nito ng bayan gamit ang kanyang panulat ay ang pagiging hiwalay sa tunay na mga nagaganap sa paligid nito at ukol sa tunay na kalagayan ng kanyang mamamayan.

Sa pangkabuuan, sinikap ni Hernandez sa kanyang koleksiyon ng mga tula na isalarawan at ipakita ang bayan sa mga panahong humaharap sa isang malawakang transisyon ang lipunang kanyang kinabibilangan—ang pagtatatag ng Pamahalaang Komonwelt at ang mga pangako nito sa taumbayan, kabilang na ang pagkakaloob ng panlipunang kataranungan para sa lahat. Sa kabilang banda, makikita rin ang halagahan at paninindigan ni Hernandez, na produkto ng lipunan at panahong kanyang kinabibilangan, at tumatagos sa kanyang panulaan at kung paanong hinubog ang kanyang halagahan at kamalayan sa pagbubuo ng bayan gamit ang kanyang panulat.

SI SALVADOR P. LOPEZ AT ANG GAMPANIN NG PANITIKAN AT MANUNULAT SA PAGBABAGONG PANLIPUNAN

Ang paggamit ng wikang Ingles ay hindi lamang aksidente kundi malay na pamamaraan ng mga Amerikano upang ipakilala at malaon ay higit na ipayakap sa mga katutubong Pilipino bilang wika ng bagong kolonyal na kaayusan. Sa katunayan, hindi natatapos sa pagkuha ng pampublikong edukasyon ang pagsasabuhay ng wika ng mga kolonyalista. Gumawa ng iba't ibang

pamamaraan at mekanismo ang kolonyal na kaayusan upang lubusang yakapin ng taumbayan ang Ingles, tulad ng pagtatrabaho sa kolonyal na gobyerno, pagnenegosyo, at marami pang katulad (Constantino 1975, 116–7). Sa paglipas ng mga taon, kakikitaan ng labis na kahusayan sa paggamit ng Ingles ang ikatlong henerasyong nagsipagtapos sa pampublikong edukasyon sa ilalim ng mga Amerikano kabilang na ang henerasyon ng manunulat na si Salvador P. Lopez (Agoncillo 1980, 377–8). Hindi lamang nakilala sa kahusayan sa pagsusulat sa wikang Ingles si Lopez kundi pati na ang napili niyang paksang tatalakayin gamit ang panulat: ang pagsasanib ng usaping pampanitikan sa usaping panlipunan—paksang hindi masyadong binibigyang-pansin sa kawalan ng bilang ng mga mambabasa o sa takot na mabansagang kaaway ng namamayaning kaayusan.

Sa huling bahaging ito ng papel, susuriin ang dalawa sa popular at kinikilalang sanaysay ni Lopez na nasulat sa Panahon ng Komonwelt at nagwagi rin ng Unang Gantimpala sa dibisyon ng Ingles sa Commonwealth Literary Awards noong 1940. Magtutuon lamang sa nasabing dalawang artikulo: ang “Proletarian Literature: A Definition” at “Literature and Society”—ilan lamang sa mga akdang patuloy na bahagi ng talakayang pang-intelektuwal hanggang sa kasalukuyan.

Ang pangangailangan na kilalanin ang iba’t ibang salik na nakaaapekto sa panulat ng manunulat ang pambungad ni Lopez sa kanyang sanaysay na “Proletarian Literature: A Definition.” Hindi na lamang laging personal na sensibilidad, damdamin, at kaisipan ang dapat na tinutugunan upang ganap na makabuo ng isang mahusay na akdang pampanitikan, ani Lopez. Sa halip, mahalaga rin kung paano binibigyang-buhay ng manunulat ang kanyang akda batay sa kalidad ng haraya at kaisipan na mayroon ang may-akda (Ordoñez 1995, 174). Kaya ganoon na lamang ang pagbibigay-diin ni Lopez sa halaga ng panahong kinakabibilangan ng sinumang manunulat sa idinudulot nitong ‘epekt’ sa pagpapahusay ng akda. Sa puntong ito, dito pumapasok ang kahulugan ng proletaryadong panitikan na nais talakayin ni Lopez sa kanyang artikulo.

Plainly, then proletarian literature as a distinct category is valid only if we accept the theory of the social conditioning of literature. Since it

follows that his work must reflect with more or less accuracy the conditions of the society in which he lives. And since those conditions, as we have said, are largely the results of social and economic factors, the validity of the concept of proletarian literature is at least equal to that of the social classes. (175)

Kaya hindi rin mabilang ang mga kuwento, tula, nobela, at dula ang nalikha noong unang dalawang dekada ng ikadalawampung siglo na kalakhang nagsisiwalat ng tunggalian sa pagitan ng mga uri, halimbawa na lang sa pagitan ng magsasaka o kasama at panginoong maylupa, malaking negosyanteng komprador at mga manggagawa sa pabrika, at marami pang katulad. Sa kabilang banda, inililina ni Lopez na hindi dahil tungkol sa manggagawa ang isang kuwento o akda ay maituturing na agad na proletaryadong panitikan ang nasabing likhang sining o akda. Aniya’y kailangang nabibigyang-diin dito ang pagtunggali sa mga atrasado at piyudal na paniniwala at halagahang tumutukoy sa malinaw na politikal na oryentasyon ng may-akda, at higit sa lahat ang makauring kamalayan nito (176).

Upang lalong patingkarin ang usapin, nagbigay ng apat na katangian si Lopez ng ipinagpapalagay niyang proletaryadong panitikan: a) rebolusyonaryong optimismo, b) pagdulog na historikal materyalismo, c) pagsasanib ng anyo at nilalaman at umiwas na maging dogmatiko ang pagsasalarawan sa isang salaysay, at d) realista at hindi naturalistang lapit sa pagbubuo ng suliranin o kontradiksiyon (177–8). Tumutukoy ang una sa kung paano nakapagbibigay ang manunulat ng pag-asa sa mismong kondisyon at kalagayan ng mga tauhan sa kuwento o salaysay sa kabila ng labis-labis na pananamantala at pang-aabuso na kinakaharap mula sa naghaharing-uri. Sa ikalawang bahagi naman, hindi lang nito isinalarawan ang mga tagpo o pangyayari sa bawat akda at sa halip ay mahigpit na kinikilala ang saysay ng nakaraan at kasalukuyan upang makamit ang inaasam na aspirasyon sa hinaharap. Lalong hindi rin nakukulang ang mga proletaryadong panitikan sa iba’t ibang anyo ng propaganda o malalalim na termino na nagbihis lamang na isang akdang pampanitikan para lamang masabing itong malikhain at masining: sa halip na makapagmulat ay lalo lang ikalalayo ng loob ng mga inaasahang

mambabasa. Ito ang isinasaad ng ikatlong katangian. At ang panghuli at ikaapat, nakatuntong ang proletaryadong panitikan sa estilo at pamamaraan ng realismo ngunit higit itong may katangian ng rebolusyonaryo at sa kabilang banda'y may katangian pa rin ng romantismo sapagkat naniniwala pa rin ito sa esensya ng buhay na malinaw rin, ani Lopez, na tinutunggali nito ang mga akdang surrealismo, ekspresyonismo, at lalong higit sa naturalismo sapagkat inaalisan nito ng pananagutan ang isang akda ng malinaw na gampanin at tunguhin ng usaping tao laban sa tao na siyang tampok na pinakamahalaga sa lahat ng kontradiksiyon na ninanais iresolba sa bawat akda.

Batay sa mga katangiang inilahad ni Lopez, nagbubukas ito ng samot-saring mahahalagang usapin lalo na ang di matapos-tapos na talakayin hinggil sa ugnayan ng sining at politika. Di nakagtata kang sa huli'y nilalaman o politika ang higit na mapagpasya, sang-ayon kay Lopez, sapagkat aniya'y ito ang humuhubog sa istruktura ng alin mang akda (179). Sa madaling sabi, kabilang sa usaping ito ang kung paanong maaabot ng sinumang manunulat ang 'kawastuhan' ng tindig at nilalaman ng kanyang akda kung maayos nitong naipapaloob ang politika o mensahe sa bawat sulatin na kanyang iniaakda na tipong natural o malinis ang pagkakasulat (180).

Sapagwawakas ng artikulo, isa sa lumilitaw na tanong ang usapin naman ng kung sino ang mga maaaring lumikha ng proletaryadong panitikan kung marami sa nagsusulat o mambabasa ng panitikan ay nabibilang sa isang uri at ito ang burgesyia o gitnang uri? Para kay Lopez, ang mga burgis na manunulat na tumalikod sa kanilang kinabibilangang uri ang tunay na magsusulong ng proletaryadong panitikan. Narito ang pahamig na pahayag ng manunulat:

Bourgeois writers who have stood outside of their own class to examine it clinically, as it were, only to be filled with disgust and anger are the genuine forerunners of the proletarian writer. Through them the carry-over value of literature is secured and there is a natural transition, not a yawning gap, between the proletarian writer and the past...

From here, the path which the proletarian writer may tread stretches far and clear into the future. (181)

Para naman sa panghuling artikulo, masaklaw ang nais pag-usapan ng sanaysay ni Lopez sa "Literature and Society" na tumatagos mula sa gampanin ng manunulat sa kanyang panahong kinaiiralan hanggang sa mga estilo, pamamaraan ng pagsusulat at tungo sa usapin ng hinggil sa mga mahahalagang usapin sa panitikan tulad ng pagpapapalaganap nito at ang kaakibat na responsibilidad sa pagpapaunlad at pagpapayabong nito.

Sa pagsisimula ng sanaysay, inumpisahan ni Lopez sa higit na pinakapersonal at pinakamalapit sa kanya: ang mga usapin ng pagsibol ng mga salita, ang paghaharaya sa pagbubuo ng mga tagpuan at suliranin sa isip, ang pagpili ng mahuhusay at magaganda sa pandinig na mga salita. Ngunit agad niya rin tutunggaliin ang mga iniisip sapagkat inaamin niyang higit pa sa husay sa pandinig at kulay mayroon ang mga salita: higit sa lahat, ito'y daluyan ng tao para sa pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan.

Kaya ganoon na lang din ang pagdiskurso ni Lopez sa usapin ng 'pagbabago' ng panulat ng sinumang manunulat na pana-panahon ay 'binabago' o 'nababago' ang kani-kanilang mga panlasa sa iba't ibang usapin at paksa at naaangkop na tindig sang-ayon sa karunungan na bitbit ng pagbabago ng pananaw (Abad 1998, 373). Ngunit paglilinaw ni Lopez, hindi ibig sabihin nito na hindi na niya plano pang sulatin ang nakasanayan na, at sa halip, pagpapakita lamang ito na mas may mahahalagang pag-usapan sa lipunan lampas dito (374). Sa puntong ito, mahalagang bigyang-pansin ang pagbibigay-linaw ni Lopez sa isa sa namamayaning paninindigan sa panulat ng kanyang panahon: ang sining-para-lamang-sa-sining. Iginigiit niyang kaya marami ang naniniwala sa kaisipang ito, lalo sa mga manunulat, ay natatakot o malay silang hindi kilalanin na may maling nagaganap sa lipunan at sa halip na ipakita ang tunay na realidad ay nagkakasya na lamang sa husay ng pagpili ng mga salita at pagpapabatid ng partikular na damdamin na hiwalay sa nagaganap sa paligid (375-6). Kaya para kay Lopez, makagagawa lamang ang isang artista o manunulat ng isang mahusay na obra o akda kung malay na yayakapin ang tunay na ganda at salimuot na ibinibigay ng buhay, sa halip na muli't muling umiwas sa mga bagay na politikal o panlipunang paksa sa kani-kanilang mga akda.

The opinion is still widely held that the artist and the man of letters should leave social agitation alone and stick to art, that it is not their business to help advance social justice and defend democracy, but exclusively to paint a landscape, compose a song or write a sonnet. Despite the fact that events in the modern world have made it increasingly difficult for artists to do their work, there are still those who fondly cling to the delusion that there is an Ivory Tower to which the worshippers of Beauty can retire away from the madding crowd. Of course, there is no such tower; only people who imagine that they dwell in one. For deliberate isolation from the rest of the world and complete indifference to the fortunes of mankind on the part of the artist can only mean one thing: that he is incapable of profound thought and deep feeling and is therefore, to that extent, incapable also of great art. (376)

Ayon pa kay Lopez, kung paanong patuloy na nananatiling makabuluhan at napapanahon ang mga klasiko at matatanda nang panitikan sa daigdaig ay dahil sa pagiging lapat nito sa mga nagaganap sa kani-kanilang lipunan at tumutugon sa pangangailangan ng bawat tao: hindi dahil sa maganda lang itong pakinggan o dagdag sa kani-kanilang koleksiyon, sa halip ay upang tugunan ang panlipunang layunin pana-panahon (377-8).

Bilang pagwawakas, ipinapaalala ni Lopez kung ano nga ba ang tunay na panlipunang gampanin ng manunulat kung lahat naman sa hanay nito ay naniniwala na ang tanging tunguhin ng kani-kanilang panulat ay ang pag-unlad o progreso, hindi lamang ng sariling husay sa panulat, kundi pati na ng kondisyon at kalagayan ng bawat mamamayan ng kanyang iniiralan. At kung sa puntong ito ay higit na mamulat ang manunulat na higit pa siya sa tungkuling ito at ituring na isa na siyang ganap na panlipunang repormista dulot ng kanyang panulat, ani Lopez, hindi niya ito ikatatakot at sa halip ay buong pusong yayakapin (379).

Sa pangkabuuan, may malalim na pagkagagap ang matutunghayan kay Lopez at sa kanyang panulat sa panahon at lipunang kanyang kinaiiralan sa dalawang sanaysay na kanyang isinulat. Kalabisan man ngunit

masasabing tila malaki ang kanyang iniunlad sa kanyang mga kakontemporaneo sa usapin ng pagkakaunawa sa panlipunang gampanin ng panitikan at saysay ng pagiging manunulat sa panahon iyon. Malinaw ang tindig ni Lopez: kung manunulat ka at nais mong maabot ang higit na potensiyal ng iyong piniling larangan, kalakasan at wasto ang pagbabago ng kondisyon at kalagayan ng mamamayan sa lahat ng iyong makakaya gamit ang panulat.

KONGKLUSYON

Sa pamamagitan ng papel na ito, sinuri ang mga akda ng dalawa sa nangungunang makabayang intelektuwal-manunulat sa panahon ng Pamahalaang Komonwelt: Si Amado V. Hernandez na kilala sa wikang Tagalog at si Salvador P. Lopez naman sa wikang Ingles. Kapwa ipinakita ng dalawa ang kani-kanilang talino at determinasyon sa pamamagitan ng pagmamaksimisa sa gampanin ng kanilang panulat sa pagtataguyod at pagbubuo ng bayan. Bagaman may mga tampok na pagkakaiba-iba sa kani-kanilang tindig sa iba't ibang paksang kanilang isinulat na naging bahagi ng papel na ito, masasabi ang kani-kanilang kamalayan ay repleksiyon at bunga rin ng lipunang na kanilang kinabibilangan: lipunang kung saan patuloy ang paggigiit ng panlipunang katarungan, sa kabila ng nagpapatuloy na presensiya ng mga dayuhan sa loob ng bansa at ang mahigpit na tungkulin ng isang manunulat at mga angkop na gampanin nito sa pagbubuo ng bayan. Sa madaling sabi, sa ganito marapat na basahin at kilalanin ang dalawang makabayang manunulat: na ang kanilang buong buhay ay isa ring proseso ng paghuhubog sa kani-kanilang mga pinaniniwalaan at tinitindigan na lagi't laging ang ikabubuti ng bayan ang pinag-uugatan. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Abad, Gemino, ed. *The Likhaan Anthology of Philippine Literature in English from 1900 to the Present*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1998.
- Acuña, Rafael A. "The World, The Text, and S.P. Lopez." *Kritika Kultura* 13 (2009): 23–63.
- Agoncillo, Teodoro A. *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino: Noon at Ngayon*. Manila: R. P. Garcia Pub., 1981.
- . *Bahagharit Bulalakaw Katipunan ng mga Sanaysay at mga Pag-Aaral*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1998.
- . *The History of the Filipino People*. Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc.) 1990. Print. Arguilla, Manuel et. al. *Literature Under the Commonwealth*. Lungsod Maynila: Philippine Writers' League, 1940.
- Armingol, Kevin P. "Si Balagtas at ang Pagsasakatuparan ng 'Bayang Natimaua' ng Rebolusyong 1896." *DLSU Malay Journal* 31, no. 2 (2019): 60–70.
- Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisted*. Lungsod Maynila: Renato Constantino, 1975. Kerkvliet, Merlina Tria. *Manila Worker's Union, 1900–1950*. Lungsod Quezon: New Day Publishers, 1992.
- Ordoñez, Elmer, ed. *Nationalist Literature Centennial Forum*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1995.
- Reyes, Jun Cruz. *Ka Amado*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2012.
- Reyes, Soledad S. *Narratives of Notes Studies of Popular Forms in the 20th Century*. Lungsod Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 2012.
- San Juan, David Michael M. "Bigwas sa Neoliberalismo, Alternatibo sa Kapitalismo: Adbokasing Pangwika at Sosyalistang Programa sa Nobelang Mga Ibong Mandaragit ni Amado V. Hernandez." *Daluyan, Journal ng Wikang Filipino* 22, nos. 1–2 (2016): 67–102.
- Simbulan, Dante C. *When the Rains Come, Will Not the Grass Grown Again? The Socialist Movement in the Philippines: 1920–1960*. Lungsod Quezon: Pantas Publishing & Printing Inc., 2018.
- Tablan, Ferdinand. "Kaisipang Sosyalismo sa mga Akda ni Amado V. Hernandez." *Kritike An Online Journal of Philosophy* 1 (2011): 15–35.
- Tolentino, Rolando. *Sipat Kultura Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral at Pagtuturo ng Panitikan*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2007.
- Torres-Yu, Rosario, ed. *Amado V Hernandez: Tudla at Tudling Katipunan ng mga Nalathalang Tula, 1921–1970*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1986.
- Veneracion, Jaime B., ed. "Ang Kilusang Masa Sa Kasaysayang Pilipino (1900–1992)." *Philippine Social Sciences Review Special Issue* (1994): 244.



Nagtapos si KEVIN P. ARMINGOL ng BSE Filipino sa PNU Manila bilang Literary Editor ng The Torch Publications. Ilan sa kanyang mga gantimpalang nakamit ay CEGP Gawad Emmanuel Lacaba, UST Gawad Jose Villa Panganiban, at UNESCO Manila Dalitext. Una siyang naging national fellow sa UP Diliman ng Palihang Rogelio Sicat 6; at ikalawa, sa pangunguna ng DLSU Manila: ang TALABAN 2022: Palihang Bienvenido Lumbea sa Pananaliksik at Ika-11 Kritika La Salle National Workshop on Art and Cultural Criticism. Habang at matapos namang kunin ang kursong MA Araling Pilipino sa UP Diliman, nalathala ang kanyang mga akda, saliksik, at salin sa ilan sa nirerespetong peer-reviewed journal sa bansa kabilang na ang mga sumusunod: DLSU Malay, UP SWF Daluyan, PSLLF Kawing, UP OVCSA Dunong, at Social Science Diliman. Sa kasalukuyan, guro siya sa Filipino at Araling Pilipino sa FEU Manila.

Ang Metodikong Duda at ang Duwalismong Cartesiano: Salin sa Unang Dalawang Bahagi ng Meditations ni René Descartes

EMMANUEL C. DE LEON

ecdeleon@ust.edu.ph

Unibersidad ng Santo Tomas, Maynila

ABSTRAK

Walang duda na klasiko itong *Mga Meditasyon hinggil sa Unang Pilosopiya*, unang inilathala sa wikang Latin noong 1641. Isa ito sa mga pundamental na teksto sa pilosopiya at ikinokonsiderang nagpasinaya ng ilang mahahalagang tema sa kasaysayan ng pilosopiyang Kanluranin. Hinimok nitó ang mga seryosong palaisip na “magsimulang muli mula sa pinakapundasyon” gamit ang metodikong duda upang makarating sa isang tiyak na basehan ng anumang kaalaman o agham. Bagaman may anim na kabanata ang libro, ang unang dalawang kabanata [muna] ang ilalathala upang umakma sa karaniwang haba ng isang artikulong pang-dyornal. Ang nasabing unang dalawang kabanata ang malimit ginagamit na babasahín sa pagtuturo ng epistemolohiya at metapisikang Cartesiano. Mahalaga ang pagsasalin nitó sa wikang Filipino upang higit na madalíng mabása, maunawaan at magamit ito ng mga mag-aaral at mananaliksik na Filipino. Hangad ng proyektong ito na mailapít sa mambabasáng Filipino ang isa sa pinakamahalaga—kundi man pinakamalahaga—na akda ni René Descartes upang makapag-ambag din ito sa diwang Filipino.

Mga Susing Salitâ: Pagsasalin, René Descartes, Metodikong Duda, Duwalismong Cartesiano

ABSTRACT

Undoubtedly, *Meditations on First Philosophy* is a classic, originally published in Latin in 1641. It is one of the fundamental texts in philosophy and is considered the origin of some important themes in the history of Western philosophy. It convinced serious thinkers to start afresh from the very foundation using a methodic doubt to be able to find a solid foundation for sciences. Although he wrote six meditations, the first two chapters will be published to fit with the usual format of a journal article. These first two chapters are the usual reading materials for teaching Cartesian epistemology and metaphysics. Translating these into Filipino is significant so that it can be read, understood, and used by Filipino students and researchers. It is the hope of this project to present to Filipino readers one of the most important—if not the most important—works, by René Descartes so that it can also contribute to the Filipino mind.

Keywords: Translation, René Descartes, Methodic Doubt, Cartesian Dualism



INTRODUKSIYON

Isinilang ang Pranses na si René Descartes (Marso 31, 1596–Pebrero 11, 1650) sa La Haye, Touraine.¹ Nagsimulang hubugin ang kaniyang buhay intelektuwal noong nag-aral siya sa La Flèche, isang dormitoryo o kolehiyo na itinayo ng mga Heswita. Komprehensibo ang programa ng nasabing paaralan dahil hindi lámang isipan kundi maging ang iba pang aspekto ng pagkatao ng estudyante ang hinuhubog paaralang ito. At pagdating sa pilosopiya, dominante noon ang

diwa ng tradisyong eskolastiko, i.e., nakabase sa prinsipyong Aristoteliko na inilapat sa mga pangangailangan ng ortodoksiyang Kristiyano.² Ngunit, hindi kontento si Descartes sa pilosopiyang natutuhan niya sa paaralan sapagkat napansin niyang nakatayo ito sa isang marupok na tradisyon, kayâ anumang kaalaman na matututuhan mula rito ay kailangan diumanong ilagay sa suspetsa.³

Sa paghahanap ng isang puntong dimapagdududahan, naniniwala si Descartes na hindi makatutulong ang paggamit ng mga nakasanayang metodo at basehan. Sa halip, kailangang gamitin ng bawat indibidwal ang

¹ Noong 1801, tinawag na La Haye-Descartes itong bayan ng kaniyang kapanganakan, pero tinawag na lámang itong Descartes simula noong 1967.

² Sa kalagitnaan ng ikalabing-anim na siglo, nagkaroon ng renasimyento ang pilosopiyang Tomista. Sa katunayan, magkatabi ang Bibliya at ang *Summa Theologiae* habang isinasagawa ang Konsilyo sa Trent (1545–1563) upang magsilbing liwanag sa mga talakayan nila. Iprinoklama naman ni Papa Pio V si Santo Tomas de Aquino bilang Doktor ng Simbahan noong 1567.

³ Impluwensiyal dito ang mga natuklasan ni Galileo na mahahalagang suporta sa bagong usbong na kosmolohiyang Koperniko na taliwas naman sa paniniwala ng mga siyentipikong Katoliko noon na ang mundo ang sentro ng kalawakan. Kailangang pansinin na nakasalabid sa historiko at intelektuwal na damdamin noon ang mga layunin, metodo, at saliksik ni Rene Descartes. Kasama rin dito ang kaniyang pagiging dalubhasa sa matematika (aritmetika, algebra, at heometriya) na kilala sa repustasyon ng pagiging tiyak, isang bagay na kulang o hinahanap niya sa natutuhan niyang tradisyonal na pilosopiya sa paaralan. Kayâ, misyon niyang makatuklas ng isang bago at komprehensibong pundasyon para sa anumang sistemang pangkaalaman.

likás na baít (*ingenii, native intelligence*)⁴— i.e., ang simple at malinaw na pagkaunawa ng isip na malaya sa anumang pinagsasabi ng tradisyon. “Intuwisyon” ang tawag ni Descartes sa pamamaraang ito na nangangahulugang direktang pag-unawa sa isang bagay gamit ang isang purong isipan. Bílang isang rasyonalista, walang tiwala si Descartes sa pabago-bagong testimoniya ng mga pandama. Sa halip, purong isipan ang natatanging katiwa-tiwalang batis ng kaalaman. Naniniwala siya na may kakayahan ang purong isipan na makita ang talagang totoo dahil nagtataglay ito ng isang dalisay na panloob na liwanag (*lux rationis*). Samakatwid, tanging isipang malaya sa mga pandama ang batis ng anumang katiwa-tiwalang kaalamang pantao.

Dito sa kaniyang *Mga Meditasyon*, nagsimula siya sa pamamagitan ng paglalahad ng mga dahilan kung bakit kailangan ang isang malawakang duda. Metodiko niyang sinuri ang mga pundasyon ng kaalaman hanggang sa makarating siya sa isang katibayan na tiyak ang pag-iral ng kaniyang sarili bílang isang *res cogitans* o isang bagay na nag-iisip. Naging malinaw rin sa kaniya, dahil dito, na sadyang magkaiba ang kalikasáng intelektuwal at kalikasáng korporeal ng tao. Bukod dito, pinatunayan niya sa akdang ito ang pag-iral ng Diyos batay sa katunayan na mayroon siyang ideá nitó.

Tungkol naman sa pagsasalin, ginamit ko rito ang salin sa Ingles ni Elizabeth S. Haldane na matatagpuan sa *The Philosophical Works of Descartes* (Cambridge University Press, 1911) dahil isa ito sa mga salin na kalimitang sinisipi ng mga mananaliksik batay sa datos ng google scholar. Nagpapakita ang nasabing datos ng reputasyon nitó ng pagiging mapagkakatiwalaan. Bukod rito, hindi ko kinakailangang humingi ng pahintulot sa nasabing palimbagan dahil 1911 pa ito

inilimbag. Sa mga pagkakataong mahirap maunawaan ang bersiyon ni Haldane, sinisipat ko at sinasangguni ang orihinal na bersiyong latin na madaling maakses sa <http://www.thelatinlibrary.com/des.html>. Bukod rito, kinailangan ko ring sumangguni sa *Cambridge Companion to Descartes* (1992) na inedit ni John Cottingham upang higit na maunawaan ang konteksto ng ilang mahihirap na konsepto ni Descartes. Gayundin, malaking tulong ang *Ensayklopidiya ng Pilosopiya* (DLSU Press, 1993) na proyekto nina Emerita Quito, Romualdo Abulad, Florentino Timbreza, at Hermenia Reyes para mabigyan ako ng basehan kung paano ihulog sa wikang Filipino ang ilang terminong pilosopiko.

Hindi biro ang pagsasalin, at lalong hindi madalî ang magsalin ng akdang pilosopiko. May mga pagkakataon na sadyang mahirap humanap ng pantumbas na salitang Filipino kayâ kinailangang kong hiramín ang orihinal para higit na mapanatili ang diwa ng teksto. Halimbawa, ginamit ni Descartes ang terminong *accidens* na tumutukoy sa mga katangian ng isang bagay na maaaring magbago katulad ng mga partikular na hugis at sukat ng isang katawan, o iyong mga partikular na iniisip o hinahangad ng isipan. Isinalin ito sa wikang Ingles bílang *accident*, kayâ tukso ring ihulog ito sa Filipino bílang *aksidente*. Ngunit, maaari itong mangahulugang “disgrasya” o anumang hindi sinasadyang pangyayari na nagdudulot kung minsan ng kamatayan. Malayo ito sa kahulugan ng *accidens* sa metapisikang Cartesiano, kayâ hiniram ko ang dayuhang kataga at pinaraan sa proseso ng reispeling (“substansiya” at “aksidens”) upang mapanatili ang teknikal na kahulugan nitó at upang makadagdag din sa bokabularyong Filipino.

May kahirapan ding isalin sa Filipino ang salitang *being* dahil maaari itong mangahulugang “pag-iral” (being as existence),

⁴ Ang “baít” ay isang katutubong kakayahan ng tao na umunawa ng bagay-bagay at sumuri o humatol nang maayos (“may baít”, “nawalan ng baít”, “mabaít”). Sa nasabing kahulugan, maipantatapat ito sa terminong “natural reason” nina Plato, San Agustin, Descartes, at ng iba pang mga rasyonalista. Ayon kay Virgilio Almario, nag-iba ang konotasyon ng salitang “mabaít” sapagkat sinakop ito sa pamamagitan ng paglilihis ditto tungo sa pagpapakahulugan ng Kristiyanismo [Tingnan ang Virgilio Almario, “Pagsasalin Bilang Pananakop,” sa *Introduksiyon sa Pagsasalin* (Manila: Aklat ng Bayan, 2015), 97–100]. Binihag ang katutubong konsepto upang magamit sa layuning panrelihiyon—“may baít” ang táong kumikilala sa Diyos; samantalang “kulang sa baít” ang mga dikumikilala” o “bulag” sa pag-akit ng grasya ng Simbahan. Nasusukat ang “baít” hindi lámang sa karunungan at katwiran, kundi, higit sa lahat, sa walang pasubaling pagsunod sa Diyos. Pinangimbabawan ng ginawang pagsakop sa katutubong konsepto ng “baít” sa pamamagitan ng pagtuturo ng pag-amin na ang tao ay sadya kulang ang baít, at dahil dito ay palaging kailangan ang Diyos na Bukal ng Kabaitan at Ubod ng Baít. Kayâ, isiniksik sa isip ng mga sinakop na kailangan nila ang relihiyon upang magtagumpay sapagkat sino ba nga ba ang káyang tumapat sa kapangyarihan ng Ubod ng Baít. Sa kasalukuyang salin, ginamit ang salitang “baít” at “likás na baít” sa orihinal o katutubong kahulugan, at hindi sa kolonyal na kahulugan nitó.

“bagay” (being as thing), “meron” (being as locative), at “pagka-” o “pagiging” (being as essence).⁵ Kayâ, sa pagkakataong kailangang isalin ang salitang “being,” tinitingnan ko sa orihinal na tekstong Latin kung ano ang sadyang ginamit ni Descartes. Sa orihinal na akdang Latin, ginamit ni Descartes ang salitang *esse* na tinumbasan ko naman ng katagang “pag-iral”, at ang salitang *ens* na direkta kong hiniram dahil wala pa akong naiisip sa ngayon na mabisang katumbas nitô sa wikang Filipino. Lubhang mayaman ang kahulugan at gamit nitô sa metapisika na maaaring lumabnav kung tatapatan ng katagang Filipino na hindi angkop na angkop. Naglagay din ako rito ng ilang talababa upang ipaliwanag ang ginawa kong pagtutumbas o panghihiram sa ilang terminong teknikal.

Hindi na kailangang ipaliwanag na isa itong pagsasaling teknikal. Dahil dito, higit kong pinahalagahan kung paano lalong magiging mabisâ sa pang-unawa ng mambabasâ ang mga salitang gagamitin batay sa mensahe ng teksto at sa teknikal na lengguwahe nitô. Halimbawa, maaaring isalin ang salitang “meditation” bilang “pagninilay”. Kayâ, maaaring ihulog ang pamagat na *Meditations on First Philosophy* bilang *Pagninilay-nilay hinggil sa Unang Pilosopiya*. Subalit, hindi ito mabisang salin dahil lalayo ito sa teknikal na lengguwahe ng pilosopiya ni Descartes. Higit na mabisâ ang salitang “Meditasyon” dahil madali itong maikonekta ng mambabasâ sa salitang “Meditationes” (Latin) at “Meditations” (Ingles). Bukod rito, kailangan ding isaalang-alang na sadyang meditasyon ang tinutukoy dito batay sa retorika ni Descartes na may malaking kaugnayan sa natutuhan niyang edukasyon at espiritalidad ng mga Heswita sa La Flèche. Ganito rin ang lohika sa pagpili ng salitang “metodiko” sa halip na “mapamaraan”. Salitang teknikal sa pilosopiyang Cartesiano ang salitang “methodic doubt.” Kayâ, ginamit sa kasalukuyang salin ang pariralang “metodikong duda” sa halip na “mapamaraang duda.” Ang pangkalahatang estratehiyang ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang tuntunin ng Komisyon sa Wikang Filipino na nagsasabing “panatilihin ang orihinal na salitang siyentipiko at teknikal.”⁶

Hangad ng proyektong ito na mailapít sa mga mag-aaral at mananaliksik na Filipino ang isa sa pinakamahalaga—na akda ni René Descartes upang makapag-ambag din ito sa diwang Filipino. Batay sa sarili kong pagkaunawa sa akda ni Descartes ang salin na ito, kayâ pananagutan ko anumang kakulangan o pagkakamali sa bersiyong ito. Gayundin, bukás ito sa mga puna at rebisyon sa hinaharap.

MEDITASYON I HINGGIL SA MGA BAGAY NA MAISASAMA SA SAKLAW NG KADUDA-DUDA

May ilang taon na mula nang napag-alaman kong maraming huwad na paniniwala ang tinanggap kong totoo mula noong batang-bata pa ako, at kung paanong nakapag-aalinlangan ang anumang itinayo ko batay sa mga ito; at kumbinsido na ako mula noon na kailangan kong minsanan nang seryosong iwaksi sa sarili ko anumang opinyon na dati kong tinanggap, at magsimulang magtayô muli mula sa pundasyon, kung nais kong gumawa ng anumang matatag at permanenteng estruktura sa mga agham. Ngunit dahil mukhang isa itong napakadakilang gawain, naghintay akong magkaroon ng sapat na gulang para makasigurong wala nang higit na tama pang panahon para maisagawa ang nilalayo ko. Ito ang dahilan kung bakit matagal kong ipinagpaliban ang proyekto at kailangan ko pang maramdaman na mayroong mali sa patuloy kong pag-aatubiling gumawa ng aksiyon. Napakagandang pagkakataon ngayon para sa pinaplano ko, kayâ hinango ko ang isipan ko mula sa anumang alalahanin [at masaya akong hindi nabubuyo ng mga damdamin] at dahil naglaan ako ng mahabang panahon ng libreng oras para sa sarili ko, mapag-uukulan ko na ng panahon sa wakas ang isang seryoso at walang patawad na pangkalahatang demolisyon ng mga dati kong opinyon.

Ngayon, kaugnay ng layuning ito, hindi kinakailangan na maipakita kong huwad ang lahat ng opinyon ko—hindi pa ako marahil nakararating sa ganitong kongklusyon. Ngunit nahimok na ako palibhasa ng katwiran na

⁵ Tingnan ang Leonardo N. Mercado, “The Translation of Being,” *Filipino Thought* (Manila: Logos Publications, Inc., 2000), 39-50. Tingnan din ang Roque J. Ferriols, “Fr. W. Norris Clarke, S.J., Heswitant Metapisiko,” *Pagdiriwang sa Meron*, eds. Nemesio Que, S.J., at Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, 1997), 265-283.

⁶ Virgilio S. Almario, “Iyang Pagsasaling Teknikal,” sa *Batayang Pagsasalin* (Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2016), 83.

nararapat kong ipagpaliban ang pagsang-ayon ko sa mga bagay na hindi lubusang tiyak at dimapapasubalian gaya ng maingat kong ginawa sa mga bagay na sa palagay ko ay maliwanag na huwad, kapag nakakita ako sa bawat isa ng ilang dahilan para pagdudahan, sapat na itong dahilan para tanggihan ang kabuoan. At sa gawaing iyan, hindi kinakailangang siyasatin ko silá isa-isa, walang katapusang gawain iyan; sa sandaling mawasak ang mga pundasyon, kusang babagsak ang anumang itinayo sa ibabaw nitó; kayâ, aatakinin ko lámang ang mga prinsipyong sinasandigan ng mga dati kong opinyon.

Ang lahat ng tinatanggap kong pinakatotoo at pinakatiyak hanggang sa kasalukuyan ay alinman sa natutuhan ko mula sa mga pandama o sa pamamagitan ng mga pandama; subalit napatutunayan sa akin kung minsan na mapanlinlang ang mga pandamang ito, at lalong magaling na huwag nang magtiwala nang lubusan sa anumang bagay na minsan nang nanlinlang sa atin.

Ngunit kahit na nililinlang táyo kung minsan ng mga pandama hinggil sa mga bagay na halos hindi makita, o napakalayo, marami pa táyong matatagpuang bagay na talagang imposibleng mapagdudahan, kahit na tinanggap natin ang mga ito mula sa pandama. Halimbawa, mayroong katunayan na narito ako, nakaupo sa tabi ng dupungan⁷, nakasuot ng isang panlamig na dressing gown, hawak ang papel na ito, at marami pang iba. At paano ko itatanggi na sa akin ang mga kamay at katawang ito? Maliban na lámang kung itutulad ko ang sarili ko sa mga baliw, na lubusang nasiraan ng baít dahil sa walang puknat na kapanglawan, na malakas ang paninindigan na mga hari silá kahit na silá ay mga pulubi, o na kulay lila ang suot nilang damit subalit wala talaga siláng saplot, o gawa sa palayok ang kaniláng mga ulo, o mga kalabasa silá, o gawa sa salamin. Ngunit buwang silá, at mapagkakamalan din akong baliw kung gagayahin ko silá.

At sakâ kailangan kong alalahánin na isang tao ako, at ibig sabihin ay nakakatulog ako, at nagpapakita sa mga panaginip ko ang mga kaparehong bagay na nakikita ng mga baliw hábang gising silá; o kung minsan pa nga ay mga bagay na lalong di kapanipaniwala. Napakadalas mangyari sa akin na may mga gabíng napanaginipan kong nása isang partikular na lugar ako, bihís at nakaupo malapit sa dupungan, ngunit sa realidad ay

hubad akong nakahiga sa kama ko! Sa mga sandaling ito, talagang sa palagay ko ay gising na gising ang mga mata ko hábang nakatingin sa papel na ito, hindi tulóg ang ulong ito na iginagalaw ko, sinasadya kong iunat ang mga kamay ko at pakiramdaman ito; hindi kagaya ng lahat ng ito ang nangyayaring kalinawan o kaliwanagan sa táong tulóg. Ngunit kung iisipin itong mabuti, dapat kong alalahánin ang maraming okasyon na nalinlang ako ng mga kaparehong ilusyon hábang tulog ako; at kung iisipin itong mabuti, malinaw sa akin na walang tiyak na indikasyon para maláman ang kaibahan ng pagiging gising sa pagiging tulóg na labis kong ikinalilito. At halos káya nitóng himukin ako na nananaginip ako ngayon dahil sa pagkalito kong ito.

Ipagpalagay natin ngayon na tulóg táyo at ang lahat ng partikular na ito—ibinubukas natin ang ating mga mata, iniiling ang ating ulo, inuunat ang ating mga kamay, at iba pa—ay mga huwad na delusyon lámang; at pagmuni-munihan natin na posibleng ang ating mga kamay at maging ang ating buong katawan ay hindi talagang ganito sa kung paano natin silá nakikita. Gayundin, kailangan nating aminin na ang mga pangitain natin hábang tulóg táyo ay gaya ng mga ipinintang representasyon na naisaporma lámang bílang mga katapat ng isang bagay na tunay at totoo, at samakatwid nakasisiguro táyo na ito man lámang mga bagay na ito—mga mata, isang ulo, mga kamay, at isang buong katawan—ay hindi likhang-isip, kundi mga bagay na talagang umiiral. Dahil, sa katunayan, hindi káya ng pintor na bigyan ng talagang bagong kalikasan ang mga sirena at mga satiro kahit pa gamítin nilá ang kaniláng lubos na kasanayán para bigyan ang mga ito ng pinakakakaibá at di-pangkaraniwang representasyon, pinaglalahok-lahok lámang nilá ang mga bahagi ng ibá’t ibáng mga hayop; o kung napakataba ng kaniyang imahinasyon para makaimbento ng isang bagay na napakabago na hindi pa kailanman nakikita, at samakatwid inirerepresenta ng kaniláng kathâ ang isang bagay na talagang di-totoo at siguradong huwad, tiyak gayunman na totoo ang mga pangkulang na bumubuo rito. At sa kaparehong pangangatwiran, bagaman maaaring kathang-isip lámang ang mga bagay na ito—mga mata, isang ulo, mga kamay, at iba pa—kailangan nating aminin na kahit paano ay mayroong mga bagay na talagang tunay at totoo gaano man kasimple o kaunibersal ang

⁷ Fireplace (*pasungrudan* sa Ilokano)

mga ito; at sa ganitong bagay, tulad ng mga pangkulay na siguradong totoo, nabubuo ang mga imahen ng mga bagay na nananahan sa ating isipan, totoo man at tunay o huwad at pantastiko.

Sa ganitong klase ng mga bagay nauukol ang kalikasáng korporeal sa pangkalahatan, at ang mga abot-sakop nitó, ang pigura ng mga ekstendidong bagay,⁸ ang kaniláng kantidad o sukat at bílang, gayundin ang lugar na kinaiiralan nilá, ang oras na sumusukat sa kaniláng durasyon, at ibá pa.

Ito marahil ang dahilan kung bakit hindi baluktot ang ating pangangatwiran nang pagtibayin natin mula rito na lubhang kadudaduda at di-tiyak ang Pisika, Astronomiya, Medisina, at lahat ng ibá pang agham na nagsasaalang-alang sa mga kompositong bagay; samantalang nagtataglay ng katiyakan at elementong di-mapagdududahan ang Aritmetika, Heometriya, at ibá pang mga agham na katulad ng mga ito na tumatalakay lámang sa mga bagay na napakapayak at napakakaraniwan, may pag-iral mang aktuwal ang mga ito o wala. Sapagkat gising man ako o tulóg, ang magkasamang dalawa at tatlo ay palaging lima, at hindi maaaring sumobra sa apat na gilid ang parisukat, at parang hindi puwedeng paghinalaan ng pagiging huwad [o kawalang katiyakan] ang mga katotohanang napakalinaw at maliwanag.

Gayunman, matagal ko nang itinanim sa isipan ko ang paniniwalang umiiral ang Diyos na makapangyarihan-sa-lahat na Siyáng lumikha sa isang tulad ko. Ngunit paano ko malaláman na hindi Niya ginawang walang lupa, walang himpapawid, walang katawang ekstendido, walang hugis at súkat, walang lugar, at magkagayunman [namamalas ko ang lahat ng bagay na ito at] inaakala kong umiiral ang mga ito eksakto sa kung paano ko silá nakikíta ngayon? At saká, gaya ng iniimahen ko kung minsan na nililintang ng iba ang kanilang sarili hinggil sa mga bagay na sa tingin nilá ay alam na alam nilá, paano ko malaláman na hindi ako nalilintang sa tuwing pinagsasáma ko ang dalawa at tatlo, o nagbibiláng ng mga gilid ng isang parisukat, o sa pagturing sa ibá pang mas simpleng mga bagay, kung mayroon pa mang higit na simpleng bagay na maiimahen? Ngunit posibleng hindi ninais ng Diyos na malintang ako, sapagkat sinasabing lubos Siyang mabuti. Kung labag man ito

sa Kaniyang kabutihan na lalangin ako na palaging nililintang ang sarili ko, parang labag din sa Kaniyang kabutihan na pahintulatang malintang ako paminsan-minsan, ngunit wala akong duda na pinahihintulutan Niya ito.

Maaaring mayroon talagang mga táong higit na mamarapating tanggihan ang pag-iral ng isang Diyos na lubos na makapangyarihan, sa halip na maniwala na di-tiyak ang lahat ng ibá pang bagay. Ngunit huwag natin siláng salungatin sa ngayon, at ipagpalagay na isang gawa-gawa lámang ang anumang nasabi rito hinggil sa Diyos; gayunman, ipagpalagay man niláng narating ko ang kasalukuyan kong estado dahil sa kapalaran ko o nagkataon lámang, o dahil sa isang sala-salabid na mga pangyayari, o dahil sa ibá pang kaparaanan, dahil isang depekto ang maliin at linlangin ang sarili, malinaw na lalong malakas ang probabilidad ng pagiging napakaimperpekto ko at palagiang panlilintang ko sa sarili ko, at siyá ring paghina ng kapangyarihan ng Awtor na sinasabi niláng pinanggalingan ko. Wala akong itutugon sa ganitong mga pangangatwiran, subalit napipilitan akong aminin sa huli na walang katiyakan sa mga dati kong pinaniniwalaang totoo, at hindi dahil nagustuhan ko lámang ang kongklusyong ito o dahil sa kawalang delikadesa, kundi dulot ng matitibay na dahilan at matalinong pagsasaalang-alang; kayâ ipagpapaliban ko muna simula ngayon ang pagsang-ayon sa mga ganitong opinyon lalo na sa mga bagay na hayagang huwad, kung nais kong makarating sa anumang katiyakan [sa mga agham].

Ngunit hindi sapat na pansinin lámang ang mga ito, dapat din nating alalahánin ito palagi. Sapagkat madalas pa ring nanunumbalik sa isipan ko itong mga sinauna at nakasanayang opinyon; ang matagal at nakasanayang kaugalian ang nagbigay sa kanilá ng karapatang sakupin ang isipan ko labag sa kagustuhan ko at ginawa siláng halos mga amo ng paniniwala ko; hindi ako makakawala kailanman sa nakaugaliang pagsang-ayon o pagiging kumpiyansado sa kanilá hangga't hindi ko silá isinasaalang-alang bílang kung ano talaga silá, i.e., mga kaduda-dudang opinyon, gaya ng kapapakíta ko pa lámang, at magkagayunman ay malakas din ang probabilidad, kayâ higit na makatwiran pa ring maniwala kaysa tanggihan silá. Ito ang dahilan kung bakit iniisip kong umakto sa malíng direksiyon at

⁸ extended things (*res extensa* Lt.)

linlangin ang sarili ko sa pamamagitan ng minsang pagkukunwari na talagang huwad at gawa-gawa lámang ang mga dati kong opinyon, hanggang sa mabalanse ang bigat ng mga dati kong paunang-husga at ng kasalukuyan [upang hindi nilá mailihis ang mga opinyon ko malimit sa isang panig lámang], at nang hindi na mapangibabawan ng maling kaugalian ang sarili kong baft. Sapagkat nasisiguro kong walang kapahamakan o kamalian sa planong ito, at hindi makatutulong sa ngayon na palawigin ko pa ang pagdududa ko, sapagkat hindi tungkol sa aksiyon ang gawain na nása harapán ko, kundi sa pagtatamo lámang ng kaalaman.

Ipagpapalagay ko, kung gayon, na hindi ang Diyos na lubhang mabuti at pinagbubukalan ng katotohanan, kundi isang diyablong henyó na hindi salat sa kapangyarihan at pagiging tuso, ang siyáng nag-aabala sa panlilinlang sa akin; ipagpapalagay ko na ang kalangitan, lupa, mga kulay, mga hugis, tunog, at lahat ng ibá pang mga panlabas na bagay ay walang ibá kundi mga ilusyon at mga panaginip na kinasangkapan ng henyong ito upang siluin ako sa pagiging mapagtiwala ko; ipagpapalagay ko na wala akong mga kamay, mga mata, kalamnan, dugo, o anumang pandama, subalit mayroon akong huwad na paniniwala na angkin ko ang lahat ng bagay na ito; kailangan kong panghawakan nang matatag ang ideáng ito, at kung maláman ko dahil dito na wala akong kakayahang makaalam ng anumang katotohanan, gagawin ko ang abot ng kakayahan ko [i.e., ipagpaliban ang husga ko], at sadyang umiwas magtiwala sa anumang huwad na bagay, o umiwas sa pagdidikta ng mandarayang ito, gaano man ang kaniyang pagiging makapangyarihan at pagiging tuso. Ngunit matrabaho ang gawaing ito, at isang uri ng katamaman ang nagdadala sa akin pabalik sa karaniwang búhay. At katulad ng isang bilanggo na nagtatamasa ng isang gawa-gawang kalayaan hábang tulóg, ngunit nang magsimulang maghinala siyá na isang panaginip lámang ang kaniyang kalayaan, natakot siyáng magising at sumang-ayon na lámang hangga't maaari sa mga kalugod-lugod na ilusyon, gayundin ay walang pakundangan kong binalikan muli ang mga dati kong opinyon, at nangangamba akong magising sa pagkakaidlip na ito sapagkat maaaring magdulot ito ng kahirapang matulog, na kailangan kong magpagal hindi sa liwanag ng araw kundi sa labis-labis na kadiliman ng mga suliraning katatalakay pa lámang.

MEDITASYON II.

HINGGIL SA KALIKASÁN NG ISIPAN NG TAO; AT HIGIT NA MADALÍ ITONG MALÁMAN KAYSA SA KATAWAN

Napunô ang isipan ko ng napakaraming duda na hindi ko na makayanang kalimutan silá dahil sa Meditasyon kahapon. At hindi ko rin makita kung paano ko sila reresolbahin; at, gaya ng isang di-inaasahang pagkahulog sa napakalalim na tubig, litong-lito ako na alinman sa ituntong ang mga paa ko sa ilalim o lumangoy upang masuportahan sa ibabaw ang sarili ko ay hindi ko na makayanan. Gayunman, kailangang pagsumikapan ko at sundang muli ang kaparehong landas na tinahak ko kahapon, i.e., ipagpapatuloy kong isantabi anumang bagay na may bahid ng duda na para bang natuklasan ko nang talagang huwad ito; at palagi kong tatahakin ang landas na ito hanggang sa matagpuan ko ang isang bagay na tiyak, o kung talagang sukdulan na at talagang mabatid ko na walang bagay na tiyak sa mundong ito. Kinailangan lámang ni Archimedes ng isang matatag at di-matinag na punto para mabunot niya ang terestriyong daigdig mula sa kinaiiralan nitó at mailipat ito kung saan man; tulad nitó ay maaari din akong tumanaw ng matatayog na pag-asa kung magagawa kung makatuklas kahit isa man lámang bagay na tiyak at di-mapagdududahan.

Ipagpapalagay ko, kung gayon, na huwad ang lahat ng bagay na nakikita ko; paniniwalain ko ang sarili ko na hindi umiiral ang anumang sinasabi sa akin ng mapanlilang kong gunita. Ipagpapalagay kong wala akong mga pandama; iisipin kong likhang-isip lámang itong katawan, pigura, ekstensiyon, paggalaw, at lugar. Ano, kung gayon, ang maituturing na totoo? Marahil ay wala talaga, maliban sa katotohanang walang tiyak sa mundong ito.

Ngunit maliban doon sa mga bagay na kakokonsidera ko pa lámang, paano ko malaláman na wala ni isang bagay na di-mapagdududahan kahit katiting? Wala bang Diyos, o anumang itinatawag nating ngalan sa kaniya, na naglalagay ng mga kaisipang ito sa isip ko? Hindi kinakailangang ganiyan, sapagkat hindi ba posible na ako mismo ang may kakayahang magpairal sa mga ito? Ako mismo, hindi ba ako isang bagay man lámang? Ngunit itinanggi ko na na mayroon akong mga pandama at katawan. Ngunit nag-aatubili ako, sapagkat anong ibig sabihin nitó? Lubha

ba akong nakadepende sa katawan at mga pandama na hindi ako iiral kung wala ang mga ito? Ngunit nahimok ako na walang anuman sa sanlibutan, walang kalingitan, walang kalupaan, walang mga isipan, ni anumang katawan: ibig sabihin ba ay nahimok na rin ako na hindi ako umiiral? Hinding-hindi; ang sigurado ay umiral ang mismong ako sapagkat nahimok ko ang sarili ko hinggil sa isang bagay [o dahil lámang sa nag-isip ako hinggil sa isang bagay]. Ngunit mayroong isang uri ng manlilinlang na napakamakapangyarihan at napakatuso na gumugulog ng kaniyang kahusayan sa panlilinlang sa akin. Samakatwid, walang duda na umiiral din ako kung nililinlang niya ako, at hinahayaang linlangin niya ako hangga't gusto niya, hindi niya maaaring gawin akong wala hangga't iniisip ko na ako ay isang bagay. Kayâ matapos mapagnilayang mabuti at masusing nasuri ang lahat ng bagay, kailangan nating humantong sa tiyak na kongklusyon na ang proposisyong ito, “narito ako, umiiral ako,”⁹ ay kinakailangang totoo sa tuwing bibigkasin ko ito, o naisasakonsepto ko ito sa isipan.

Ngunit hindi ko pa nalaláman nang talagang malinaw kung ano ako, *ako*¹⁰ na tiyak kong umiiral; at kung gayon, kailangan kong maging maingat na hindi basta-bastang akalain ang ibáng bagay bílang ako, at upang hindi ako maligaw ng landas kaugnay ng kaalamang ito na pinanghahawakan ko bílang pinakatiyak at pinakamaliwanag sa lahat ng mga dati kong natutuhan. Ito ang dahilan kung bakit kailangan kong isaalang-alang muli ang dati kong paniniwala hinggil sa sarili ko bago ko pasukin ang mga kababanggit ko pa lámang na kaisipan; at ititiwalag ko anuman sa mga dati kong opinyon na mapasusubalian, kahit sa kaunting antas lámang, ng mga pangangatwirang kababanggit ko pa lámang, upang walang matirá kundi mga bagay na talagang tiyak at di-mapagdududahan.

Ano, kung gayon, ang dati kong paniniwala hinggil sa sarili ko? Walang dudang naniniwala ako na isa akong tao. Ngunit ano ang isang tao? Maaari ko bang sabihing “isang hayop na rasyonal”? Tiyak na hindi [maaari]; sapagkat kasunod nitó ay kakailanganin kong usisain kung ano ang isang hayop, at kung ano ang rasyonalidad; at samakatwid dahil sa isang katanungan ay mahuhulog ako nang di sinasadya sa isang walang katapusang mas

mahihipap na katanungan bukod sa mga ito; at ayaw kong sayangin ang kaunting panahon at libreng oras na natitirá sa akin para sikaping ipaliwanag ang mga problematikong tulad ng mga ito. Sa halip ay tatapusin ko rito upang isaalang-alang ang mga kaisipang kusang nagmula sa isip ko, at hindi inspirado ng anumang bagay lampas sa sarili ko lámang kalikasan sa tuwing isasaalang-alang ko ang pag-iral ko. Unang-una, kung gayon, ay ikokonsidera ko ang sarili ko na mayroong mukha, mga kamay, mga bisig, at lahat ng sistema ng mga bahagi na nabuo sa mga butó at lámán gaya ng nakikíta sa isang bangkay na tinatawag ko sa ngalang katawan. Dagdag pa rito, ipagpapalagay kong lumusog,¹¹ naglakad, nakadama, at nag-isip ako, at itinukoy ko lahat ng aksiyong ito sa kaluluwa: pero hindi ako huminto para isaalang-alang kung ano ang kaluluwa, o kung huminto ako, inimahen ko na isang bagay ito na sadyang di-karaniwan at pino gaya ng hangin, apoy, o eter, na tumagos sa higit na masinsing mga bahagi ko. Tungkol sa katawan, wala akong duda hinggil sa kalikasan nitó, ngunit inakala kong mayroon akong napakalinaw na kaalaman hinggil dito; at kung ninais kong ipaliwanag ito batay sa mga kaisipang nabuo ko hinggil dito, ganito ko ito ilalarawan kung gayon: Nauunawaan ko ang katawan bílang anumang bagay na natutukoy sa isang tiyak na pigura: isang bagay na naitatalaga sa isang tiyak na lunan, at makapupunó ng isang tiyak na espasyo sa isang paraan na maisasantabi nitó ang anumang ibá pang katawan; namamalas alinman sa pamamagitan ng pandama, o ng paningin, o ng pandinig, o ng panlasa, o ng pang-amoy: magagalaw sa samot-saring paraan, hindi sa pamamagitan ng sarili nitó kundi ng anumang ibáng bagay na sasagí rito: sapagkat ipinapalagay ko na ang kakayahan ng sariling-paggalaw, at maging ng pandama o ng pag-iisip, ay hindi kabilang sa kalikasan ng katawan: subalit ang maláman na mayroong ilang katawan na nagtataglay ng mga kakayahang tulad ng nabanggit ang talagang nakapagpapalito sa akin.

Ngunit ano ako, ngayong ipinapalagay ko na may isang uri ng henyo na lubos na makapangyarihan at, kung mamarapating sabihin kong malisyoso, na ginagawa ang lahat ng makakaya niya para linlangin

⁹ I am, I exist (*ego sum, ego existo* Lt.)

¹⁰ akin ang mga italics.

¹¹ *nutriri* (nourished, preserved)

ako? Mapagtitibay ko ba na angkin ko ang pinakahamak sa lahat na mga kababanggit ko pa lámang na katangian ukol sa kalikasan ng katawan? Huminto ako sandali upang isaalang-alang, siniyasat ko sa isipan ko ang lahat ng bagay na ito, at wala akong natagpuan na masasabi kong tumutukoy sa akin. Nakakapagod huminto para iisa-isahin ang mga ito. Lumipat tayo sa mga katangian ng kaluluwa at tingnan kung mayroong anuman na nasa akin? Ano sa nutrisyon o sa paglalakad? Pero kung totoong wala akong katawan, totoo rin na hindi ako makapaglalakad o makatatanggap ng nutrisyon. Ang pandama ang isa pang katangian. Ngunit, hindi makadarama kung walang katawan, at sakâ inakala kong naranasan ko ang maraming bagay hábang tulóg at namalayan kong hindi ko talaga naranasan nang magising ako. Ano sa pag-iisip? Natuklasan ko rito na ang pag-iisip ay isang katangian na taglay ko; ito lámang ang di-maihihiwalay sa akin. Narito ako, umiiral ako, tiyak iyan. Pero, gaano kadalas? Hábang nag-iisip lámang ako; sapagkat maaaring kapag lubusang tumigil akong mag-isip, maaaring tumigil na rin nang lubusan ang pag-iral ko. Wala akong anumang bagay na tinatanggap sa ngayon na hindi tiyak na totoo: para sabihin nang tumpak, ako ay walang ibá kundi isang bagay na nag-iisip, i.e., isang isipan o isang diwa,¹² o isang pang-unawa, o isang katwiran, mga terminong hindi ko alam dati ang kahulugan. Gayunman, isang tunay na bagay ako at tunay na umiiral; pero anong bagay? Sinagot ko [kanina lámang]: isang bagay na nag-iisip.

At ano pa? Gagamitin ko ang imahinasyon ko. Hindi ako isang koleksiyon ng mga bahagi na tinatawag nating katawang tao: hindi ako isang pinong hangin na tumatagos sa mga bahaging ito, hindi ako isang hangin, apoy, singaw, hininga, ni anumang bagay na maiimahan ko o maiisip; sapagkat ipinagpalagay ko na wala ang lahat ng ito. Panatilihin man ang sapantahang iyan, nakíta kong tiyak pa rin ako na ako ay isang pag-iral. Ngunit maaaring ang mga bagay na ito na ipinagpalagay kong di-umiiral, dahil hindi ko silá batid, ay talagang hindi ibá sa ako na alam ko. Hindi ako sigurado rito, kayâ hindi ko ito sasalungatin sa ngayon; makapagpapasiya lámang ako hinggil sa mga bagay na alam ko. Alam ko na umiiral ako, at inuusisa ko kung ano ako, ako na alam kong umiiral. Pero napakatiyak na

ang kaalaman hinggil sa pag-iral ko, sa tumpak na kahulugan nitó, ay hindi nakadepende sa mga bagay na hindi ko pa batid ang pag-iral; samakatwid hindi ito nakadepende sa mga bagay na maiimbento ko sa imahinasyon. At, sa katunayan, ipinakíta sa akin ng mismong terminong “imbento sa imahinasyon” ang pagkakamalî ko, sapagkat ganito talaga ang gagawin ko kung iniimahan ko ang sarili ko bílang isang bagay, sapagkat ang pag-imahen ay walang ibá kundi ang wariin ang pigura o imahen ng isang korporeal na bagay. Pero, may katiyakan ko nang nababatid na umiiral ako, at maaaring lahat ng mga imaheng ito at, sa pangkalahatan, anumang bagay na may kaugnayan sa kalikasan ng katawan ay mga panaginip lámang. Dahil dito, malinaw kong nakikita na wala na akong dahilan para sabihing “kikilitiin ko ang imahinasyon ko upang higit na malinaw kong maláman kung ano ako,” gayundin ang sabihing “Gising ako ngayon, at namamalas ko ang isang bagay na tunay at totoo: pero dahil hindi ko pa ito namamalas nang klarong-klaro, sasadyain kong matulog upang makapagrepresenta ang mga panaginip ko ng pagkaunawang may dakilang katotohanan at ebidensiya.” At, kung gayon, alam ko nang may katiyakan na walang kaugnayan sa kaalamang mayroon ako hinggil sa sarili ko ang anumang bagay na mauunawaan ko sa pamamagitan ng imahinasyon ko, at kinakailangan ng lubos na pagsisikap na muling ilihis ang isipan túngo sa ganitong modo ng pagninilay-nilay upang angkop na angkop nitóng mabatid ang sarili nitóng kalikasan.

Ngunit, kung gayon, ano ako? Isang bagay na nag-iisip. Ano ang isang bagay na nag-iisip? Isa itong bagay na nagdududa, umuunawa, nagpapatotoo, nagpapasubali, nagnanais, tumatanggi, at gayundin ay nag-iimahan at dumadama.

Kung angkop ang lahat ng bagay na ito sa kalikasan ko, tiyak na hindi kakaunti ang nakalistang ito. Pero, bakit hindi silá napakaangkop? Hindi ba ako rin ang “ako” na nagdududa ngayon hinggil sa halos lahat ng bagay, nauunawaan ang ilang bagay magkagayunman, nagpapatotoong isa lámang ang totoo, pinapasubalian ang lahat ng iba pa, nagnanais na lalo pang makaalam, ayaw malinlang, nag-iimahan ng maraming bagay kahit na minsan ay labag sa kaniyang kagustuhan, at gayundin ay nakadarama ng

¹² *animus* (soul, heart)

maraming bagay tíla sa pamamagitan ng mga pandama ng katawan? Wala ba sa lahat ng ito na kasingtotoo ng katiyakang umiiral ako, bagaman palaging kailangan kong matulog at kahit na ginugugol ng lumikha sa akin ang kaniyang katalinuhan para linlangin ako? Mayroon din bang kahit isa man lámang sa mga katangiang ito na maibubukod sa isipan ko, o masasabing nakahiwalay sa sarili ko? Sapagkat napakaliwanag na ako mismo itong nagdududa, umuunawa, at nagnanais, kayâ wala nang dahilan para magdagdag pa rito ng anumang para ipaliwanag ito. At tiyak na mayroon din akong kakayahang mag-imahen; sapagkat kahit na maaaring walang totoo sa mga bagay na naimahen ko, walang pasubali na talagang nagamit itong kakayahan sa pag-imahen, at naging sangkap ng isipan ko. Sa wakas, ako rin itong nakakaramdam, i.e., itong nagmamalas ng mga bagay sa pamamagitan ng mga pandama, sapagkat ang totoo ay nakikita ko ang liwanag, naririnig ang ingay, at nadarama ang init. Ngunit sasabihing huwad ang mga penomenang ito at nanaginip ako. Hayaang maging ganiyan ito; napakatiyak pa rin na mayroon akong pakiwari na nakita ko ang liwanag, narinig ko ang ingay at naramdaman ko ang init. Hindi maaaring huwad iyan; tamang sabihin na ito yaong tinatawag na pandama na nása kalooban ko; at sa ganitong pakahulugan, iyan ay walang ibá kundi isipan.

Sa mga sandaling ito, nagsisimula ko nang mabatid kung ano nga ba ako nang higit na malinaw at kitang-kita kaysa dati¹⁵; ngunit gayumpaman, hindi ko mapigilan ang sarili ko na isiping ang mga korporeal na bagay, na ang mga imahen ay likha ng isipan at dumaan sa mga pandama, ay tíla higit na malinaw na nababatid kaysa diyan sa nakakubling parte ko na hindi maimahen. Bagaman sadyang lubhang kakaibang sabihin na nalalaman at nauunawaan ko nang higit na malinaw itong mga bagay na ang pag-iral ay tíla walang katiyakan, lingid sa kaalaman ko, at ibá sa akin, kaysa sa ibáng mga bagay na kumbinsido ako hinggil sa katotohanan, na hindi lingid sa kaalaman ko, at may kinalaman sa tunay kong kalikasan, sa isang salitâ, kaysa sa sarili ko. Ngunit nauunawaan ko nang malinaw kung bakit ganito ang kalagayan: mahilig maglibót ang isipan ko, at hindi pa nitó pagdudusahin

ang sarili para mapamalagi sa nararapat na hangganan ng katotohanan. Napakahusay, minsan pa natin itong luwagan, upang kapag nakahanap táyo ng tamang pagkakataon para sikipan ang renda, higit na magiging madali itong maisaayos at makontrol.

Simulan natin sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga pinakakaraniwang bagay, iyong mga inaakala nating napakalinaw nating nauunawaan, halimbawa, ang mga katawan na hinahawakan at nakikita natin; hindi talaga iyong katawan sa pangkalahatan, sapagkat malabo-labo malimit itong mga pangkabuoang idéa, kayâ isang partikular na katawan ang isasaalang-alang natin. Isaalang-alang natin, halimbawa, itong piraso ng waks: kakukuha pa lámang ito sa báhay-pukyutan, at hindi pa nitó naiwawala ang katamisan ng pulút na taglay nitó; napanatili pa nitó kahit paano ang halimuyak ng mga bulaklak na pinanggalingan nitó; maliwanag na nakikita ang kulay, pigura, at sukat nitó; matigas ito, malamig, madalíng hawákan, at kung pitikín mo ito ng daliri, gagawa ito ng tunog. Sa wakas natagpuan natin dito ang lahat ng bagay na kinakailangan para malinaw nating makilala ang isang katawan. Ngunit pansinín na hábang nagsasalitâ ako at lumalapit sa apoy, inilalabas nitó ang natitiráng lasa, sumisingaw ang amoy, nag-iibá ang kulay, nawasak ang pigura, lumalaki ang súkat, nagiging likido ito, umiinit ito, halos hindi ito mahawakan, at kapag pinitik ito ninuman, hindi ito tutunog. Nanatili ba ang dáting waks matapos ang nasabing pagbabago? Kailangang aminin natin na nanatili ito; walang magsasabing hindi. Ano kung gayon ang napakalinaw kong naláman hinggil sa piraso ng waks na ito? Tiyak na walang kinalaman ito sa mga ipinaunawa sa akin ng mga pandama, sapagkat napag-alaman na nagbago ang lahat ng bagay na may kinalaman sa lasa, amoy, tingin, dama, at dinig, ngunit ang mismong waks ay nanatili.

Marahil ang sagot ay nása kung ano ang naiisip ko ngayon, i.e., ang waks na ito ay hindi iyong katamisan ng pulút, o iyong kaaya-ayang halimuyak ng mga bulaklak, o iyong partikular na kaputian, o iyong pigura, o iyong tunog, kundi isang katawan lámang na nakita ko kanina sa pamamagitan ng mga pormang ito, at nahihiwatigan ngayon sa ibáng mga porma. Ngunit, ano ba talaga ang naiimahen ko kapag

¹⁵ *Ex quibus equidem aliquanto melius incipio nosse quisnam sim.* From all these I am beginning to have a rather better understanding of what I am. (Mula sa lahat ng ito, nagsisimula na akong magkaroon ng mas maayos na pagkaunawa hinggil sa aking kaakohan).

nagbubuo ako ng ganitong mga konsepto? Isaalang-alang nating mabuti ito at tingnan kung ano ang matitirá matapos nating himayin ang anumang hindi kabilang sa waks. Tiyak na walang matitirá kundi isang ekstendidong bagay na nababaluktot at nababago.¹⁴ Pero, ano ang ibig sabihin ng nababaluktot at nababago? Hindi ba't naiimahan ko na puwedeng maging parisukat itong bilóg na piraso ng waks at mula sa pagiging parisukat ay maging tatsulok? Hindi, tiyak na hindi ganiyan, dahil naiimahan ko na may espasyo ito para sa dimabilang na kahawig na pagbabago, at hindi ko káyang libutin gayunman ang walang hanggan sa pamamagitan ng imahinasyon ko, at, kung gayon, hindi bunga ng kakayahang mag-imahan itong konseptong mayroon ako hinggil sa waks. Ano ngayon ang ekstensiyon na ito? Hindi rin ba ito batid? Sapagkat lalo itong lumapad nang matunaw ang waks, lalong lumapad nang pakuluan ito, at lalo pang lumapad nang lumakas ang init; at hindi ko mauunawaan kung ano ang waks batay sa katotohanan kung hindi ko inisip na kahit ang pirasong ito na isinasaalang-alang natin ay bukás sa sari-saring ekstensiyon bukod pa sa nasagap ng imahinasyon ko. Kung gayon, kailangan nating tanggapin na hindi ko mauunawaan sa pamamagitan ng imahinasyon kung ano itong piraso ng waks, at ang isipan ko lámang ang nakauunawa nitó. Sinabi ko na itong partikular na piraso ng waks sapagkat lalong malinaw ito kung ang pag-uusapan ay waks sa pangkalahatan. Ngunit, ano itong piraso ng waks na nauunawaan lámang sa pamamagitan ng isipan? Tiyak na ito rin ang waks na nakikita ko, nahahawakan, naiimahan, at sa wakas, ito rin ang waks na laging inaakala kong ito sa simula pa lámang. Ngunit, dapat pansiníng mabuti na ang pagkaunawa dito ay hindi bunga ng paningin, o ng pandama, o ng imahinasyon, at hindi kailanman naging ganiyan kahit na parang ganiyan ang nangyayari dati, kundi isang intuwisyon lámang ng isipan, na maaaring di-perpekto at walang kaayusan tulad ng dati, o malinaw at kitang-kita tulad ngayon, depende kung labis o kulang ang atensiyon ko na nakadirekta sa mga sangkap at nilalaman nitó.

Ngunit, sa ngayon, lubha akong nalito nang isaalang-alang ko ang lubhang kahinaan

ng isipan at pagkahilig nitóng mahulog [nang di-nalalaman] sa mali; sapagkat kahit na isinasaalang-alang ko ang lahat ng ito sa isipan ko nang hindi nagsasalitá, madalas makahadlang sa akin ang mga salitá at muntik na akong malinlang ng karaniwang kalakaran ng wika. Sapagkat masasabi natin na mismong waks ang nakita natin kung ito mismo ang may presensiya, at hindi iyong ipinapalagay natin na ito ang mismong waks dahil lámang sa kulay at pigura nitó. Mapagtitibay ko dahil dito na naláman ko ang waks sa pamamagitan ng paningin at hindi sa pamamagitan lámang ng intuwisyon ng isipan; maliban na lámang kung maalala ko, hábang nakatanaw ako mula sa bintana at ipagpalagay na nakita ko ang mga táong dumadaan sa kalye, na hindi ko talaga silá nakita, kundi ipinagpalagay ko lámang na mga tao ang nakita ko, gayundin sa pahayag ko na nakita ko ang waks. Ngunit ang nakita ko ba mula sa bintana ay walang ibá kundi mga sombrero at mga kápa na makatatakip sa mga makinang awtomatiko? Pero, ipinasiya ko na tao ang mga ito. At sa kaparehong paraan, sa pamamagitan lámang ng kakayahang magpasiya na nananahan sa isipan ko, nauunawaan ko ang mga bagay na pinaniwalaan kong nakita ng mga mata ko.

Ang táong naglalayong iangat ang kaniyang kaalaman higit sa karaniwan ay dapat mahiyâng kumuha ng batayan ng pagdududa mula sa mga porma ng pananalitá na inimbento ng mga karaniwang tao; mas gusto kong magpatúloy at isaalang-alang kung mayroon akong higit na maliwanag at perpektong pagkaunawa hinggil sa kung ano ang waks noong una ko itong namalas, at noong inakala kong nabatid ko ito sa pamamagitan ng mga panlabas na pandama o sa pamamagitan man lámang ng tinatawag na sentido komun, i.e., sa pamamagitan ng kakayahang imahinatibo, o kung higit na malinaw ngayon ang kasalukuyan pagkaunawa ko dahil maingat kong sinuri kung ano ito, at kung paano ito malaláman. Tiyak na isang kabalintunaan ang anumang duda hinggil dito. Sapagkat anong kalinawan ang mayroon dito sa nauna kong pagkaunawa? Anong mayroon dito na maaaring hindi rin naunawaan ng anumang hayop? Pero nang ibinukod ko ang waks sa mga panlabas nitóng porma, at nang

¹⁴ Para kay Descartes, mahalagang katangian ng isang korporeal na bagay ang ekstensiyon. Ang laki, lapad, amoy, kulay, atbp. ay “mga modo ng ekstensiyon” ng mismong korporeal na bagay. Kayá, kapag sinabing “ekstendidong bagay,” tumutukoy ito sa mismong substansiya na mayroong samot-sari at di-mabilang na modo ng ekstensiyon.

ipagpalagay ko na talagang hubad ito na parang tinanggalan ko ito ng mga kasuotan, tiyak na kahit na maaaring makikitaan pa rin ng ilang kamalian ang pasiya ko, hindi ko mauunawaan gayunman ang waks kung wala ang isipan.

Ngunit, sa wakas, anong sasabihin ko hinggil sa isipang ito, i.e., hinggil sa sarili ko, sapagkat hanggang sa puntong ito ay wala akong ibáng tinatanggap sa sarili ko kundi ang isipan? Ano, kung gayon, ang hindi ko alam hinggil sa sarili ko, ako na parang napakaliwanag na nauunawaan ang piraso ng waks na ito hindi lámang sa paraang higit na totoo at tiyak, kundi maging sa paraang higit na maliwanag at malinaw? Dahil kung ipasiya ko na narito o umiiral ang waks batay sa katunayan na nakíta ko ito, higit na malinaw na umaalinsunod na narito o umiiral ako batay sa katunayan na nakíta ko ito. Sapagkat maaaring hindi talaga waks ang nakíta ko, maaari din na wala akong mga mata upang makíta ang anumang bagay; subalit kung nakakakíta ako, o kung inaakala ko na nakakakíta ako (sapagkat hindi ko na silá pinag-iibá), di-maaari na *ako* na nag-iisip ay wala. Samakatwid, kung ipasiya ko na umiiral ang waks batay sa katunayan na nahawakan ko ito, kaparehong bagay pa rin ang ibig sabihin, i.e., na umiiral ako; at kung ipasiya ko na hinihimok ako ng imahinasyon ko na umiiral ang waks, o ng kung ano pang ibáng dahilan, pareho pa rin ang dapat maging kongklusyon ko. At ang napansin ko rito hinggil sa waks ay magagamit sa lahat ng ibá pang bagay na labas sa akin [at anumang bagay na matatagpuan sa labas ko]. At saká, kung ang

pagkaunawa hinggil sa waks ay inaakala kong higit na malinaw at kitang-kita, hindi lámang matapos makíta o mahawakan, kundi matapos ring mapagtibay ng marami pang ibáng mga dahilan na talagang hayag ito sa akin, anong kinakailangan pang patunay at paliwanag para masabing batid ko na ngayon ang sarili ko, sapagkat anumang katwiran na makadaragdag sa kaalaman hinggil sa waks, o anumang ibá pang katawan, ay higit na mabisang patunay hinggil sa kalikasan ng isipan ko! At napakarami pang ibáng mga bagay sa isipan mismo na makapag-aambag sa elusidasyon ng kalikasan nitó, na parang hindi na dapat isaalang-alang anumang nakadepende sa katawan katulad ng mga nabanggit kanina lámang.

Ngunit, sa wakas ay narito ako, di-sinasadyang bumalik sa puntong hinangad ko, sapagkat alam ko na ngayon palibhasa na maging ang mga katawan ay hindi talaga mababatid sa pamamagitan ng mga pandama o sa pamamagitan ng imahinasyon, kundi sa pamamagitan lámang ng purong isipan, at dahil hindi silá nabatid mula sa katunayang nakíta o nahawakan silá, kundi dahil lámang sa inunawa silá, malinaw kong nakíta na wala akong higit na madalí pang malaláman kundi ang isipan ko. Ngunit dahil mahirap kaagad alisin sa sarili ang isang opinyon na napakatagal nang nakasanayan, makabubuting tapusin ko muna sa puntong ito, upang sa katapusan ng meditasyon ko ay lalo kong mailagda sa gunita ko itong bagong kaalaman. ♦



Si EMMANUEL C. DE LEON o si Emman ay ipinanganak Oriental Mindoro noong 1981. Nagtapos siya ng Batsilyer sa Pilosopiya sa Saint Augustine Seminary, at ng Masterado at Doktorado sa Pilosopiya sa Unibersidad ng Santo Tomas. Kasalukuyang siyang nag-aaral ng abogasiya sa Arellano University School of Law. Isinulat niya at nadepensahan ang kaniyang disertasyon hinggil sa uri ng diskurso ng mga pangunahing Tomasinong pilosoper na tumanggap ng Gawad Julian Cruz Balmaseda noong 2018 mula sa Komisyon sa Wikang Filipino. Kasalukuyan siyang miyembro ng kaguruan ng Departamento ng Pilosopiya sa UST at kawaksing mananaliksik sa Research Center on Culture, Arts, and Humanites (RCCA) ng nasabing pamantasan. Nakasentro ang kaniyang mga pananaliksik sa mga temang may kaugnayan sa kultura, pluralismo, pilosopiya ng teknolohiya, at kasaysayan ng pamimilosopiya sa Pilipinas. Nailimbag ang kaniyang unang libro noong 2019 na may pamagat na Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino na kasama sa Aklat ng Bayan ng KWF.

Pag-aangkop ng mga Modelong Adsorption Pang-isotermal ni Langmuir (1916) at Freundlich (1906) sa R gamit ang PUPAIM

CHESTER C. DEOCARIS

ccdeocaris@pup.edu.ph

Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila

CARL LUIS P. FLESTADO

clpflestad@iskolarngbayan.pup.edu.ph

Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila

MARK LESTER C. GALICIA

mlcgalicia@iskolarngbayan.pup.edu.ph

Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila

JAN BERNEL P. PADOLINA

jppadolina@up.edu.ph

Pamantasan ng Lungsod ng Marikina

DIONE GUZMAN

Dheoneguzman007@gmail.com

Concepcion Integrated School

ABSTRAK

Ang “adsorption” o adsorpsiyon ay ang panandaliang pagdikit ng mga atom, molekyul, o ions (*adsorbate*) sa ibabaw ng isang bagay na tinatawag na *adsorbent* (bagay na dinikitan). Karaniwang ginagamit sa mga teknolohiyang naghhiwalay ng mga kemikal (halimbawa ang pag tatangal ng nakakalasang kemikal sa tubig at hangin). Ginagamit sa pag aaral ng nasabing penomena ang mga modelong matematikal na kung tawagin ay *adsorption isotherms*. Mula sa mga eksperimento ng adsorpsiyon sa laboratoryo, malimit bigyang-wangis ang mga naitalang mga datos sa dalawang modelo ng isotermal adsorsyon. Ito ang mga modelo nina Freundlich (1906) at Langmuir (1916). Sa papel na ito ay ipaliliwanag ang pag-aangkop ng mga datos ng adsorpsiyon sa mga modelong nabanggit gamit ang mga punsiyon ng PUPAIM. Ang PUPAIM ay isang *package* na ginawa para sa pang-estadististikang lengguwahe na “R” upang makapag angkop sa mga kilala at nailathalang mga modelo ng isotermal adsorpsiyon. Isa sa mga katangian ng PUPAIM ay ang pagkakaroon nito ng mga ekwasyon na “non-linear” na karagdagan sa mga nakagawiang ekwasyon na linear. Ang nasabing R package ay nailathala sa respositoryo ng Comprehensive R Archive Network (CRAN) <https://cran.r-project.org/> at malayang magagamit ninuman. Ang papel na ito ay nagsisilbi ring pangalawang kalakip na babasahin o *vignette* para sa PUPAIM.

Mga Susing Salita: *Adsorpsiyon, Modelong Isothermal Adsorpsiyon, Freundlich, Langmuir, PUPAIM*

ABSTRACT

Adsorption is a momentary attachment of atoms, molecules, or ions (adsorbate) to the surface of an adsorbent. Adsorption is usually used as a technique for separating chemicals (e. g., The removal of toxic chemicals present in the water and air). This phenomenon was studied using mathematical models called adsorption isotherm models. From the laboratory experiments of adsorption, the data obtained were commonly fitted with two models of isothermal adsorption. These two are the models of Freundlich (1906) and Langmuir (1916). This paper aimed to explain the fitting of adsorption data to the models mentioned using the functions of PUPAIM. The PUPAIM is a package developed for statistical software R to fit the well-known and published isothermal adsorption models. One of the features of PUPAIM was having an additional non-Linear equation to the usual Linear equations. The said R package was published to the repository of Comprehensive R Archive Network (CRAN) <https://cran.r-project.org/> and could be used freely by anyone. This paper also serves as a secondary reading attachment or vignette for PUPAIM.

Keywords: *Adsorption, Isothermal Adsorption Model, Freundlich, Langmuir, PUPAIM*



ANG ADSORPSIYON, MGA MODELONG ISOTERMAL AT ANG MGA APLIKASYON NITO

Ang adsorpsiyon ay isang penomena kung saan ang pagdikit ng isang sangkap (maaaring isang atom, molecule, or ion) na tinatawag na “*adsorbate*” sa ibabaw ng isa pang sangkap na kung tawagin ay “*adsorbent*” (bagay na dinidikitan ng isang atom, molekyl, o ion). Bukod sa uri ng “*adsorbate*” at “*adsorbent*,” maaaring makaapekto sa proseso ng adsorpsiyon ang temperatura, bilang, at lapad ng ibabaw o mukha ng adsorbate sa adsorbent.

Ang mga obserbasyon sa proseso ng adsorpsiyon ay ginagawa sa isang sistema kung saan ang temperatura ay pinananatiling hindi nagbabago (*isothermal*). May dalawang uri ng interaksyon ng “*adsorbent*” sa “*adsorbate*,” una, ang **adsorpsiyong pisikal** (*physisorption*) kung saan ma-oobserbahan ang pagdidikit ng dalawang bagay sa pamamagitan ng puwersang INTER-molekyular (*Intermolecular force*). Maihahalintulad ito sa atraksiyon na nangyayari sa isang bakal at “magnet” o batobalani. Ang ikalawang interaksyon ay ang **kemisorpsiyon** (o kemikal na adsorpsiyon) kung saan ang dalawang bagay ay naghihiraman

ng elektron (covalent bonding) at sa kanilang pagbabahaginan ay nagkakaroon ng pagdurugtong sa dalawang bagay na ito (Atkins at de Paula 2014). Ang pag-aaral ng adsorpsiyon ay malawakang ginagamit sa mga aplikasyong na may kaugnayan sa pagtatanggal ng mga nakalalasong kemikal sa ating kapaligiran (Chen 2015). Kasama na rito ang paglilinis ng kontaminadong tubig, pagrekoher ng mga kemikal na maaari pang pakinabangan sa ibang bagay, at mga pamamaraang nangangailangan ng separasyon at purpikasyon (Jadhav at Srivastava 2019).

Ilan sa mga modelong adsorpsiyong isotermal na kalimitang ginagamit sa mga pag-aaral ay ang modelo nina Langmuir (1916) at Freundlich (1906). May dalawang mga uri ng datos na hinahalili sa mga ekwasyon ng mga modelong ginagamit sa adsorpsiyong isotermal. Ito ang konsentrasyon ng *adsorbate sa equilibrium* (C_e) at ang kapasidad ng *adsorpsiyon sa equilibrium* (Q_e). Ang C_e ay direktang sukat ng mga natirang adsorbate matapos nitong ihalo sa adsorbent at umabot na ito sa “*equilibrium*” o hangganan kung saan ito maaari pang magkaroon ng reaksiyon. Samantalang ang bilang ng Q_e ay nakukuha gamit ang unang (1) ekwasyon.

$$Q_e = \frac{(C_0 - C_e)v}{m} \quad [1]$$

Kung saan ang C_0 ay ang panimulang sukat o bilang ng konsentrasyon ng adsorbate, C_e ang sukat o bilang ng konsentrasyon ng adsorbate sa equilibrium, V , ang bolyum ng adsorbent, at m ang bigat ng adsorbent na ginamit. Ang isang pares ng C_e at Q_e ay nagsisilbing isang punto ng datos o obserbasyon na bumubuo sa isang koleksiyon o dami ng mga datos na galing sa pag-eksperimento ng adsorpsiyon na ginagawa sa laboratoryo.

Sa modelo ni Freundlich (1906) ay ginagamit sa paglalarawan ng mga adsorpsiyon na hindi ideyal at mababaligtad o rebersibol. Ang modelong ito ay angkop sa patong-patong na pagdikit ng maraming *adsorbate* (bagay na didikit) sa iisang *adsorbent* (bagay na dinidikit) o ibabaw ng isang bagay) (Chen 2015). Ang modelo ni Freundlich (1906) ay ipanaliliwanag ng non-Linear (eq 2) at Linear (eq 3) na mga ekwasyong:

$$Q_e = K_F C_e^{\frac{1}{n}} \quad [2]$$

$$\log(Q_e) = \log(K_F) + \frac{1}{n} \log(C_e) \quad [3]$$

Kung saan ang parametrong K_F ay ang kapasidad ng adsorpsiyon sa ibabaw ng isang adsorbent. Kilala rin ito sa bilang *Freundlich constant*. Ang parametrong ito ay may yunit na (L/mg). Samantala, ang parametrong n ay ang nag-uugnay sa tindi ng adsorpsiyon. Ang parametrong n ay kilala rin bilang *correction factor* ng modelo at pagkakaiba-iba ng puwesto sa adsorbate (Ayawei *et al.* 2017).

Ayon sa papel ni Giles (2008), ang modelo ng isotermal na adsorpsiyon ni Freundlich (1906) ay kadalasang ginagamit sa pag-aaral ng iba't ibang kulay ng hibla na nakukuha sa mga halaman. Inaalam din nito kung papaano nananatili o dumidikit ang kulay sa hibla. Panghuli, ito ay ginagamit din upang malaman kung papaano dumidikit ang mga pangkulay o pintura sa mga sinulid at tela. Ang mga material na *adsorbent* gaya ng Fuller's Earth

(isang uri ng putik), uling, at mga kombinasyon nito ay mabisa sa pagtanggap ng mga pangkulay sa mantika at langis. Ang adsorpsiyon ng mga molekyul na nagbibigay kulay o "pigments" gamit ang *adsorbent* na nabanggit ay umaayon sa modelo nina Freundlich (1906) at Achife (1989). Kinakitaan din ng higit na pagsang-ayon sa modelong Freundlich ang adsorpsiyon ng Cadmium ions (Batool 2018) at phenols (Subramanyam 2014) sa aktibong uling (*activated carbon*) bilang adsorbent.

Ang modelo naman ni Langmuir (1916) ay naglalarawan sa isang hilera ng adsorbate na nakadikit sa ibabaw ng adsorbent (o monolayer), at nagbibigay-bilang sa adsorpsiyon ng pangkat ng natatanging lokalidadong lugar ng proseso ng adsorpsiyon at ginagamit upang ilarawan ang pisikal at kemikal na adsorpsiyon (Sahu at Singh 2019). Ang modelong ito ay nagsasaad na ang lahat ng lugar ng adsorpsiyon ay may pare-parehong enerhiya at walang ugnayan sa pagitan ng mga magkakatabing molekula.

Ang modelong isotermal na adsorpsiyon ni Langmuir (1916) ay may *non-Linear* (ekwasyon 4) at *Linear* (ekwasyon 5) na mga porma:

$$Q_e = \frac{Q_{max} \cdot C_e}{1 + bC_e} \quad [4]$$

$$\frac{C_e}{Q_e} = \frac{1}{Q_{max} \cdot b} + \frac{C_e}{Q_{max}} \quad [5]$$

$$\frac{C_e}{q_e} = \frac{1}{q_m K_L} + \frac{C_e}{q_m} \quad [6]$$

$$\frac{1}{q_e} = \left[\frac{1}{q_m K_L} \right] \frac{1}{C_e} + \frac{1}{q_m} \quad [7]$$

$$q_e = q_m - \left[\frac{1}{K_L} \right] \frac{q_e}{C_e} \quad [8]$$

$$\frac{q_e}{C_e} = K_L q_m - K_L q_e \quad [9]$$

Kung saan ang Q_{max} ang pinakamataas ng kapasidad ng adsorpsiyon na may yunit na **mg/g** at ang parametrong b ay ang tinatawag na Langmuir constant. Ang konstant na ito ay may yunit na **L/mg**.

Ipinapalagay ng modelo ni Langmuir (1916) ang pinakamataas na kapasidad ng adsorpsiyon na bumubuo ng isang hilera ng mga *adsorbate*. Pinatunayan din ng modelong ito ang kawalan ng interaksiyon ng mga *adsorbate* (Langmuir 1916; Foo at Hamid 2010). Ang ekwasyon 6, 7, 8, at 9 ay mga karagdagang porma ng langmuir ekwasyon ayon kay Chen 2015.

Ilang mga halimbawa ng mga adsorbent na nagpapakita ng malakas na pagsang-ayon sa modelo ng adsorpsiyomg isothermal ni Langmuir (1916) ay ang mga sumusunod: Indion resin para sa Nitrates sa tubig (Milmile et al. 2011); magnesium oxide nanoparticles para sa mga tintang Levafix Fast Red CA at Indanthren Blue BC (Venkatesha et al. 2012); aserong-karbon para sa mga molekyul mula sa mga extract ng dahon ng *Osmathus fragans* (Li et al. 2012).

Kapwa ang mga modelo ni Freundlich at Langmuir ay madalas na ginagamit sa mga pag-aaral ng kapasidad ng adsorpsiyon ng mga *adsorbent* at sa proseso ng adsorpsiyon ng mga *adsorbate* gaya ng mga atom, molekyul, ion.

Sa paghahanap ng mga materyal na maaaring gamiting pansala at panlinis ng tubig at hangin, mahalagang salik ang mga parametro na makukuha sa pagkukuwenta gamit ang mga modelo ng isothermal na adsorpsiyon. Halimbawa, ang kinakikitaan ng malaking potensiyal na pang-alis ng mga tintang *tartrazine* na kadalasang ginagamit na pangkulay sa mga hibla ay ginagamitan ng balahibo ng manok bilang *adsorbent* (Mittal et al. 2007). Kagaya ng balahibo ng manok, marami pang materyal na galing sa mga hayop, halaman, at mikrobyo na kinakikitaan ng mga potensiyal na adsorbent. Ito ay tinatawag ding mga *biosorbent*. Ang dahon ng palmera at *water hyacinth* ay kilala bilang mga biosorbent na may kakayahang mag-alis ng mga nakalalasang metal o “heavy metal” sa mga tubig at hangin (Sadeek et al. 2015). Dahil sa lumalaking interes sa paghahanap at pag-aaral ng mga *adsorbent* para sa paglinis at pag-

sala ng tubig at hangin malaki ang maitutulong ng mabilisang pagkakalkula ng mga salik ng adsorpsiyon. Kasama na rito ang pag-uugnay ng mga kilalang modelo ng isothermal na adsorpsiyon gaya ng kina Freundlich (1906) at Langmuir (1916).

INTRODUKSIYON SA WIKANG ESTADISTIKA NA R

Ayon sa website ng R (<https://www.r-project.org/about.html>), ang R ay isang wika, instrumento, at komunidad para sa kompyutasyon at pagbuo ng mga grap estadistika o mga representasyon ng mga datos. Ang R ay nagbibigay ng iba’t ibang uri ng mga analysis na pang estadistika gaya ng *Linear* at *non-Linear* na pag-uunay, mga klasikal na pagsusuring pang-estadistika, pagsusuri ng mga serye ng numero, at iba pang datos. Isa sa mga magandang katangian ng R ay madali at mabilis na paggawa ng mga talanguhit o mga paglalarawan na may kalidad para sa mga publikasyong pang-agham (Diyornal). Higit sa lahat ang R ay libreng magagamit na aplikasyon o mas kilala sa tawag na “open source” at sa ilalim ng mga tuntunin ng GNU kung saan mayroon itong pangkalahatang pampublikong lisensiya sa ilalim ng *Free Software Foundation*. Maaari ding magamit ang R sa iba’t ibang mga kompyuter system gaya ng UNIX, Windows at MacOS. Napapalawak ang kakayahan ng R sa pamamagitan ng mga naiambag na mga *packages* na isinulat din ng iba’t ibang propesyonal sa iba’t ibang bahagi ng mundo. Sa kasalukuyan, mayroon nang 15,610 na mga package ang naitala sa Comprehensive R Archive Network (CRAN) <https://cran.r-project.org/web/packages/> kasama na rito ang PUPAIM para sa mga kalkulasyon ukol sa mga modelo ng adsorpsiyong isothermal.

ANG MGA MODELONG FREUNDLICH AT LANGMUIR SA PUPAIM

Ang papel na ito ay naglalarawan kung papaano inaangkop ang mga datos mula sa mga eksperimentong adsorpsiyon sa mga modelo ni Freundlich (1906) at Langmuir (1916) gamit ang punsiyon ng PUPAIM v2.0. sa pamamagitan ng R (Saroyda et al. 2019). Ang PUPAIM ay isang koleksiyong ng 28 na mga modelo na isothermal adsorpsiyon na maaaring gamitin sa mga sumusunod: 1) pag-

estima o pagsukat ng mga parameters ng mga modelo isothermal na adsorpsiyon; 2) pagbilang ng mga sukat ng kamalian (error measures) at kaangkupan ng pinasok na datos sa napiling modelo; 3) paggawa ng grap o talangguhit para sa datos na kaugnay sa napiling modelo.

Sa naunang bersiyon ng PUPAIM (v1.0) na inilimbag noong 2019, ito ay naglalaman lamang ng mga modelong may ekwasyong Linear. Ayon sa demostrasyon nina Sahin at Tapadia (2015) sa adsorpsiyon ng mineral na limonite sa flouride na nakahalo sa tubig, higit na mainam na gamitin ang mga ekwasyong non-Linear sa pag-iestima ng mga parametro ng mga modelong adsorpsiyon isothermal. Kung kaya't noong 2022, nailabas ang bagong bersiyon ng PUPAIM (v2.0) na naglalaman ng karagdagang mga punsiyon ng mga modelo ng isothermal adsorpsiyon na batay sa non-Linear na ekwasyon. Sa kasalukuyan ang bersiyon ng PUPAIM (v3.0) ay may dagdag na mas maraming bilang ng mga modelong isothermal adsorpsiyon kaysa sa nakaraang bersiyon nito (v2.0). Karagdagang pa rito ay ang pagkakalimbag ng unang kalakip babasahin o *vignette* ng PUPAIM ukol sa modelo ng isothermal adsorpsiyon na dinisenyo ni Henry na may isang parametro (Deocarís at De Osio 2020). Ang PUPAIM v3.0 ay matatagpuan at makokopya mula sa website ng CRAN (<https://CRAN.R-project.org/package=PUPAIM>) kung saan ito ay nakareserba at libreng magagamit ng publiko.


Ang *langmuiranalysis* at *freundlichanalysis* ay ang mga punsiyon na magagamit upang mang-angkop ng datos sa mga non-Linear na porma ng modelong Langmuir (1916) at Freundlich (1906). Samantalang ang mga punsiyong *langmuir.LMI*, and *freundlich.LM* ay magagamit sa pag-aangkop ng mga datos gamit ang pormang *Linear* ng mga modelo.

PAG-AANGKOP NG MGA DATOS SA MGA MODELONG ISOTHERMAL ADSORPSIYON NINA FREUNDLICH (1906) AT LANGMUIR (1916) GAMIT ANG MGA NON-LINEAR NA EKWASYON

I sa sa mga balakid sa pag-estimasyon ng mga parametro ng mga isothermal model ng adsorpsiyon gamit ang mga non-Linear ekwasyon ay ang pagtukoy sa gagamiting

panimulang sukat sa mga parametro. Ito ay nasolusyunan sa paggamit ng mga punsiyon ng “Non-Linear regression with brute-force (*nls2*),” R package na isinulat ni Grothendieck (2013) at sa paglalagay ng mga saklaw na sukat ng mga parametrong hinango sa mga kahalintulad na mga pag-aaral gamit ang mga modelong nabanggit.

Upang mapagana ang PUPAIM, ang komand na “*library (PUPAIM)*” ay isusulat sa R console upang matawag ang naka-install na PUPAIM sa R console. Ang pag-aangkop ng mga datos sa ninanais na modelo ay magagawa sa dalawang hakbang. Una, ang pagsusulat sa R console ng mga *object* na naglalaman ng mga datos ng Ce at Qe. Ikalawa, ang pagtawag sa punsiyon ng modelong gagamitin sa pagsusulat pangalan ng modelo kalakip ang mga Ce at Qe na objects. Matapos ilikha ang mga object para sa Ce at Qe, maaari nang tawagin ang punsiyon ng modelong gagamitin at nakapaloob sa parentesis ang mga pangalan ng *object* para sa Ce at Qe. Halimbawa: *langmuiranlaysis (Ce, Qe)*. Makikita sa unang larawan (Larawan blg.1) kung papaano isinusulat ang mga komand para sa modelong Langmuir (1916) na may *non-Linear* na ekwasyon sa R console.



```
RGui (32-bit)
File Edit View Misc Packages Windows Help

R version 3.6.3 (2020-02-29) -- "Holding the Windsock"
Copyright (C) 2020 The R Foundation for Statistical Computing
Platform: i386-w64-mingw32/x386 (32-bit)

R is free software and comes with ABSOLUTELY NO WARRANTY.
You are welcome to redistribute it under certain conditions.
Type 'license()' or 'licence()' for distribution details.

Natural language support but running in an English locale

R is a collaborative project with many contributors.
Type 'contributors()' for more information and
'citation()' on how to cite R or R packages in publications.

Type 'demo()' for some demos, 'help()' for on-line help, or
'help.start()' for an HTML browser interface to help.
Type 'q()' to quit R.

[Previously saved workspace restored]

> library(PUPAIM)
Loading required package: nls2
Loading required package: proto
Loading required package: Metrics
Loading required package: minpack.lm
>
> Ce <- c(0.014, 0.047, 0.132, 0.277, 0.417, 0.637, 0.804, 1.103, 1.583)
> Qe <- c(0.034, 0.060, 0.106, 0.128, 0.153, 0.152, 0.157, 0.167)
>
> langmuiranlaysis(Ce, Qe)
```

Larawan blg. 1: Ang mga komand na sinusulat sa pag-uugnay ng Ce at Qe na datos sa modelong Langmuir (1916).

Kaagad ding inilalabas ng R ang resulta ng pag-uugnay sa modelong napili. Ang mga resulta na ilalabas ng PUPAIM ay ang mga sumusunod:

1. Ang mga estimasyon ng mga parametro ng modelo. Sa halimbawang ginamit sa itaas, ang mga parametro ng Langmuir na

" Q_{max} " ay may sukat na 0.172 ± 0.003 at

```

R Console
> langmuiranalysis(Ce, Qe)
[1] "Langmuir Isotherm Analysis"

Formula: Qe ~ (Qmax * b * Ce)/(1 + (b * Ce))

Parameters:
      Estimate Std. Error t value Pr(>|t|)
Qmax  0.172775   0.003672  47.051 5.12e-10 ***
b      12.310513   1.344058   9.159 3.81e-05 ***
---
Signif. codes:  0 '***' 0.001 '**' 0.01 '*' 0.05 '.' 0.1 ' ' 1

Residual standard error: 0.0055 on 7 degrees of freedom

Algorithm "port", convergence message: relative convergence (4)

```

Larawan blg. 2: Mga estima ng mga parametro mula sa non-Linear na ekwasyon ng modelong Langmuir (1916) para sa adsorpsiyong isothermal.

2. Ang mga maling sukat ng Q_e (predicted Q_e) gamit ang mga parametrong nabanggit sa itaas at ang datos ng C_e ay ang mga sukat ng kamalian (Errors) na Relative Mean Square Error (RMSE), Mean Absolute Error (MAE), Relative Absolute Error (RAE) at Standard Error (SE). Ang mga sukat ng pag-uugnay ng mga modelo na Akaike Information Criterion (AIC) at Bayesian Information Criterion (BIC). Sa **Larawan blg. 3**, ang mga sumusunod ay ang nakalkulang mga sukat ng kamalian ng ipinasok datos sa mga maling balyu ng Q_e : RMSE = 0.00485; MAE = 0.00386; MSE = 2.35×10^{-5} ; RAE = 0.101; SE = 0.558; AIC = -64.4; at BIC = -63.8. Dahil sa maliit na bilang ng mga kamalian, masasabing angkop ang modelong ginamit sa datos ng naobserbahang C_e at Q_e .

```

R Console
# Predicted Values
[1] 0.02339978 0.06332652 0.10495594 0.13359747 0.14460625 0.15323471 0.16092408 0.16434225

# Relative Mean Square Error
[1] 0.00485023

# Mean Absolute Error
[1] 0.003863256

# Mean Squared Error
[1] 2.352473e-05

# Relative Absolute Error
[1] 0.1014668

AIC
[1] -64.37623

BIC
[1] -63.78456

# Standard Error Estimate
[1] 0.5576131

```

Larawan blg. 3: Mga sukat ng kamalian (error) ng modelong Langmuir (1916) sa datos ng C_e at Q_e na ginamit.

3. Ang relasyong *Linear* ng mga maling bilang ng Q_e gamit ang modelong Langmuir (1916)

at ang inobserbahang Q_e . Sa halimbawa sa **Larawan blg. 4**, may malakas at positibong relasyon ang maling bilang ng Q_e at ang inobserbahang Q_e at pinapakita ito ng adjusted R-squared na 98.7%. Ang halos perpektong (malapit sa 100%) R-squared na balyu ay nangangahulugan na ang angkop ang modelong ginamit sa datos ng naobserbahan sa C_e at Q_e .

```

R Console

Cell:
lm(formula = Qe ~ predict(fit248))

Residuals:
      Min       1Q   Median       3Q      Max
=0.005806 =0.003307 =0.000850  0.003378  0.008518


Coefficients:
      Estimate Std. Error t value Pr(>|t|)
(Intercept)  0.004244   0.004950   0.853   0.422
predict(fit248) 0.949778   0.037841  25.428 3.52e-08 ***
---
Signif. codes:  0 '***' 0.001 '**' 0.01 '*' 0.05 '.' 0.1 ' ' 1

Residual standard error: 0.005234 on 7 degrees of freedom
Multiple R-squared:  0.9895, Adjusted R-squared:  0.9879
F-statistic: 456.8 on 1 and 7 DF, p-value: 3.519e-08

```

Larawan blg. 4: Ang pag-uugnayan sa datos ng Q_e sa maling Q_e (predicted Q_e) gamit ang modelong Langmuir (1916)

4. Ang grap na *scatterplot* na may linya or kurba ng ekwasyon ng modelong ginamit. Makikita sa **Larawan blg. 5** ang *non-Linear* na grap para sa modelong ng adsorpsiyong isothermal ni Langmuir (1916).




Larawan blg. 5: Ang grap ng pag-uugnay ng modelong Langmuir (1916) sa datos ng Q_e at C_e .

PAG-UUGNAY NG MGA DATOS SA MGA MODELONG ISOTHERMAL ADSORPSIYON NINA FREUNDLICH (1906) AT LANGMUIR (1916) GAMIT ANG MGA LINEAR NG EKWASYON

Ang mga punsiyon *freundlich*. *LM* at *langmuir*. *LM1* ay magagamit upang makapag-uugnay ng mga datos sa mga modelong adsorpsiyon nina Freundlich (1906) at Langmuir (1916) na may ekwasyong may pormang *Linear*. Ang modelo ni Langmuir (1916) ay mayroong apat na ekwasyong *Linear* na mula sa deribatibo ng *non-Linear* na ekwasyon. Ang apat na *Linear* na ekwasyon ng Langmuir (1916) ay maaaring magbigay ng magkakaibang balyu ng pagkakamali (error) at mga parametro. Mula sa obserbasyon nina Sahil and Tapadia (2015) sa adsorbsiyon ng mineral na linomite sa adsorbate na Flouride, mas kinikilingan ng kanilang mga datos ang ekwasyong Langmuir Linear 1 at 2. Ang ekwasyong Langmuir Linear 1 (ekwasyon 5) ay ang pinakamadalas ding gamitin na porma ng Langmuir Linear na ekwasyon. Sa PUPAIM, magagamit ang Langmuir *Linear* 1 sa pagtawag ng punsiyon na *langmuir.LM1*.

Sa pag-uugnay ng mga datos para sa mga modelo ng isothermal na adsorpsiyon, tinatawag ang punsiyon at ang mga *object* ng *Ce* at *Qe* gaya ng: *> freundlich.LM (Ce, Qe)*. Hindi katulad ng sa *non-Linear*, inilalabas ng mga *Linear* na punsiyon ng PUPAIM ang mga estimasyon ng *slope* at *intercept* ng isang regresyong *Linear*.

At mula sa *slope* at *intercept*, kinakalkula ng PUPAIM ang mga parametro ng napiling modelo ng isothermal na adsorpsiyon. Ipinapakita sa Larawan blg. 6, ang mga parametro ng regresyong *Linear* para sa Freundlich (1906) kasama ang mga sukat ng kaangkupan sa modelo (adjusted R-squared = 0.9174) at mga kinakulang parametro ng modelong isothermal na adsorpsiyon ($K_f = 0.172$ at $n = 2.96$).



```
R Console
> Ce <- c(0.014, 0.047, 0.132, 0.277, 0.417, 0.637, 0.804, 1.103, 1.503)
> Qe <- c(0.024, 0.040, 0.104, 0.128, 0.153, 0.182, 0.157, 0.157, 0.147)
> freundlich.LM(Ce, Qe)
[1] "Freundlich Isotherm Analysis"

Call:
lm(formula = y ~ x)

Residuals:
    Min       1Q   Median       3Q      Max
-0.081456 -0.055142 -0.008725  0.059002  0.086034

Coefficients:
            Estimate Std. Error t value Pr(>|t|)
(Intercept) -0.74934     0.00035  -26.150  <0.0000000000e+00 ***
x             0.33017     0.03547   9.401  3.04e-05 ***
---
Signif. codes:  0 '***' 0.001 '**' 0.01 '*' 0.05 '.' 0.1 ' ' 1

Residual standard error: 0.04049 on 7 degrees of freedom
Multiple R-squared:  0.9279,    Adjusted R-squared:  0.9174
F-statistic: 89.9 on 1 and 7 DF,  p-value: 3.03e-05


[1] "Freundlich Parameters"
df1
[1] 0.1724504

df2
[1] 2.967104

f-Predicted Values
      1      2      3      4      5      6      7
-1.9902469 -1.2123904 -1.0407300 -0.9518716 -0.8917930 -0.8295497 -0.7963762
```

Larawan Blg. 6: Resulta ng pag-uugnay gamit ang modelong Freundlich (1906)

Kahalintulad din ng *non-Linear* na mga punsiyon, inilalabas din ng mga *Linear* na punsiyon ang ang mga balyu ng kamalian ng modelong ginamit sa pag-aangkop gaya ng AIC, BIC, RMSE, MAE, MSE, RAE at SE. Inilalabas din ng mga *Linear* na punsiyon ang grap ng pag-aangkop ng datos sa napiling modelo. Ipinapakita sa Larawan Blg. 7 ang grap ng pag-uugnay ng datos ng *Ce* at *Qe* sa modelong adsorpsiyong isothermal ni Freundlich (1906).



Larawan Blg. 7: Ang grap ng pag-uugnay ng datos ng *Ce* at *Qe* sa modelong isothermal na adsorpsiyon ni Freundlich (1906).

Layon ng R *package* na PUPAIM na mapadali ang pagkakalkula at pagsasalarawan ng mga salik ng adsorpsiyon. Madaling makukuha ng mga gumagamit ng PUPAIM ang mga: 1) estimasyon ng mga parametro ng modelong ginamit sa pag-aangkop ng datos; 2) estimasyon ng mga pagkakamali ng napiling modelo sa datos na pinag uugnay; at 3) ang grap ng pag-aangkop ng datos sa modelong isothermal adsorpsiyon. Sa pananaliksik na ito, inilarawan ang paggamit ng mga modelong Freundlich (1906) at Langmuir (1916) sa parehong non-Linear at Linear na porma ng ekwasyon. Ang pag-aaral ng mga salik ng adsorpsiyon ay may higit kahalagahan sa industriya at sa pangangalaga ng kalikasan. Ang PUPAIM ay higit na mapakikinabangan ng mga mag-aaral at mga mananaliksik na may layuning mapalawak ang kaalaman sa konsepto ng adsorpsiyon. Sa kasalukuyan, mayroong dalawang package sa CRAN na gumagawa ng adsorpsiyon analysis, ito ay ang PUPAIM at SorptionAnalysis (Chattopadhyay 2017), ngunit ang SorptionAnalysis ay mayroong tatlong (3) modelo lamang at linyar lamang ang kayang gamitin samantalang ang PUPAIM ay kayang bumuo ng limampu't-limang (55) modelo at kayang gumamit ng linyar at non-linyar na ekwasyon. Karagdagan pa rito, nagamit na rin ang PUPAIM sa iba't ibang pag-aaral katulad ng mga gawa nina Galamini et al. 2020, Rechberger et al. 2021, Kogut et al. 2022, Aracagok 2022, Navone et al. 2022, at Smoak at Schnoor, 2023.

Ang mga tao sa likod ng PUPAIM ay patuloy na pinapabuti ang *package* na ito sa pamamagitan ng paglilimbag ng mga makabagong bersiyon ng PUPAIM sa hinaharap. At bilang nauna (o isa sa mga naunang) R *package* na inilimbag mula sa Pilipinas, minabuti ng aming grupo na uahin din ang paglilimbag ng kalakip na babasahin (o *vignette*) na ito sa wikang Filipino. ♦

MGA SANGGUNIAN

Achife, E. C., at J. A. Ibemesi. "Applicability of the Freundlich and Langmuir Adsorption Isotherms in the Bleaching of Rubber and Melon Seed Oils." *Journal of the American Oil Chemists Society* (1989): 247–52.

Aracagok, Y.D. "Biosorption of Remazol Brilliant Blue R Dye onto Chemically Modified and Unmodified *Yarrowia Lipolytica* Biomass." *Archives of Microbiology* (2022): 128.

Atkins, P., at J. de Paula. *Physical Chemistry*. 10th Edition. Oxford: Oxford University Press, 2014.

Ayawei, N., A. N. Ebelegi, at D. Wankasi. "Modelling and Interpretation of Adsorption Isotherms." *Hindawi Journal of Chemistry*. (2017).

Batool, F., J. Akbar, S. Iqbal, S. Noreen, at S. N. Bukhari. "Study of Isothermal, Kinetic, and Thermodynamic Parameters for Adsorption of Cadmium: An Overview of Linear and NonLinear Approach and Error Analysis." *Hindawi Bioinorganic Chemistry and Applications* (2018).

Chen, X. "Modeling of Experimental Adsorption Isotherm Data." *Information* (2015): 14–22.

Deocaris, C.C., at L. P. de Osio. "Fitting Henry's Adsorption Isotherm Model in R Using the PUPAIM Package." *Asia Pacific Journal of Research* 1 (2020): 47–51

Dichiara, A. B., S. F. Harlander, at R. E. Rogers. "Mixed Bed Adsorption of Diquat Dibromide from Aqueous Solution Using Carbon Nanotubes." *RSC Advances* (2015): 61508–61512.

Freundlich, H.M.F. "Over the Adsorption in Solution." *The Journal of Physical Chemistry* (1906): 385–471.

Galamini, G., G. Ferretti, V. Medoro, N. Tescaro, B. Faccini, at M. Coltorti. "Kinetics, and Thermodynamics of NH_4^+ Adsorption in Raw Liquid Manure by Using Natural Chabazite Zeolite-Rich Tuff." *Water* 12, no. 10 (2020): 2944. <https://doi.org/10.3390/w12102944>.

- Giles, C. H. "The History and Use of the Freundlich Adsorption Isotherm." *Journal of the Society of Dyers and Colourists* (2008): 287–91.
- Grothendieck, G. "nls2: Non-Linear Regression with brute force. R Package version 0.2." Inakses noong Enero 7, 2021. <https://CRAN.R-project.org/package=nls2>.
- Jadhav, A. J., at V. C. Srivastava. "Multicomponent Adsorption Isotherm Modeling Using Thermodynamically Inconsistent and Consistent Models." *AlChE Journal* (2019).
- Kogut, I., F. Armbruster, D. Polak, S. Kaur, S. Hussy, T. Thiem, at M. Szwast. "Antibacterial, Antifungal, and Antibiotic Adsorption Properties of Graphene-Modified Nonwoven Materials for Application in Wastewater Treatment Plants." *Processes* (2022): 2051
- Langmuir, I. "The Constitution and Fundamental Properties of Solids and Liquids: Part I. Solids." *Journal of American Chemical Society*, (1916): 2221–2295.
- Li, L., X. Zhang, J. Lei, J. He, S. Zhang, at F. Pan. "Adsorption and Corrosion Inhibition of Osmanthus Fragran Leaves Extract on Carbon Steel." *Corrosion Science* (2012): 82–90.
- Milmile, S. N., J. V. Pande, S. Karmakar, A. Bansiwale, T. Chakrabarti, at R. B. Biniwale. "Equilibrium Isotherm and Kinetic Modeling of the Adsorption of Nitrates by Anion Exchange Indian NSSR Resin." *Desalination* (2011): 38–44.
- Mittal, A., L. Kurup, at J. Mittal. "Freundlich and Langmuir Adsorption Isotherms and Kinetics for the Removal of Tartrazine from Aqueous Solutions Using Hen Feathers." *Journal of Hazardous Materials* (2007): 243–48.
- Navone, L., K. Moffitt, K., at W. A. Johnston. "Bioengineered Textiles with Peptide Binders that Capture SARS-CoV-2 Viral Particles." *Commun Mater* (2022).
- Rechberger, M. V., F. Zehetner, at M. H. Gerzabek. "Phosphate Sorption-Desorption Properties in Volcanic Topsoils along a Chronosequence and a Climatic Gradient on the Galápagos Islands." *Journal of Plant Nutrition and Soil Science*. (2021): 479–91.
- Sahin, R., at K. Tapadia. "Comparison of Linear and non-Linear Models for the Adsorption of Fluoride onto Geo-material: Limonite." *WaterSciTechnol* (2015): 2262–2269.
- Sadeek, S. A., N. A. Negam, H. H. H. Hefni, at M. M. A. Wahab. "Metal Adsorption by Agricultural Biosorbents: Adsorption Isotherm, Kinetic and Biosorbents Chemical Structures." *International Journal of Biological Macromolecules* (2015): 400–09.
- Sahu, O., at N. Singh. "Significance of Bioadsorption Process on Textile Industry Wastewater." *The Impact and Prospects of Green Chemistry for Textile Technology* (2019): 367–416.
- Saroyda, J. R., R.Y.S. Cruz, R.J.C. Antonio, C.L.P. Flestado, J.R.S. Magalon, K. Z. P. Zagala, C. L. B. Barbacena, J.M. Bumatay, L. F. Bautista, at C. C. Deocarís. "PUPAIM: A Collection of Physical and Chemical Adsorption Isotherm Models." 2019. <https://cran.r-project.org/web/packages/PUPAIM/index.html>. Web.
- Smoak, R.A., at J. L. Schnoor. "Nickel Hyperaccumulator Biochar Sorbs Ni(II) from Water and Wastewater to Create an Enhanced Bio-ore." *ACS Environmental* (2023): 24–33.
- Subramanyam, B., at A. Das. "Linearised and non-Linearised Isotherm Models Optimization Analysis by Error Functions and Statistical Means." *Journal of Environmental Health Science and Engineering* (2014).

Venkatesha, T. G., R. Viswanatha, Y. Arthoba Nayaka, at B. K. Chethana, "Kinetics and Thermodynamics of Reactive and Vat Dyes Adsorption on MgO Nanoparticles." *Chemical Engineering Journal* (2012): 198–99.

Foo, K.Y., at B. H. Hameed. "Insights into the Modeling of Adsorption Isotherm Systems." *Chemical Engineering Journal* (2010): 2–10.



Si Ginoong CHESTER C. DEOCARIS sa kasalukuyang Assistant Professor 3 sa departamento ng mga agham na Pang-Pisikal sa Kolehiyo ng Agham sa Politeknokong Unibersidad ng Pilipinas (PUP). Si Ginoong Deocaris ay may degri na Master ng Agham sa Biochemistry mula sa Unibersidad ng Pilipinas sa Maynila at mga lisensiya na ginawad ng Komisyon sa Regulasyon ng mga Propesyon sa Pagkimiko at Guro. Ang penomena ng adsorpsiyon ay isa sa mga interes ni Ginoong Deocaris sa larangan ng pananaliksik sa Kapnayan.

Sina Ginoong CARL LUIS P. FLESTADO at Ginoong MARK LESTER C. GALICIA ay nagtapos sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas ng BS Chemistry noong 2022, Si Ginoong Flestado ay nanungkulan bilang opisyal ng PUP Chemistry Society. Samantalang si Ginoong Galicia ay dating kinatawan ng PUP at Pangalawang Pangulo para sa mga Akademikong Gawain sa Philippine Association of Chemistry Students (PACS Inc.). Sa parehong taon ng kanilang pagtatapos ay naging registered chemical technician din sila.

Si Ginoong JAN BERNEL P. PADOLINA ay isang mananaliksik (URA 1) sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) at guro sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina (PLMAR), kasalukuyan ding nag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños upang makompleto ang digri na Master ng Agham sa Biochemistry. Siya ay isa ring propesyonal na guro at registered chemical technician na may iba't ibang interes sa pag-aaral na nakaugnay sa haykapnayan at isa na rito ang konsepto ng adsorpsiyon.

Si Ginoong DIONE GUZMAN ay dating naging tagapagturo sa asignaturang Filipino sa pang-sekondaryang edukasyon sa New Era University at kasalukuyang guro sa Concepcion Integrated School (CIS). Nagtapos siya sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina na may kursong Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino at kasalukuyang nagpapakadalubhasa sa kursong Master ng Artes sa Filipinolohiya. Siya ay may adbokasiyang bigyang-importansiya at lawak ang paggamit ng wika, kultura at panitikang Pilipino.

Isang Paglalapat at Pagninilay sa *Functional Theory Of Language* ni Newmark sa Pagsasalin ng Akdang “Poor Man’s Love”

LESLIE ANNE L. LIWANAG

leslie.liwanag@dlsu.edu.ph

Pamantasang De La Salle, Maynila

MARIA VANESSA E. GABUNADA

mariavanessa.gabunada@vsu.edu.ph

Visayas State University

DEBORRAH SADILE ANASTACIO

deborrah.anastacio@dlsu.edu.ph

Pamantasang De La Salle, Maynila

ABSTRAK

Humigit-kumulang tatlung taon na ang nakalipas nang artikulahin ni Peter Newmark (1916–2011) ang teorya sa pagsasalin na nagbunga ng iba’t ibang pag-aaral ng mga iskolar at dalubhasa sa larangan ng Araling Pagsasalin. Tinangka ng papel na itong masusing talakayin ang bawat antas ng *Functional Theory of Language* ni Newmark, sa pamamagitan ng paglalapat ng pinagdaanang proseso sa pagsasalin ng akdang “Poor Man’s Love.” Upang maging kapaki-pakinabang ang proyektong ito sa mga iskolar ng pagsasalin at mag-aaral ng Araling Pilipino, ibinahagi ang ilang aral at kabatiran sa karanasan ng pagsasalin ng naturang maikling kuwento. Sa pamamagitan ng elektronikong pakikipag-ugnayan ng mga mananaliksik sa manunulat ng nasabing akda, personal na humingi ng pahintulot upang maisalin ang maikling kuwento.

Mga Susing Salita: Functional Theory of Language, Peter Newmark, Poor Man’s Love, Pagsasalin

ABSTRACT

About thirty-three years ago, Peter Newmark (1916–2011) articulated his translation theory resulting in various studies by scholars and experts in Translation Studies. This paper attempts an in-depth discussion of the functional theory of language of Newmark, by applying the process of translating “Poor Man’s Love.” For this project to be beneficial to Filipino scholars and students of Philippine Studies, it shares some lessons and insights from the experience of translating the said short story. The researchers personally requested permission to translate the short story from the writer through electronic correspondence.

Keywords: Functional Theory of Language, Peter Newmark, Poor Man’s Love, Translation



INTRODUKSIYON

Bahagi ang maikling sanaysay na “A Poor Man’s Love” ng antolohiyang *Love in the Time of Camera* ng Sebwanong abogadong manunula(t) na si Simeon Dumdum Jr. Nanalo ang nasabing aklat ng National Book Award para sa Sanaysay mula sa Manila Critics Circle. Nakilala si Dumdum sa kaniyang kolum sa pahayagang *Cebu Daily News* na kalaunan ay inilimbag bilang mga antolohiya. Ninanais ng mga mananaliksik na mas makilala pa ang mga akdang rehiyonal. Pumili mula sa mga akda ni Dumdum dahil napalitaw sa kaniyang mga akda ang pagka-Pilipino at ang makulay na buhay at kultura ng mga Sebvano, kaakibat ng sariling karanasan at masusing pagmamasid. Dagdag dito, nakamit ni Dumdum ang mga pambansa at lokal na rekognisyon mula sa organisasyon at unyon ng mga manunulat, ahensiya ng pamahalaan, pribadong organisasyon, at simbahan.

Piniling isalin ang akdang “A Poor Man’s Love” dahil nagawa nitong talakayin ang kultural na konteksto ng uri ng *gugma* at panlipunang sitwasyon sa panahon ng pagkakasulat ni Dumdum. Nagawa nitong isalaysay sa mga mambabasa ang isang ordinaryong tagpo subalit hindi pinapansin ng karamihan sa lipunan. May pamilyarisasyon subalit may pagkakaiba sa kultural na konteksto ng ginagamit na salita. Isa itong

halimbawa ng maikling kuwentong Sebvano na nagpapamalas ng mga salitang nagkakahawig, nagkakaiba, at hindi kailan man matatapatan ng anumang salita mula sa ibang wika.

Layunin ng mga mananaliksik na matalakay sa pag-aaral na ito ang pinagdaanang proseso sa paglalapat ng *Functional Theory* ni Peter Newmark sa pagsasalin ng akdang “Poor Man’s Love.”

Sa pagsasalin ng akda, unang tinukoy ang intensiyon ng teksto batay sa uri ng gamit ng wika ng may-akda. Sa pamamagitan nito, madaling nalaman ang pokus ng teksto na makatutulong sa pagtiyak ng metodong gagamitin sa pagsasalin. Sa huli, minimithi ng mga mananaliksik na maging kapaki-pakinabang ang proyektong ito sa mga Pilipinong iskolar ng pagsasalin at mag-aaral ng Araling Pilipino.

REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Matutunghayan ang iba’t ibang pag-aaral na ginamit ang teorya at konsepto sa pagsasalin ni Newmark, lalo na sa pagsasalin sa Filipino ng mga Kanluranin teksto, mga pambansa materyal, at maging mga panitikang panrehiyon. Sa pag-aaral ni Jeffrey R. Ancheta na “Tawid-Kultural na Pagsasalin ng nobelang *One Hundred Years of Solitude* ni Gabriel Garcia Marquez: “Mga

Estratehiya at Suliranin” noong 2019, na sinikap na maisa-Filipino ang isang kabanata ng *One Hundred Years of Solitude* ni Gabriel Garcia Marquez gamit ang piling-pili lamang na mga estratehiyang inihain ni Newmark tulad ng *literal translation*, *cultural equivalence*, *transposition*, at *omission*. Nagdagdag ng ilang estratehiya ang may-akda bukod pa sa mga nabanggit na mungkahi ni Newmark.

Sa pag-aaral ni Junley L. Lazaga na pinamagatang “Mga Lingguwistik, Estetik, at Sosyo-Kultural sa Pagsasa-Filipino ng Tulang Ilokano” noong 2018, ginamit ang mga sumusunod na konsepto mula kay Newmark: ang leksikal na kahulugan upang matamo ang lingguwistikang pagsasalin; ang konsepto ng poetikong katotohanan bilang batayan sa pagsagawa ng estetikong pagsasalin; at ang estratehiyang naturalisasyon at transkripsiyon sa pagpanatili ng sosyo-kultural na pagsasa-Filipino ng tulang Ilokano.

Sa hindi pa nailalathalang pag-aaral nina Rodel B. Guzman, at Criselda D. Ngislawan na may titulong “Pagsasalin at Pagsusuri sa mga Piling Daniw ni Nelson G. Daligcon,” noong 2018, ginamit ang 7 na estratehiya ng pagsasalin ni Newmark sa pagsalin at pagsuri ng mga piling tula (o “daniw” sa Wikang Iloko) tulad ng *naturalization*, *addition*, *transposition*, *one-to-one translation*, *reduction*, *descriptive equivalent*, at *couplets* sa pagsuri ng bisang pampanitikan ng mga “daniw” na nagpapakilala sa Ilokano bilang natatanging panitikang Filipino.

Sa pag-aaral ni Marvin R. Reyes na “Mga Pagdidili-dili sa Pagtutumbas (Ilang Mungkahing mga Hakbangin sa Pagsasalin)” noong 2017, tumugon sa metikulosong proseso ng pagsasalin sa pamamagitan ng mungkahing “word equivalence” mula sa iskema ni Jhoanna Cruz. Gayunman, inilahad ang kapakinabangan ni Newmark sa konseptuwalisasyon ng prinsipyo sa masining na pagsasalin sa pamamagitan ng semantiko at lingguwistikong pagsasalin upang mapagtagumpayan ang proseso ng pagsasalin.

Sa pananaliksik ni Ester Torres-Rada tungkol sa “Estilo ng Pagsasalin sa Wikang Filipino ng mga Teksbuk sa Araling Makabayan” noong 2017, binigyang-tuon ang estilo ng pagtutumbas/ pagsasalin sa Wikang Filipino. Isa sa mga estilo ng pagsasalin na ginamit ay ang pagsasalang teknikal ni Newmark kung saan binigyang-pansin ang deskripsiyon, gamit, at epekto ng konsepto o termino mula

sa mga teksbuk sa Araling Makabayan bilang datos (Torres-Rada 2017, 90). Ang resulta ng pag-aaral ay nakatulong sa pagbuo ng pamantayan sa pagsasalin/pagtutumbas ng mga termino kaugnay sa agham panlipunan.

Sa pag-aaral nina Shizhuo Yang and Zhiming Sun “On Peter Newmark: Translation theory and influence from the Chinese perspective” noong 2012, ibinahagi na nagsimulang makilala ang ideya ni Newmark sa Tsina noong huling bahagi ng ikadalawampung siglo kaya sumigla ang siyentipikong pananaliksik sa pagsasalin. Mula sa perspektiba ng mga may-akdang kapwa-Tsino, muling sinuri ang mga dulog at ugnayan sa pagsasalin ni Newmark at kung paano makatutulong ang piling prinsipyo at teorya para magabayan ang mga pananaliksik at praktika ng pagsasalin mula sa Wikang Ingles patungong Wikang Tsino.

Sa kabilang banda, masasaksihan din ang mga dayuhang batis na naglalandad ng mga kritisismo at suliranin sa pilosopiya ng pagsasalin ni Newmark. Sa pag-aaral ni Albrecht Neubert na “Some of Peter Newmark’s Translation Categories Revisited” noong 2003, binalikan ang ilang katagorya sa pagsasalin ni Newmark mula sa aklat na *Translation Today: Trends and Perspectives*. Aniya, ang sematikong pagsasalin ay hindi lamang ang simpleng pagkuha ng kahulugan ng dalawang wika, kundi pagkuha ng kahulugan sa dalawang magkaibang wika upang maiwasan ang *semantic losses* sa pagsasalin. Habang ang komunikatibong pagsasalin ay nararapat na may malalim at malawakang pag-unawa sa konteksto ng wikang isasalin. Muli ring ipinaliwanag ang konsepto ng “social translation” na isa lamang nagbibigay ng katawagan sa iba’t ibang uri ng tekstong isasalin mula sa “social texts.” Mas akmang tawagin itong “genre” ng pagsasalin para mabigyan ng kaibahan ang mas teknikal at poetikong pagsasalin. Aniya, ang teknikal na genre ay gumagamit ng teknikal na salin, habang ang poetikong genre ay may poetikong diksiyon.

Bagama’t maraming makabuluhang mga pag-aaral at naging kapaki-pakinabang ang mga konsepto at teorya ni Newmark, mababalikan ang inilathala ni Sergio Viaggio na “Contesting Newmark” noong 1991 ang mapanuring kritisismo kay Newmark, higit-kumulang dalawampu’t siyam na taon nang nakalilipas. Kung para kay Newmark, ang

pagkanatural (o naturalness) sa pagsasalin ay gramatikal at leksikal na antas, ipinagdiinan ni Viaggio na ang pagkanatural ay isang pormal na lingguwistikong antas. Aniya, hindi maaaring maibuklod ng “pagkanatural” ang teorya at praktika ng pagsasalin, dahil hindi nito naipapakita ang dialektikong koneksiyon sa pagitan ng diwa at kahulugan ng simulaing lengguwahe (o SL). Inimungkahi na nararapat bigyang-pansin ng mga nagsasalin ang “extra-linguistic sense” para maging sapat at husto ang pagsasalin. Buhat nito, hindi maaaring maging panimulang antas ng pagsasalin ang literal translation dahil walang wika ang may parehong tumbas sa sematiko, estilo, at katungkulan na antas.

Sa pagkakataong ito, hangarin ng papel na itong masusing talakayin ang bawat antas ng *Functional Theory of Language* ni Newmark, sa pamamagitan ng paglalapat ng pinagdaananang proseso sa pagsasalin ng akdang “Poor Man’s Love.” Upang maging kapaki-pakinabang ang proyektong ito sa mga iskolar ng pagsasalin at mag-aaral ng Araling Pilipino, ibinahagi ang ilang aral at kabatiran sa karanasan ng pagsasalin ng naturang maikling kuwento. Sa pamamagitan ng elektronikong pakikipag-ugnayan ng mga mananaliksik sa manunulat ng nasabing akda, personal na humingi ng pahintulot upang maisalin ang maikling kuwento.

Si Dumdum Jr. bilang Abogado at Sebwangong Manunula(t): ipinanganak si Simeon Dumdum Jr. noong 1948 sa Balamban, Cebu. Sa murang edad na labingwalong taong gulang nagsimula ang kanyang hilig sa pagsusulat. Nag-aral si Dumdum sa St. Francis Academy, Cebu noong hay-iskul at isang taon sa kolehiyo sa St. Clement’s College sa Lungsod ng Iloilo. Hinangad noon ni Dumdum na maging pari kaya agad na pumasok upang kumuha ng teolohiya sa San Carlos Seminary sa Lungsod ng Makati. Mapalad ding nakapag-aral siya ng kursong pilosopiya sa Cluain Mhuire and University College, Ireland. Hindi inaasahan ang desisyong pag-alis sa seminaryo, sa halip kumuha ng abogasya sa University of San Carlos, Cebu noong 1976. Mula rito, naging ganap na abogado at nagsilbing Regional Trial Court Judge sa Cebu sa loob ng 15 na taon. Noong 2005, nakamit ni Dumdum ang medalya “for writing the best decision in a criminal case, second level courts” mula sa Judicial Excellence Awards ng Korte Suprema ng Pilipinas (Javier 2006, tal. 4). Patuloy pa

ring nagsulat at naglathala ng iba’t ibang tula at sanaysay si Dumdum kasabay ng pagiging hukom hanggang magretiro sa edad na 66 na taong gulang noong 2015.


Unang naging manunulat si Dumdum bago pa maging hukom. Katunayan ang mga nailathalang aklat sa mga nagdaang taon: *The Gift of Sleep* (1982), *Third World Opera* (1987), *Love in the Time of the Camera* (1998), *Poems: Selected and New, 1982-1997* (1999), *My Pledge of Love Cannot be Broken* (2002), *Ah, Wilderness! A Journey through Sacred Time* (2008), *If I Write You this Poem, Will You Make it Fly* (2010), *To the Evening Star* (2013), *Eighty-four Words for Sorrow* (2014), *Partly Cloudy* (2016), *Aimless Walk, Faithful River/The Poet Learns to Dance, The Dancer Learns to Write a Poem* (2017), *Letter from Fatima* (2017), at *Marawi and Other Poems* (2019). Bilang patunay sa kahusayan at marubdob na dedikasyon sa literatura, natanggap ni Dumdum ang mga sumusunod na prestihiyosong rekonisyon: limang beses na parangal mula sa Don Carlos Palanca Memorial Awards para sa Literatura; Golden Book Award mula sa National Book Development Association of the Philippines; Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas Award for Poetry in English mula sa Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas; limang beses na parangal ng National Book Award mula sa Manila Critics Circle; Cebu Archdiocesan Mass Media Award; Honorable Mention mula sa Cultural Center of the Philippines Literary Contest; at Citation mula sa Philippine Literary Arts Council. Maihahanay si Dumdum bilang isa sa mga bantog na patnugot at nagsasalin ng mga pampanitikang Sebwano mula 1970s hanggang sa kasalukuyan kabilang sina Resil Mojares (ipinanganak: 1943), Erlinda Alburo (ipinanganak: 1946), at Vicente Bandillo (ipinanganak: 1957).

Si Peter Newmark at ang Araling Pagsasalin: Si Peter Newmark (1916–2011) ay isang propesor sa pagsasalin at isa sa pinakamahalagang pigurang nagtaguyod ng Araling Pagsasalin. Hindi lamang maimpluwensiya sa mga pangunahing lugar na nagsasalita sa wikang Ingles, datapwat sa mga nagsasalita ng wikang Pranses, wikang Espanyol, at wikang Tsino. Batid niya ang pangangailangan sa mas lumalawak na puwang sa pagitan ng teorya at praktika ng pagsasalin (Pym 2011, tal. 1). Naniniwala si Newmark na ang larangan ng pagsasalin ay may organisadong kaalaman na kapag

angkop na ginamit ay magiging kapaki-pakinabang sa larangan ng pagsasalin at sa kasanayan ng mismong nagsasalin. Mahahalintulad ito sa larangan ng agham, na may mga angkop na lenteng pundasyon upang maipaliwanag ang kaparaanan ng pisikal at buhay na mundo dahil sa sistematikong pamamaraang makaagham. Ipinagdiinan pa ni Newmark na ang antas ng pagiging natural ang nagbibigkis sa teorya ng pagsasalin (translation theory) hanggang sa teorya sa proseso ng pagsasalin (translating theory). Pumanaw si Newmark nang hindi lubos na naipapaliwanag nang husto ang mikro-prosesong nagaganap sa mga ideya sa teorya ng pagsasalin. Datapwat makikita ang mahabang pagtalakay ng mga metodo kaakibat ang kanyang pigura ng *language function* na ginamit sa teorya ng pagsasalin upang maihanay ang teorya ng tipolohiya ng teksto sa praktika ng pagsasalin. Matatagpuan ito sa kauna-unahang aklat ni Newmark na may dalawang edisyon na may titulong *A Textbook of Translation* noong 1988 at 1998.

ANG EKSPRESIBONG GAMIT NG MAIKLING KUWENTO

Nahango ni Newmark ang pagtukoy Tatlong mga Gamit ng Wika (Three Language Functions) mula sa teorya ng mga gamit ng wika (theory of the functions of language) ng Alemang sikolohista at lingguwistang si Karl Bühler (1879–1963). Masusuri ang uri ng gamit ng wika at/o teksto sa pamamagitan ng pagtukoy ng intensiyon o sa pangunahing layunin nito. Ang mga gamit ng wika ay maaaring may ekspresibong gamit, impormatibong gamit, o bokatibong gamit (tingnan ang pigura 1).



Pigura 1. Tatlong mga Gamit ng Wika (Three Language Functions)
(sariling pigura nina Liwanag, Gabunada, at Anastacio)

Ipinapakita ng pigura 1 ang dalawang magkaibang pokus ng teksto, kung saan ang ekspresibong gamit ay binibigyang-pansin ang may-akda, samantalang ang impormatibong gamit at bokatibong gamit ay binibigyang-pansin ang mambabasa.

Ang impormatibong gamit ay nakatuon sa realidad at kaalaman kung kaya may batayan ang kaayusan nito gaya ng mga teksbuk, teknikal na ulat, artikulo sa pahayagan, tesis, at siyentipikong papel. Habang matutunghayan ang mga tekstong may bokatibong gamit sa mga batas, mga alituntunin, mga materyal para sa publicity, mga anunsiyo, mga propaganda, at mga popular na literatura. Ang ekspresibong gamit ay nakatuon sa tekstong naghahayag ng damdamin ng may-akda, kaya karaniwang tono ng mga teksto nito ang ekspresyon ng sarili, malikhaing pag-iisip, at subhetibo (tingnan ang pigura 1).

Sa puntong ito, malinaw na sa ekspresibong gamit nakapaloob ang *Love in the Time of Camera* (1998) na isa sa mga akda ni Dumdum na ginawaran ng National Book Award. Sa pabalat ng *Love in the Time of Camera*, malinaw na nilayon ni Dumdum na magpahayag batay sa tagline na “*Essays on sad, funny, exasperating but altogether lovable and photogenic world.*” Ang mga matatagpuang maiikling

kuwento ay ekspresyon ni Dumdum ng kanyang sarili na naghahayag ng iba't ibang emosyon at karanasan, kadalasang hindi inaasahang mga sandali (candid shots)— ngunit maituturing na bunga ng malikhaing pag-iisip na nagbibigay-kulay sa bawat “anggulo” ng buhay.

Mula sa mga klasipikasyong ito, masasabing bahagi ng unang klasipikasyon ng ekspresibong gamit ang literaturang *Love in the Time of Camera* na may mga tula at maiikling kuwento kagaya ng pinamagatang “*Poor Man’s Love*.” Ibinungad ang natatangi ngunit masalimuot na kahulugan ng “gugma” (Binisayang termino para sa “love”). Inilahad ang karaniwang tema sa maiikling kuwentong Sebwno na may elemento ng ipinagbabawal na pag-ibig (“gugmang giatay”) dahil sa panghihimasok ng mga magulang, dahil sa malaking pagitan ng estado sa buhay, at dahil sa kinahahantungang malagim na tadhana o pagwawakas. Gayunman, hindi pa rin naglaho ang masidhing imahinasyon ng may-akda sa kabuoang kuwento, lalo na ang tatak ng *humor* sa mga isinusulat ni Dumdum nang haluan niya ng kakatwang pagtatapos ang kuwento nang pilyong napaisip ang pangunahing tauhan na hindi kailanman “matitikman” ng isang hamak na mahirap ang napakagandang mayamang dalaga.

Winika ni Newmark na kadalasang taglay ng isang teksto ang kombinasyon at/o ang pagkakaroon ng tatlong mga gamit ng wika, gayunman hindi maiiwasang may isa sa mga gamit na ito ang pinakamangigibabaw sa espesipikong teksto (Newman 2001, 21).

SEMANTIKONG PAGSASALIN NG MAIKLING KUWENTO

Ang pinakaunang suliraning mararanasan ng nagsasalin ay ang pagtiyak sa layunin ng pagsasalin ng mga teksto (o mga materyal) o kategorya ng mga teksto (o genre nito). Pagbanggit ni Newmark, hindi teorya o agham ang teorya ng pagsasalin—bagkus isa itong kalipunan ng kaalaman na umiiral at kailangan nating magkaroon ng kalipunang ito para sa proseso ng pagsasalin (Newmark 2001, 19, sariling salin).

Ayon sa Teoryang Pagsasalin (Translation Theory), dalawa ang pagtuon ng metodo ng pagsasalin: una, ang pagtuon sa simulaing lengguwahe (SL), kung saan matapat sa orihinal na wika at konteksto nito ang salin ng teksto; at ikalawa, ang pagtuon sa tunguhing

lengguwahe (TL), kung saan nakatuon sa wika at konteksto ng mambabasa ng teksto.

Sa kabilang banda, naging mas espesipiko rin ang pamamaraan ni Newmark, kung saan nagbigay ng walong metodong nahahati sa pagtuon sa SL at pagtuon sa TL na ipinakita gamit ang V diagram (maaaring tingnan sa Newmark 1988, 45). Nasa isang panig ang apat na metodo na may pagtuon sa SL tulad ng sansalita-bawat-sansalita na pagsasalin; literal na pagsasalin; matapat na pagsasalin; at semantikong pagsasalin; katumbas nito ang nasa kabilang panig na may pagtuon sa TL tulad ng adaptasyon; malayang pagsasalin; idyomatikong pagsasalin, at komunikatibong pagsasalin (tingnan sa Newmark 1988, 45). Matapos maipaliwanag ni Newmark ang walong metodo na hinati sa pagitan ng pagtuon sa SL at sa pagtuon sa TL, ipinagdiin na maaari ring magkaiba ang katapatan ng salin sa pagitan ng SL at ng TL. Aniya, mula sa walong metodong nabanggit, tanging sa semantikong pagsasalin (na may pagtuon sa SL) at sa komunikatibong pagsasalin (na may pagtuon sa TL) lamang naisasakatuparan ang layunin ng pagsasalin dahil sa pagkaeksakto at pagkaekonomikal ng pagsasalin ng mga ito (Newmark 1988, 41, sariling salin).

Ipinapakita ng pigura 2 ang layunin ng proseso ng dalawang nabanggit na metodo:




Figura 2. Layunin ng Dalawang Teorya ng Pagsasalin (Translation Theory)
(sariling pigura nina Liwanag, Gabunada, at Anastacio)

Ang semantikong pagsasalin at komunikatibong pagsasalin ay may layuning maisalin ang may-akda/teksto sa tunguhang lengguwahe (TL) ng mambabasa. Sa mas espesipikong proseso, ang semantikong pagsasalin ay nakapokus na maipaunawa sa mambabasa ang kontekstuwal na kahulugan ng may-akda ng teksto (sa SL) gamit ang lingguwistikang antas ng may-akda, sa pamamagitan ng isang pagsasalin na may semantiko at sintaktikong estruktura na pinanatili ang kahulugan ng teksto (sa TL); samantalang ang komunikatibong pagsasalin ay nakapokus para maipaunawa sa mambabasa ang kahulugan ng teksto (sa SL) gamit ang lingguwistikang antas ng mambabasa, sa pamamagitan ng isang pagsasalin na payak, banayad, at natural ang daloy na pinanatili ang mensahe ng teksto (sa TL) (tingnan ang pigura 2). Dahil layunin ng semantikong pagsasalin na maintindihan ng mambabasa ang kontekstuwal na kahulugan ng may-akda, kailangan ng mga nagsasalin na maging tapat sa may-akda, tapat sa target na wika, at tapat sa mambabasa nito. Sa kabilang panig, dahil layunin ng komunikatibong maunawaan ang kahulugan ng teksto sa pinakamadaling paraan, kailangang higit sa lahat, maging tapat ang mga nagsasalin, sa mambabasa.

Ipinaliwanag na may ekspresibong gamit ang aklat ni Dumdum kung saan kabilang ang maikling kuwentong “Poor Man’s Love” sapagkat nakapokus ang teksto sa paghahayag at ekspresyon ng subhetibo at malikhaing kaisipan ng may-akda. Mula rito, madali nang sabihing naaangkop ang semantikong pagsasalin sa pagsasalin ng maikling kuwento na may layuning maunawaan ng mambabasa ang pinakamalapit na kontekstuwal na kahulugan ng may-akda sa simulaing lengguwahe (SL) gamit ang lingguwistikang antas ng may-akda. Sa pangangailangang maintindihan ng mambabasa ang teksto (sa SL), nararapat na maging tapat sa may-akda, tapat sa target na wika, at tapat sa mambabasa nito.

Kumuha si Dumdum ng kursong pilosopiya sa Cluain Mhuire and University College, sa Ireland. Pilosopiya ang kanyang naging pundasyon na hindi lamang nagsilbing punong-balangkang sa kurso sa abogasya, bagkus kinasangkapan sa pagbuo ng mga tekstong magluluwal ng kabuluhan ng buhay, kritikal at malikhaing kaisipan sa artikulasyon ng pagsusuri ng mga panlipunang uri at

pakikipagbuno sa panlipunang hustisya. Bago ang pormal na pag-alis sa seminaryo, naging saligan naman ni Dumdum ang teolohiya sa kanyang karanasan sa San Carlos Seminary sa Lungsod ng Makati. Sa maikling kuwentong “Poor Man’s Love” ni Dumdum kapansin-pansin ang mga umiiral na teolohikal at pilosopikal na metaporikong pahayag na “langit at lupa” bilang paglalarawan ng panlipunang agwat ng mga nagmamahalan sa mga karaniwang kuwento; habang “kalooban ng diyos” ang kapalaran ng malayong panlipunang puwang na ito.

Sa puntong ito, layunin ng mga nagsasalin na marating ang lingguwistikang antas ng may-akda alinsunod sa mga teoretikal at praktisyolohikal na batis ni Dumdum bilang isang malikhain at kritikal na manunulat sa kanyang mga obra. Gamit ang sematikong metodo ng pagsasalin ni Newmark, layunin din ng mga nagsasalin na maging tapat sa may-akda, kung kaya may mga espesikong salita na minabuting panatilihin—gaya ng “gugma”—dahil ito mismo ang ginamit na kataga ng may-akda upang ipaliwanag ang Sebwanong konteksto ng pagmamahal (gugma).

Mula sa pagsusuri ng intelektuwal na talambuhay ni Dumdum, ibinahaging tubong-Cebu ang tanyag na manunula(t) kung saan lumaki, nag-aral, at nagretiro bilang hukom. Kaya sa akdang *Love in the Time of Camera* ay nagtataglay ng iba’t ibang sanaysay tampok ang kultura at pamumuhay ng mga Sebvano, at maging ang ilan sa sariling karanasan ng may-akda sa lungsod. Sa “*Sugboanong’ Taras: A Glimpse of Cebuano Personality*” (2016) nina Philip Lagahid at Nera Puyo, pinatunayan ang tatlong pangunahing katangian ng mga Sebvano gaya ng pagiging “esperituhanon” (spiritual), “garbo” (prideful), at “lumadnon” (patriotic to native roots). Maaaring ipagpalagay na taglay ng mga tekstong isinulat ni Dumdum ang pagkakaroon ng kasarilingang diwang pagpapahalaga sa mga Sebvano (o Cebuano pride). Isa sa mga indikasyon ang pagbabahagi ng ilang termino na mula sa Wikang Sebvano na hindi basta matutumbasan ng termino (sa TL). Sa unang talata ng maikling kuwento ng “Poor Man’s Love,” matatagpuan ang metaporikong paglalarawan ng natatanging salitang Sebwanong “gugma:”

Orihinal: *Gugma*, the Cebuano word for love, is not exactly love, as for instance, the Yanks or the Brits understand

it. If love is redness, *gugma* is the redness of the Cebuano rose, product of Cebu's rain, sun and soil. *Gugma* has therefore a definite Cebuano soil, a complex one, as souls go.

Salin 1: *Gugma*, ang salitang Sebwano para sa love, ngunit hindi ang eksaktong love na naiintindihan ng mga Kano o mga Briton. Kung love ang pagkapula, ang *gugma* ang pagkapula ng Sebwano ng rosas, ang produkto ng ulan, araw, at lupa ng Cebu. Samakatwid, katangi-tangi ang *gugma* sa mga Sebwano, komplikado ito tulad ng usapin tungkol sa paglisan ng mga kaluluwa.

Batay sa salin 1, kapansin-pansing hindi pinalitan ng mga nagsasalin ang “*gugma*,” habang pinanatili naman ang kahulugan ng mas unibersal na salitang “*love*” sa Wikang Ingles. Hindi basta maisasalin ang salitang Cebuanong “*gugma*” dahil tinutukoy nito ang partikular na uri ng pagmamahal na hindi makasarili at kayang magsakripisyo para sa iba. Maihahawig ito sa salitang Griyegong *Agape* na nangangahulugang pagmamahal na walang kondisyon at hindi masusukat kung sa gayun itinuturing na pinakamataas na uri ng pagmamahal. Kaiba ito sa mga salitang Tagalog na pagmamahal na nakaangkla sa konsepto ng halaga at pag-ibig na nakaugnay sa konsepto ng pagnanais. Pagdidiin pa ni Newmark sa semantikong pagsasalin: “*it may translate less important cultural words by culturally neutral third or functional terms, but not by cultural equivalents*” (Newmark 1988, 46). Kaya sa halip na gamitan ng pagtutumbas, minabuting panatilihin ang iba pang binanggit na mga salitang Sebwano mula sa maikling kuwento ni Dumdum katulad ng “*gugmang kubus*,” “*langit ug yuta*,” “*lana ug tubig*,” “*pagbuot sa Ginoo*,” at “*ulipon sa gugmang giatay*.” Sa mas epesipikong paraan, naging tapat sa may-akda at kultura (ng SL) ang mga nagsasalin alinsunod sa semantikong pagsasalin sapagkat naging obhetibo at pinanatili ang mga eksaktong salitang nabanggit. Isinasagawa ito kapag mahirap maintindahan ang konotatibong kahulugan ng teksto (sa SL). Samantalang ang komunikatibong pagsasalin ay subhetibo at pinagtutuunan ang tugon ng mambabasa

at tinitiyak ang pagsasalin nito para lubos na maintindihan ang teksto (sa TL) (Fengling 2017, 37, sariling salin).

Mas mahusay kapag mas mauunawaan ang ibig sabihin ng may-akda/teksto, sa paraang maganda at may natural na tono, dahil ito ang hahatak sa kanya na magsalin (Newmark 47-48, sariling salin). Kahit pa tila naging empatiko si Newmark sa may-akda/teksto, nararapat ding maging tapat sa target na wika. Kailangang madiskubre ang pagiging natural ngunit tunay, at masalimuot ngunit detalyado, sa paraan ng pagsulat (kahit pa tila hindi ito ang nakagawian ng nagsasalin). Sa pangalawang talata ng maikling kuwento ng “Poor Man’s Love,” matatagpuan ang natural na tono ng pagsasalin alinsunod semantiko (kahulugan) at sintaktikong estruktura (kaayusan):

Orihinal: Now, what emotions and evocations does it stir in the Cebuano heart, in the hearts, for example, of the Cebuano middle class, the clerks, the teachers, the salesgirls, the students? These are the people who are likely to write the stories about love (the very poor are illiterate and the rich have other, more interesting things to do).

Salin 2: Ngayon, ano ang mga damdamin at paggunita ang nililikha nito sa puso ng mga Sebwano, halimbawa sa puso ng panggitnang uring Sebwano, mga empleado, mga guro, mga saleslady, at mga mag-aaral? Ito ang mga uri ng tao na malamang magsusulat ng kuwento tungkol sa love (hindi makabasa o makasulat ang mahihirap at may iba pang mas interesanteng magagawa ang mayayaman).

Batay sa salin 2, kapansin-pansin ang sistematikong pagpapanatili ng pagkakaayos (syntactic), pagsasatono (intonation), at pagbabantas (punctuation) ng mga salita at pangungusap. Kaya minabuting panatilihin ang tatlong nabanggit na mga elementong ito sa kabuoang pagsasalin ng maikling kuwento. Sa mas epesipikong paraan, naging tapat sa target na wika ang mga nagsasalin sa ekspresibong anyo ng semantikong pagsasalin upang

magampanan ang orihinal na pagkakatulad sa teksto (sa SL) sa pamamagitan ng pagpapanatili ng *vocative effect* nito. Samantalang kapag isasagawa ito sa komunikatibong pagsasalin ay may panibagong pagkakaayos ng mga salita at parirala upang mas madaling maintindihan ang mga pahayag na banayad, payak, at natural na nagmumula sa nagsasalin (Fengling 2017, 37).

Malinaw na inuudyok ang katapatan sa pagsasalin ng masalimuot at detalyadong pagkakasulat ng may-akda sa paraang natural at tunay na may hangaring maging tapat sa mambabasa. Dahil nakapokus sa proseso ng pag-iisip ng may-akda ang semantikong pagsasalin, kinakailangang magsilbi itong katuwang ng mambabasa sa mga pahiwatig (connotation) na pundamental na bahagi ng mensahe ng teksto. Sa pangatlong talata ng maikling kuwento ng “Poor Man’s Love,” matutunghayan ang pagsisikap na marating ang pragmatikong talab ng pagsasalin para sa mga mambabasa:

Orihinal: Accordingly, the best way to fathom the depths of *gugma* is to read these stories.

Salin 3: Alinsunod dito, ang pinakamainam na paraan para maunawaan ang kalaliman ng *gugma* ang pagbabasa ng mga kuwento tungkol dito.

Batay sa salin 3, kapansin-pansin ang tuwirang pagsunod ng mga nagsasalin sa sistema ng pag-iisip ng may-akda dahil tunguhin ng mapanatili ang kahulugan nito para sa mambabasa. Sa tinukoy na pangatlong talata na ito, isa sa napakatamang paraan ng pagsasalin komunikatibong dulog ay: “*pinakamagandang masalin ang mga kuwento tungkol sa gugma para maintindihan ito.*” Ngunit sa mas espesipikong paraan, naging tapat sa may-akda, sa target na wika, at maging sa mambabasa nang panatilihin ang salitang may kontekstuwalisadong kahulugan (halimbawa, ang “gugma”), nang sundin ang estruktura, kaayusan, at pagbabantas; at nang maisalin ito sa tunay ngunit natural na paraan. Hindi man talagang natural na ginagamit sa komunikatibong pag-uusap ang mga salita o pariralang natagpuan sa naging pagsasalin (i.e., alinsunod dito, pinakamainam, o gugma), naging banayad na tunay ngunit natural ang estratehiya ng mga nagsasalin nang

kinasangkapan ang likas na pormal na anyo ng mga salita at pariralang pampanitikan, gayundin ang detalyadong katapatan sa kabuoang organisasyon ng teksto (na nasa SL).

Samakatwid, ang layunin ng semantikong pagsasalin ay holistikong isinasaalang-alang ang pagiging tapat sa may-akda, tapat sa target na wika, at tapat sa mambabasa. Sa mas espesipikong paraan, ang semantikong pagsasalin ay pagpapanatili ng mga salitang may kontekstuwalisadong kahulugan; pagpapanatili ng pagkakaayos, pagsasatono, at pagbabantas ng mga salita at pangungusap; at pagpapanatili ng sistema ng pag-iisip ng may-akda sang-ayon sa teksto (sa SL) dahil mithiing panatilihin ang kontekstuwal na kahulugan nito sa lingguwistikang antas ng may-akda para sa mambabasa.

Ngunit makikita sa pagsasalin na hindi lamang kahulugan lingguwistika ang nailuwal, kundi pati ang kultural at natural na poetiko ng Sebwano na mapapansin sa paghahayag ng istorya ng *love* at *humor* sa maikling kuwento. Mapapansin ito sa pagpapanatili ng orihinal na termino “gugma” upang maging tapat sa may-akda ng maikling kuwento kahit na nakasulat sa wikang Ingles. Maliban dito, mapapansin din na napanatili ang *humor* ng maikling kuwento kahit pa naisalin na ito (tingnan ang mga salin). Maaaring sabihin mula rito na nakapagpahayag din ng kultura at natural na poetiko ng teksto ang semantikong metodo ng pagsasalin, bagaman sinasabing nakatuon sa lingguwistikong antas (semantiko at sintaktiko istruktura). Patunay ito na hindi mahihiwalay ang kahulugan (lingguwistikong antas) ng mga salita sa kultura ng teksto. Dahil dito, masasabing nag-iba (hindi klaro) ang pagitan o kaibahan ng semantiko at komunikatibong pagsasalin.

ILANG KINAHARAP NA SULIRANIN SA PAGSASALIN NG MAIKLING KUWENTO

Unang suliranin na kinaharap ng mga nagsasalin ay kung kailan pananatilihin ang mga salita (sa SL) at kung kailan maghahanap ng mga katumbas na salita (sa TL), partikular na sa pagsasalin ng mga salitang “gugma” at “love” patungo sa wikang Filipino. Para matugunan ito, isinagawa ang transference o pananatili ng mga natukoy na salita mula sa SL patungo sa TL. Ayon sa teksto (sa SL), tinutukoy ng salitang “love” ang unibersal na konsepto ng pag-ibig/

pagmamahal. Bagaman tumutukoy sa “love”, hindi lamang nito basta matutumbasan ang salitang “gugma” dahil nakaugay ito sa kultural na konsepto ng “love” ng mga Sebwano. Ginamit sa malaking bahagi ng akda ang salitang “love,” subalit hindi ang unibersal na konsepto ang laging tinutukoy nito.

Sa pamagat pa lamang ng akda na “Poor Man’s Love,” maaaring maisalin ang salitang “love” bilang “pag-ibig” o “pagmamahal” sa Wikang Filipino na may magkaibang kahulugan sa sosyolingguwistikang pagsusuri. Parehong nagsisimula ang mga salitang “pag-ibig” at “pagmamahal” sa unlaping “pag-” na pinaikling “kapag” at kabaliktaran ng “pagka.” Ang “pag-ibig” ay may salitang-ugat na “ibig” na nangangahulugang “nais, gusto, mithi, o hangad.” Mula rito, mabubuo ang kahulugan ng “pag-ibig” kapag “nais, gusto, mithi, o hangad” ang isang tao o bagay. Samantala, ang “pagmamahal” ay may salitang-ugat na “mahal” na nangangahulugang “may mataas na halaga.” Sa pormal o seremonyal na paggamit ng Filipino, ginagamit ang “mahal” (halimbawa, “mahal na pangulo”) sa pagkilala sa mataas na katungkulan at pagpapakita ng paggalang. Bukod dito, ang “pagmamahal” ay nangangahulugan ding “may mataas na pagpapahalaga” sa isang tao o bagay. Sa pagsasalin ng Ingles na pamagat na “Poor Man’s Love,” isinalin ito bilang “Pag-ibig ng Isang Mahirap” dahil masasabing hindi umabot sa antas ng “pagmamahal” ang lalaki sa saglit na oras na masilayan ang babae sa talyer, bagkus, may “pag-ibig” lamang batay sa natunghayang pisikal na katangian nito.

Pangalawang suliranin na kinaharap ng mga nagsasalin ay kung ano ang mga angkop na salita hindi lamang para sa kasarian, kundi pati na rin sa edad ng mga tinutukoy, partikular na sa pagsasalin ng mga salitang “lad” at “boy,” gayundin ang “lassie” at “girl.” Para matugunan ito, isinagawa ang componential analysis o paghahambing at pagtutumbas ng mga salita kaugnay ng semantikong ugnayang nangyayari sa bokabularyo para matiyak na sasakto sa tinukoy na konteksto ang salin.

Ginamit sa akda (sa SL) ang mga salitang “lad” at “boy” bilang pantukoy para sa lalaki sa kuwento; habang “lassie” at “girl” bilang pantukoy sa babae. Bukod sa kasarian, pinatutungkulan din nito ang edad na kinabibilangan ng mga tauhan. Maaaring gamitin sa salin (sa TL) ang mga salitang “binatilyo” o “binata” sa pagsasalin una; at

“dalagita” o “dalaga” para sa ikalawa. Ang salitang “lad” ay may katumbas sa Ingles na “boy,” “young man,” o “youth,” habang ang salitang “lassie” ay may katumbas sa Ingles na “girl” o “young woman.” Sa Wikang Filipino, tinatawag na “binatilyo” o “dalagita” ang mga nasa edad 11–12 na taong gulang dahil itinuturing silang “hindi na bata” ngunit “hindi pa rin ganap na binata o dalaga” (Javier 2007, 95–96). Samantala, tinatawag na “tinedyer” na mula sa “teenager” ang mga nasa edad 13–19 (Javier 2007, 95). Kung ibabatay sa estado sibil, “binata” o “dalaga” rin ang tawag sa mga indibidwal na “wala pang asawa.” Subalit dumarating ang panahon kung saan tinatawag ng “matandang binata” o “matandang dalaga.” Iba-iba ang batayan ng edad, kaya maituturing na isang penomenolohiko ang konsepto ng “matanda” at ang pagiging “binata” o “dalaga.” Tinutukoy rin sa sosyo-sikolohikal na pananaw na nilampasan na ng pananda sa pag-aasawa ang “matandang binata” o “dalaga.” Samakatwid, mainam na gamitin sa pagsasalin ng akda ang salitang “binata” para sa mga salitang “lad” at “boy,” habang “dalaga” naman para sa “lassie” at “girl.”

Pangatlong suliranin na kinaharap ng mga nagsasalin ay kung paano maisasalin ang mga salita upang malinaw ang paliwanag, konteksto, at biswalisasyon sa isang hindi inaasahang pangyayari sa maikling kuwento.

Orihinal: Once the wife decapitated a crossing duck because I slipped into my daydream.

Salin 4: Isang beses napugutan ng minamanehong kotse ng aking asawa ang tumatawid na itik dahil nananaginip ako nang gising.

Para matugunan ito, isinagawa ang pamamaraang triplets sapagkat kinasangkapan ang pagsasama-sama ng tatlong estratehiya para masolusyonan ang natukoy na suliranin sa pagsasalin. Una, kinailangang maisalin ang salitang “decapitated” na nangangahulugang “*to cut off the head of a person [or animal]*” (mula sa *Cambridge Dictionary*). Mula rito, malinaw na ginamit ang neutralisation, sapagkat mahalagang maipaliwanag kung bakit at paano napugutan ang tumatawid na bibe. Naganap ito nang nasagasaan “ng minamanehong kotse ang tumatawid na bibe” dahil sa “nananaginip

nang gising” ang may-akda. Kung palasak itong isasalin bilang “pinugutan,” maaaring magkaroon ng kakulangan sa konteksto kung bakit o kung paano “napugutan” ang bibe. Ikalawa, masasabing may iba’t ibang salitang maaaring gamitin sa pagsasalin ng salitang “duck.” Katumbas ng salitang duck (sa SL) ang salitang pato (sa TL) upang tukuyin ang pangkahalatang tawag sa iba’t ibang uri ng mga ibon na may kakayahang lumangoy, may waterproof na balahibo, at may mala-sapot na paa. Ilan sa mga tawag sa partikular na uri nito (sa TL) ang bibe (patong kulay puti), itik (patong kulay itim o kape at ginagawang balut at penoy ang mga itlog), gansa (mas malaki sa bibe), sinse (mas mabigat, mas malaki, at mas mahaba ang leeg kaysa sa gansa). Sa kontekstuwal na tumbasan sa wikang Cebuano (pinagmulan ng may-akda at lipunang tinutukoy sa kuwento) isinasalin ang salitang duck na itik (Canonigo 2015, 28). Ikatlo, isinalin ang salitang “daydream” sa pamamaraan ng pagsasaling angkop sa konteksto pangungusap. Malinaw na gumamit ng componential analysis dahil sa kultura (sa TL), “nananaginip nang gising” ang sandaling pagkawaglit sa ulirat habang nakamulat ang mga mata. Maaari rin itong tumbasan ng “pangarap nang gising, pantasya, o pag-ilusyon,” subalit tinutukoy na nito ang uri ng panaginip. Sa kasong ito, mas mainam na gamitin ang “nanaginip nang gising” bilang pantukoy sa mismong aksiyon.

Pang-apat na suliranin ang pagsasalin ng mga metapora (sa SL) at pagsusuri ng angkop na salita sa kultura (sa TL). Sa pagsasalin ng metapora, mahalagang matumbasan (sa TL) ang pangunahing kahulugan at kultural na konteksto (sa SL) nito. Ang metapora ay maaaring reperensiyal dahil imposible ang literal na paglalarawan o maaaring estetika upang makapagpahiwatig sa malikhaing paraan (Newmark 1988, 104, sariling salin).

Orihinal: And my man (age 20) sighed, “ay, my humble lizard can never hope to savor such a flavor.

Salin 5: At napabuntong hininga ang lalaki (edad 20), “Hay, wala nang pag-asa ang mapagkumbaba kong alaga na malasap ang ganoong linamnam.”

Batay sa salin 5, nasabi ang pahayag ng binata matapos niyang masulyapan ang magandang dalagang nakasakay sa kotseng

Mercedes. Kapag pagbabatayan ang intuwisyon, maaaring gamitin ang literal na pagsasalin sa paglilipat-diwa ng metapora, subalit mainam din na magsagawa ng konsultasyon sa ilang indibidwal na pamilyar sa konteksto ng “usaping lalaki” sa pagtutumbas ng konsepto na maunawaan ng mga mambabasa. Maliwanag na kinasangkapan ang cultural equivalent sa puntong ito. Mula sa konteksto (sa SL), ginamit ang metaporang “humble lizard” bilang pantukoy sa biyolohikal na ari ng lalaki, habang salitang “flavor” ang ginamit na pantukoy sa nakitang babae. Sa konteksto (sa TL), ginamit ang salitang “alaga” na karaniwang tumutukoy sa “ari” ng mga lalaki. Kaya mawawaring may tono ng pang-iinsulto sa kalalakihan kapag inihambing ang laki ng ari sa aktuwal na sukat ng butiki.

Sa kabuoan, ang mga kinaharap na mga suliranin ay ang pagsasalin ng mga salita (sa SL) na may dalawang katumbas na termino (sa TL). Katulad ng naging hakbang ng mga nagsasalin, mahalaga ang malalimang pagsusuri ng kahulugan ng mga salita (sa SL) at ang pagdalumat sa kahulugan ng nakitang katumbas na mga salita (sa TL) upang matiyak ang mga gagamiting tugmang salita na may akmang kontekstuwal na kahulugan.

ANG PAGGAMIT NG INTUWISYON SA PROSESO NG PANGKALAHATANG PAGSASALIN NG MAIKLING KUWENTO

Para kay Newmark, ang Mga Antas sa Teorya sa Pagsasalin (Levels on Theory of Translating) ay mas nakatuon sa mismong aktuwal na proseso sa pagsasalin. Nagmumula ito sa isang teksto (sa SL) alinsunod sa konteksto at panahon, patungo sa makahulugang mga pangungusap, at hanggang sa matamo ang malinaw na ugnayan ng mga pangungusap upang makabuo ng isang teksto (sa TL) na may natural na pagsasalin. Layunin nitong maunawaan ng nagsasalin ang pagdaraanang proseso hanggang sa marating ang natural na pagsasalin. Pagsasaad ni Newmark, walang purong obhetibo o subhetibo, at walang matatag at perpektong batas sa pagsasalin, pawang aproksimasyon lamang ang sukdulang gawain ng nagsasalin (Newmark *Approaches* 21, sariling salin). Dahilan ng nasabing perspektibang ito ang pagbuo ni Newmark ng dalawang magkaibang panig bago ang aktuwal na teorya ng “proseso ng iba’t ibang antas ng pagsasalin.”




Figura 3: Mga Antas sa Teorya sa Pagsasalin (Levels on Theory of Translating)
(sariling pigura nina Liwanag, Gabunada, at Anastacio)

Ang unang panig ay karaniwang ginagamitan ng intuwisyon (o kutob) na mas angkop sa mga tekstong pampanitikan o ng mga tekstong madaling maisalin (tingnan sa Figura 3). Maliwanag na mas kapaki-pakinabang sa panig na ito ang pagsasalin ng maikling kuwentong “Poor Man’s Love” kung saan mas umiiral ang intuwisyon (o kutob) sapagkat kabilang ito sa mga tekstong pampanitikan. Isinasalin ang teksto (na nasa SL) kada-pangungusap upang mapakiramdaman, makuha ang tono, at maunawaan ang nalilikhang emosyon sa tono ng teksto. Panatilihin muna ang nabuong pagsasalin, maaaring rebisahing muli, at saka babasahin ang kabuoang teksto (na nasa SL) (Newmark *A Textbook* 21, sariling salin). Paalala ni Newmark, maaaring maharap sa napakaraming rebisyon sa umpisa ng metodong ito. Ang pangalawang panig ay karaniwang ginagamitan ng malalim na pagsusuri na mas angkop sa mga tekstong teknikal/institusyonal o mga tekstong mahirap maisalin (tingnan sa pigura 3). Isinasalin ang teksto (na nasa SL) matapos mabasa ng dalawa hanggang tatlong beses ang kabuoang teksto, para maunawaan ang intensiyon, register, at tono, at matukoy ang mahihirap na salita at pahayag. Paalala rin ni Newmark, maaaring maging mekanikal na gawain ito at kinakailangan ng matiyagang pagsusuri ng pagsasaling-teksto bilang batayan sa umpisa ng metodong ito, at hangga’t maaari, nililimitahan ang pag-iral ng intuwisyon (o kutob) sa pagsasalin (*Ibid.*). Matapos maitakda ang gagamiting metodo, maaaring malay o hindi lubusang malay ang nagsasalin, na pagdadaan ang apat na antas ng pagsasalin: ang tekstuwal na antas, ang reperensiyal na antas, ang kohesibong antas, at ang natural na antas ng pagsasalin.

TEKSTUWAL NA ANTAS NG PAGSASALIN

Ang unang antas ay tekstuwal na antas ng pagsasalin kung saan umiiral ang intuwisyon (o kutob) ng nagsasalin at awtomatikong pagsasagawa ng partikular na “paglilipat-salita.” Magaganap ito sa pamamagitan ng transposisyon ng balarila (o grammar) (ng SL) sa kanilang nakahandang tumbas (sa TL), at saka magsalin sa mga leksikal na yunit na angkop sa konteksto ng pangungusap (Newmark 1988, 22, sariling salin).

Tingnan ang salin 6 na may tekstuwal na antas ng pagsasalin:

Orihinal: A poor chauffeur who falls in love with his master's daughter wins her only after she suffers an accident that leaves her so ugly nobody else will have her.

Salin 6 Isang mahirap na drayber ang nahulog sa pag-ibig sa anak na babae ng kanyang amo na napanalunan lamang niya matapos makaranas ng isang aksidente na nag-iwan sa kanya ng sobrang kapangitan kaya wala ng magkagusto sa kanya.

Batay sa salin 5, kapansin-pansin ang orihinal na teksto lamang ang naging batayang antas ng pagsasalin. Sa tekstuwal na antas, ang pagsasalin ng “falls in love” ay literal na “nahulog sa pag-ibig,” ang pagsasalin ng “wins” ay literal na “napanalunan,” at ang pagsasalin ng “so ugly” ay literal na “sobrang kapangitan,” dahil ang antas ding ito ay literal na pagsasalin ng simulaing lengguwahe (SL) patungo sa tunguhang lengguwahe (TL). Isa lamang ito sa napakaraming pagsasalin sa tekstuwal na antas. Gayong payak at daglian ang pagsasalin, isang hamon ang antas na ito dahil kinakailangang maalis ang pagkaalanganin ng nagsasalin, gaano man kahindi-natural-pakinggan ang salin, magsisilbi itong pundasyon sa pagwawasto sa oras ng *paraphrasing* at pagbabawas ng mga salitang magkakasingkahulugan habang umuusad ang pagpapakinis nito. Hindi istrikto ang tekstuwal na antas na mapako ang nagsasalin sa antas na ito. Katulad ng payo ni Newmark, “maaaring nasa ibang antas ang isip ng nagsasalin, habang pinagtutuunan din ang iba pang antas sa proseso ng pagsasalin. Ang pagsasalin ay isang gawain kung saan kailangang mag-isip ng iba’t ibang bagay nang sabay-sabay” (Newmark 2001, 22, sariling salin).

REPERENSIYAL NA ANTAS NG PAGSASALIN

Ang pangalawang antas ay reperensiyal na antas na kasabay ng tekstuwal na antas ng pagsasalin (tingnan ang Figura 3). Dito umiiral ang banayad at tuloy-tuloy na linaw sa isip ng nagsasalin kung tungkol saan

ang teksto, kung para saan ang teksto, at kung ano ang natatanging pananaw ng may-akda. Malalaman kung tungkol saan ang teksto sa pamamagitan ng pagpapasimple ng mga salita o paggamit ng iba’t ibang sanggunian (ensiklopedya, diksiyonaryo, at iba pa) para sa bawat malabong pangungusap (na marahil matalinghaga o may malalim na kahulugan).

Tingnan ang salin 7 na may pinagsamang tekstuwal at reperensiyal na antas ng pagsasalin:

Orihinal: A poor chauffeur who falls in love with his master's daughter wins her only after she suffers an accident that leaves her so ugly nobody else will have her.

Salin 7: Isang mahirap na drayber ang umibig sa anak na babae ng kanyang amo na napanalunan lamang niya matapos makaranas ng isang aksidente na nag-iwan sa kaniya ng sobrang kapangitan kaya wala ng magkagusto sa kaniya.

Batay sa salin 7, masasaksihan ang kompromiso sa pagitan ng teksto at ng tiyak na katotohanan. Sa textual na antas, habang literal na isinasalin ang teksto, maiisip na kung tungkol saan ang teksto sa naging posibleng “pag-ibig” ng isang drayber sa isang mayamang dalaga dahil siya lamang ang nakatanggap sa naging hindi kaaya-ayang pisikal na anyo nito sanhi ng aksidente. Nakatulong sa puntong ito ang biswalisasyon ng sinasabi ng teksto, pagdagdag ng ilang salita o ng impormasyon mula sa antas ng realidad o itinuturing na totoo para sa teksto. Semantikong pagsasalin ang ginawa sa akda kung kaya mahalaga ang pagtuon sa pagsasalin ng salitang kultural (sa SL) upang mapanatili ang kontekstuwal na kahulugan (sa TL) sa linggwistikang antas ng may-akda.

Habang sa reperensiyal na antas, mababanaag na matapos ang unang pagsasalin na maaaring maitumbas ang salitang “fell in love” (sa SL) ayon sa sosyolinggwistikang kahulugan (sa TL) ang mga salitang “nahulog ang loob” at “umibig.” Magkahawig ang dalawang salita, ngunit may manipis na pagkakaiba sa kahulugan. Ginagamit sa Wikang Filipino ang ekspresyong “nahulog ang loob” upang tukuyin ang paghantong sa pagtitiwala sa tao (sa materyal man o di-materyal na

usapin). Samantala, isang pakiramdam ang “umibig” kung saan kinaya o ninais matapos lubusang “mahulog ang loob” nito. Kung gayon, tiwala ang naibibigay sa “pagkahulog ng loob,” habang may kaakibat na pagkilos para sa “umiibig.” Mawawaring “hulog na hulog ang loob” ng isang umiibig. Sa puntong ito, maririnig mula sa “umiibig” ang karaniwang linyang “nahulog na ang loob ko sa kaniya,” o kaya “sa palagay ko nga iniibig ko na siya.” Sa reperensiyal na antas, naaangkop na gamitin ang salitang “umibig” para sa pagsasalin ng tekstong ito (tingnan muli ang salin 6).

Samakatwid, patuloy na abala ang nagsasalin sa parehong tekstual at reperensiyal na antas, nagkakaroon na ng katuturan ang katotohanan at ang lingguwistika, ang buhay at ang wika, ang sanggunian at kahulugan. Habang binubuo ito ng nagsasalin, lalo nang lumilina ang mga salita at pangungusap ng teksto (na nasa SL).

KOHESIBONG ANTAS NG PAGSASALIN

Ang pangatlong antas ay ang kohesibong antas ng pagsasalin, ito ang antas na nag-uugnay sa tekstual at sa reperensiyal na antas ng pagsasalin (tingnan ang Pigura 3). Maraming pagkakaiba ang panumbas na salita at estruktura ng wika (sa tekstual na antas), kaya nabibigyan ng solusyon ito sa pamamagitan ng paggamit ng suplemental na impormasyon (sa reperensiyal na antas). Umiiral ang ilang salik sa kohesibong antas gaya ng estruktura, lagay ng loob, tono at pakiramdam. Malawak ang sakop ng antas na ito—sinusuri ang estruktura ng pangungusap mula leksikal, bantas, at pagkakaugnay nito upang mabuo ang teksto. Sa pamamagitan nito, maiintindihan ang nalilikhang lagay ng loob (positibo, negatibo, at neutral), at tono at nililikhang emosyon sa teksto.

Tingnan ang salin 8 na may kohesibong antas ng pagsasalin:

Orihinal: A poor chauffeur who falls in love with his master's daughter wins her only after she suffers an accident that leaves her so ugly nobody else will have her.

Salin 8: Isang mahirap na drayber ang umibig sa anak na babae ng kanyang amo na nakuha lamang niya matapos makaranas ng isang

aksidente na naging dahilan ng kaniyang sobrang kapangitan kaya wala ng magkagusto sa kaniya.

Batay sa salin 8, muling sinuri sa antas na ito ang kahulugan ng ilang salita ayon sa semantikong gamit nito sa pangungusap. Una, ang salitang “win” (sa SL) ay may katumbas na “pagkapanalo” (sa TL), na nangangahulugang “pagkapanalo sa loob ng indibidwal” alinsunod sa konteksto nito. Gayunpaman, mapagtatantong mas mainam na gamitin ang salitang “nakuha” dahil madalas na nauugnay ang konotasyon ng salitang “panalo” sa pagkamit ng mga materyal na bagay. Ikalawa, pinalitan din ang salitang “nag-iwan” (mula sa salin 6) ng pariralang “naging dahilan” (tungo sa salin 7) batay sa konteksto nito. Dahil kapag susuriin ang semantikong kahulugan ng salitang Ingles na “leaves” sa pangungusap (sa SL), ipinapahayag na dulot ng aksidente ang nangyari sa dalaga. Hindi ito naaakma sa literal na salin nitong “nag-iwan,” sa halip mas naaangkop ang deskriptibong katumbas nito na “naging dahilan.” Hangga’t maaari, pinanatili ng mga nagsasalin ang ayos ng salita at bokatibong tono ng pangungusap alinsunod sa semantikong pagsasalin.

Mula rito, makikita na isinasalang-alang ang haba ng talata at ng mga pangungusap upang maangkop ang mga salita sa estruktura, lagay ng loob, at tono ng teksto (na nasa SL) sa pagsasalin ng teksto (na nasa TL). Samakatwid, ang kohesibong antas ay nagsisilbing makinarya para mapanatili ang pagkakaisa ng diwa at pinagtutuunan ng kabuoang teksto. Maaari ding pansamantalang matantiya sa yugtong ito kung maganda ang isinagawang pagsasalin o kinakailangan pa ng rebisyon.

NATURAL NA ANTAS NG PAGSASALIN

Ang panghuling antas ay ang natural na antas ng pagsasalin, kung saan nararapat na umiral ang sining ng mental na paghihiwalay ng sarili sa teksto (sa SL) at kadalubhasaan ng nagsasalin sa gagamiting wika na nakatuon sa gramatikal at leksikal na pagsasalin ng teksto (na nasa TL). Kailangan sa yugtong ito ang paulit-ulit na pagbasa ng sariling pagsasalin at pagpapalit ng mga salitang hindi-tunog-natural. Kapag may sapat pang panahon, obligadong rebyuhin muli ng nagsasalin ang sariling bersiyon ng pagsasalin. Sa unang tingin, mukhang madali

lamang marating ang natural na antas ng pagsasalin, ngunit may ilang konsiderasyong nararapat na tiyakin tulad ng katuturan ng pagsasalin; at ang natural at karaniwang gamit sa wika (gaya ng nakasanayang balarila, idyoma, at salitang ginagamit sa partikular na sitwasyon). Mahalaga ang pagbasa sa sariling bersiyon, malalaman sa gawaing ito ang pagkanatural kung masasabi na tila walang umiiral na orihinal na teksto (sa SL) batay sa isangawang pagsasalin.

Tingnan ang salin 9 na sinikap na marating ang natural na antas ng pagsasalin:

Orihinal: A poor chauffeur who falls in love with his master's daughter wins her only after she suffers an accident that leaves her so ugly nobody else will have her.

Salin 9: Isang mahirap na drayber ang umibig sa anak na babae ng kanyang amo na napasakanya lamang matapos makaranas ng isang aksidenteng naging dahilan ng kaniyang sobrang kapangitan kaya wala ng ibang magkakagusto sa kaniya.

Muling nagsagawa ng rebisyon ang mga nagsasalin upang marating ang pagiging natural ng teksto (sa TL). Pinalitaan ang salitang “nakuha” ng salitang “napasakanya,” dahil batay sa mahabang karanasan at kasanayan ng mga nagsasalin sa iba’t ibang babasahin, mas karaniwang ginagamit itong termino sa mga pampanitikang akda tungkol sa “pag-ibig.” Buhat dito, maaari ding balikan ang reperensiyal na antas kung saan kapag gagamitin ang salitang “nakuha” bilang biswalisasyon ng sinasabi ng teksto, may kababawan at tila may sapilitang naganap batay sa konteksto/sitwasyon. Mas naaangkop ang “napasakanya” upang tukuyin na “umibig” o “nahulog na rin” ang isang indibidwal sa taong umiibig. Kung ganoon, ang pagiging natural ng isang teksto ay binubuo ng iba’t ibang idyoma, estilo, at register na pangunahing tinutukoy ng tagpuan ng teksto. Sa pagtiyak ng tagpuan, tinitingnan kung saan tipikal na inilalathala o nakikita ang teksto at kung sino ang may-akda, ano ang paksa, at kung sino ang mga kadalasang mambabasa nito.

Sa kabilang banda, kailangang malaman ang pagkakaiba ng “natural na ginagamit”

mula sa “karaniwang ginagamit.” Ang “natural na ginagamit” ay nasa pagitan ng pormal at impormal, madaling maintindihan, at nabuo mula sa pinakamadalas na ginagamit na estruktura at salita; habang ang “karaniwang wika” ay ang pinakapuso ng wikang natural na nabubuo. Naiiba rin ang natural na pagsasalin sa “kaswal na pagsasalin,” dahil malalaman ang pagkakasunod-sunod ng mga salita at estruktura sa natural na pagsasalin. Sa pagtukoy ng pagkakaiba ng “kaswal” sa “natural,” ipinagdiin ni Newmark ang mga sumusunod na puntos: pagkakasunod-sunod ng mga salita; mga salita o pangungusap na produkto ng pagsasalang sansalita-bawat-sansalita; mga salitang may iisang kahulugan; ang pagiging angkop ng salitang ginamit; pagkaluma ng mga salita (ngunit depende pa rin sa kalikasan ng nagsasalita o sa tagpuan; at mga kapansin-pansing hindi angkop na salita o pangungusap, o ilang bahaging hindi natural (Newmark 1988, 28, sariling salin).

Mula sa pagsusuri ng mga antas na ito, makikita ang pagkaka-iba ng mga “katumbas” na salita sa TL ayon sa iba’t ibang antas ng pagsasalin. Halimbawa, sa tekstuwal na antas (*falls in love -nahulog sa pag-ibig, wins-napanalunan*); sa Reperensiyal na antas (*falls in love-umibig, wins-napanalunan*); sa Kohesibong antas (*falls in love-umibig, wins-nakuha*); at sa Natural na antas (*falls in love-umibig, wins-napasakanya*). Ipinapakita sa bahaging ito ng papel ang pagsusuri sa teorya ng antas ng pagsasalin ni Newmark kung saan maaring may pagbabago sa mga katumbas na salita ng TL depende sa antas ng pagsasalin. Patunay lamang ito sa pahayag ni Newmark na walang purong obhetibo o subhetibo, at walang matatag at perpektong batas sa pagsasalin, pawang aproksimasyon lamang ang sukdulang gawain ng nagsasalin (Newmark 2001, 21).

Gayunpaman, mapapansin ang pagpapanatili o “hindi pagsasalin” ng salitang “gugma” (love) sa semantikong metodo ng pagsasalin habang sa pagsusuri ng iba’t ibang “Antas ng Pagsasalin” ni Newmark, ang salitang “love” ay may ibang katumbas ayon sa antas ng pagsasalin. Dahil ito sa semantikong metodo ng pagsasalin na maaaring panatilihin ang mga salita na may konotibo at natural na kahulugan ng teksto (SL) kagaya ng “gugma”. Samantalang sa pagsusuri sa mga antas ng pagsasalin, mapapansin ang pagkakaiba ng mga katumbas na salita ng “love” upang maipakita ang pagbabago ng pagsasalin sa

bawat antas.

Paalala ni Newmark, hindi natatamo ang pagiging natural sa pamamagitan ng matinding udyok (o instinct) lamang. Nagtatrabaho ang mga nagsasalin sa pamamagitan ng maliliit na mga progresibong yugto, mula sa pinakakaraniwan hanggang sa hindi gaanong ordinaryong mga tanda ng mga salita at pangungusap. Walang unibersal na pagkanatural sapagkat nakadepende ito sa ugnayan ng nagsasalin at ng mambabasa at ng paksa o ng sitwasyon. Maaaring maging natural ang isang salita o pangungusap sa isang pangyayari, ngunit hindi likas sa isang sitwasyon. Nasa kamay ng nagsasalin nakasalalay kung paano matatamo ang natural at neutral na wika kung saan nagsasalubong ang parehong pasalita at pasulat na estruktura.

ILANG ARAL AT KABATIRAN SA KARANASAN NG PAGSASALIN NG MAIKLING KUWENTO

Kasama rin si Dumdum sa henerasyon ng mga manunulat at iskolar na Sebwanong matapos ang panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig (Estillore-Gabunada 2020, 254-55). Ang tinukoy na panahon ay mas nakakiling sa paggamit ng Wikang Ingles sa edukasyon kung kaya matingkad ang ingklynasyon ni Dumdum sa paggamit ng nasabing wika na matutunghayan sa kanyang mga akda. Sa katunayan, marami sa kanyang saling proyekto ay mga tula at maikling kuwento sa Sebwanong isinasalin sa Ingles. Sa maikling kuwentong “Poor Man’s Love,” kinasangkapan ni Dumdum ang estratehiyang panlipunang realismo upang mailarawan ang ruralidad at katotohanan sa Sebwanong etnisidad. Matutunghayan sa kuwento ang pagpapakita ng tatak ng *humor* ng mga Sebwanong sa kabila ng isang panig na pag-ibig mula sa isang mahirap na binata. Sa pagkakataong ito, hangaring maipakita ang Sebwanong etnisidad sa usapin ng pinaghalong pag-ibig at *humor* sa pagtatangkang maisalin at masuri ang nilalaman gamit ang teorya ng pagsasalin ni Newmark.

Sa paglalagom ng mga kabatiran at puntos sa pagsasalin, pagninilay, at pagsusuri sa pagsasa-Filipino ng “Poor Man’s Love” ni Dumdum Jr. gamit ang teorya ni Newmark, matutunghayan ang mga sumusunod na puntos:

Una, bagaman nakapagsalin ang pangunahing may-akda bago pa nagdaan sa

mabusising proseso ng pagsasalin ni Newmark sa tulong ng mga katuwang na mananaliksik, mawawaring lalong nagingning ang kapakinabangan ng Amerikanong pantas higit para sa mga nagsasalin upang mapagnilayan, mapakinis, at matiyak ang kahahantungan ng obra sa tunguhing maisa-Filipino ito at harinawang mas maaabot ng mas nakararaming mambabasa. Buhat nito, naisakatuparan ding mabigyang-diskusyon ang mga yugto ng pagsasalin ni Newmark sa paraang madaling maiintindihan ng mga iskolar ng pagsasalin at mag-aaral ng Araling Pilipino.

Pangalawa, matapos mapagnilayan ang mga sariling salin at masandigan ang mga mungkahi ni Newmark, inaasahan ang mas pinalawak na kaalaman sa pagbatid ng kultural, historikal, at panlipunang konteksto ng tekstong isinasalin. Mas naging malinaw ang nabuong kasanayan at pamamaraan sa larangan ng pagsasalin. Bunsod nito, mas mapapadali, mapapabilis, at mapapahusay ang kabihasaan ng nagsasalin sa mga susunod na mga proyektong teksto.

Pangatlo, mararating ang punto ng kadalubhasaan ng nagsasalin dahil matutunghayan sa aktuwal na praktika ng pagsasalin ang mga haharaping suliranin sa pagsasalin. Kahit pa narating na ng nagsasalin ang huling mga yugtong mungkahi ni Newmark sa aktuwal na pagsasalin, mapatotohanan ang pangangailangang balik-balikan at pagninilayan ang mga naunang natalakay na yugto at ideya, at konsiderahin ang mga salik sa loob at labas ng tekstong isinasalin, sa pagsasagawa ng desisyon sa aktuwal na pagsasalin.

Pang-apat, tunguhin ni Newmark na maging kapaki-pakinabang sa mga nagsasalin sa paraang hindi suhestibo, nagagap ng proyektong ito ang mga pawang pangkalahatang proposisyon ng Ingles na propesor na makatutulong sa praktika ng pagsasalin. Naging bukas ang pantas sa probabilidad na maaaring pagtibayin, tanggihan, o pag-isipan ang mga puntos sa teorya ng kanyang pagsasalin. Bago pa man mailathala ang aklat, sinabi ni Newmark na matagal nang isinasapraktika ang pagsasalin at kakausbong pa lamang noon ng propesyon sa pagsasalin.

Panlima, kapag babaybayin ang mga pag-aaral tungkol sa teorya o hinggil mismo kay Newmark sa World Wide Web, mawawaring naging instrumental para sa mga mananaliksik at iskolar na Tsino si Newmark upang

magamit ang mungkahi ng Ingles na propesor sa pagpapaunlad ng mga siyentipikong pananaliksik ng mga Tsino. Katunayan ang dumadagsang mga pag-aaral at pananaliksik ng mga Tsino hinggil sa pagsasalin. Naging makabuluhan sa mga dalubhasang Tsino ang dayuhang teoryang tulad ng kay Newmark habang nakakadiskubre ng mga estratehiya at pamamaraan, ngunit pinaunlad, pinananatili, at pinalalakas ang sarili nilang wika.

Pang-anim, ang mga nananaig na karunungan at palagay hinggil sa pagsasalin ay itinuturing na tentatibo, karaniwang kontrobersyal at pabago-bago. Sa personal na karanasan, sa pamamagitan ng pagsasa-Filipino ng akda ni Dum Dum ay hindi napagtanto ng mga nagsasalin ang puwang sa pagitan ng pag-iral ng teorya ng pagsasalin at ang praktika ng pagsasalin. Kinasangkapan ang teorya ng pagsasalin ni Newmark sa pamamagitan ng pagtukoy sa gamit ng wika, pagtiyak sa layunin ng teorya ng pagsasalin, pag-unawa sa batayang banghay ng pagsasalin; at paggamit sa teorya ng “proseso ng iba’t ibang antas ng pagsasalin.”

Pampito, kabilang si Newmark sa dekada pagitan ng 1960s at 1970s kung saan ang pag-aaral ng pagsasalin ay nakapokus sa pagkuha ng tumbas (o equivalent) na kahulugan ng teksto mula sa SL patungo sa TL. Sa pamamaraan na ito, aminadong walang perpektong batas ang pagsasalin at pawang aproksimasyon lamang. Malaki ang kontribusyon ni Newmark sa pag-aaral sa Mga Antas sa Teorya sa Pagsasalin (Levels on Theory of Translating). Sa pamamagitan nito, nabigyan ng linaw na nakadepende sa antas ng pagsasalin ang nabubuong kahulugan ng tekstong isinasalin. Nakatulong sa pagpapaliwanag ng mga talinhaga at metaporang Sebwano sa paraang tekstuwal, reperensiyal, kohesibo, at natural ang teorya ni Newmark. Natugunan ng teoryang ito ang mga haka-haka at pagdududa ng mga kritiko hinggil sa isyu ng manipulasyon ng pagsasalin.

Pangwalo, sa humigit-kumulang dalawampung taong ginugol ni Newmark sa Pagsasalin at Araling Pagsasalin, napakaraming mga dalubhasa at iskolar ang gumawa ng pananaliksik, sinundan ang kanyang ideolohiya, at nagbunga ng iba’t ibang pag-aaral tungkol sa kanyang inihaing mga puntos at estratehiya. Mapagtatanto na bahagi ng pag-unlad ng larangan ang pagtamo ng mga kritisismo mula sa ilang mga kapwa-

iskolar. Ito ay naging bagay na maituturing na nagpapatibay at nagpapahinog sa sinumang mangungunang magbalangkas, magteorisa, at magdiskurso sa anumang larangan. Katunayan ito na patuloy na yumayabong ang iba’t ibang disiplina katulad ng Pagsasalin.

Pangsiyam, ang paglalagay ng mga klasipikasyon sa pagsasalin ay isang makabuluhang hakbang, ngunit naiba ang pananaw sa klasipikasyon ng semantiko at komunikatibong metodo ni Newmark sa konteksto ito sapagkat lumabas pa rin ang kultural at natural na poetiko ng tekstong Sebwano kahit na semantikong metodo ang ginamit ng nagsasalin.

At panghuli, masasabing kaakibat ng kadalubhasaan sa pagsasalin ang patuloy na pagsasanay at pagsasapraktika nito. Mula rito, makabubuo ng mga ideya, kaisipan, at kalaunang batayan mula sa pag-unawa, pagtanggap, at patuloy na pagdiskubre ng iba’t ibang dibuho ng kahulugan, yaman ng kultura, at kabuluhan ng wika. ♦

- Ancheta, Jeffrey R. "Tawid-Kultural na Pagsasalin ng Nobelang One Hundred Years of Solitude ni Gabriel Garcia Marquez: Mga Estratehiya at Suliranin." *Dalumat Journal* 5, no. 1 (2019): 47-67.
- Canonigo, Cristina Santos. *Conversational English-Cebuano Made Easy*. Cebu: JUCIP Books, 2015.
- De la Cruz, Christa. "10 Beautiful Filipino Translations of Classic Books". *SPOT.PH*. Inakses noong Hunyo 25, 2020. <https://www.spot.ph/newsfeatures/the-latest-news-features/67301/translations-komisyon-sa-wikang-filipino-a00171-20160805-lfrm>.
- "Decapitate." *Cambridge Dictionary*. Inakses noong Hulyo 27, 2020. <https://dictionary.cambridge.org/us/dictionary/english/decapitate>.
- Estillore-Gabunada, Maria Vanessa. "The Politics of Translation in the Creation, Production, and Canon Formation of Translated Cebuano Literature from the Postwar Period to the Present." *Kritika Kultura* (2020): 247-73.
- Fengling, Liu. "A Comparative Study of Nida and Newmark's Translation Theories." *International Journal of Liberal Arts and Social Science* 5, no. 8 (2017): 31-39.
- Guzman, Rodel B., and Criselda D. Ngislawan. "2nd International Research Conference on Teacher Education and Indigenous Peoples Education." Philippine Normal University North Luzon, *Book of Abstracts*, 2018, 70-71.
- Javier, Roberto Jr. "Kaasalang Sekswal at Kaalaban sa HIV/AIDS ng mga Lalabintaunin." *MALAY* 19, no. 3 (2007): 95-105.
- _____. "Pagsangguni tungkol sa konsepto ng matandang dalaga o binata." Pakikipanayam sa e-mail ni Deborra Anastacio. Agosto 20,
- "Judge Simeon Dumdum: Law and Literature at the Speed of Broadband." *PhilStar Global*. Hunyo 29, 2006. www.philstar.com/cebu-lifestyle/2006/06/29/344535/judge-simeon-dumdum-law-and-literature-speed-broadband.
- Lazaga, Junley L. "Mga Lingguwistik, Estetik, at Sosyo-Kultural sa Pagsasa-Filipino ng Tulang Ilokano." *Pandiwa: Lathalaan para Sa Wika at Kultura* (2018): 25-54.
- Neubert, Albrecht. "Some of Peter Newmark's translation Categories Revisited." *Translation Today: Trends and Perspectives* (2003): 68-75.
- Newmark, Peter. *A Textbook of Translation*. New Jersey: Prentice-Hall International, 1988.
- _____. *Approaches to Translation*. Shanghai: Shanghai Foreign Language Education Press, 2001.
- Pym, Anthony. "Peter Newmark, Professor of Translation at the University of Surrey, Died on 12 July 2011 at the Age of 95." *European Society for Translation Studies*. Hulyo 12, 2011. <https://est-translationstudies.org/2011/peter-newmark-professor-of-translation-at-the-university-of-surrey-died-on-12-july-2011-at-the-age-of-95/>.
- Rada, Ester T. "Estilo ng Pagsasalin sa Wikang Filipino ng mga Teksbuk sa Araling Makabayan." *Scientia* (2017): 85-97.
- Reyes, Marvin R. "Mga Pagdidili-dili sa Pagtutumbas (Ilang Mungkahing mga Hakbangin sa Pagsasalin)." *Scientia* (2017): 61-76.
- Sison-Buban, Raquel E. "Ang Pagsasalang Teknikal: Pagsipat sa Praktika at Pagpapahalaga/Technical Translation: Revisiting the Practice and Essentials." *Malay* 26 (2014): 117-27.

Viaggio, Sergio. “Contesting Peter Newmark.” *Eric* (1991). <https://eric.ed.gov/?id=ED334838>.

Yang, Shizhuo, at Zhiming Sun. “On Peter Newmark: Translation Theory and Influence from the Chinese Perspective.” *FORUM*. Vol. 10., № 2. Benjamins Publishing Company, 2012. <https://doi.org/10.1075/forum.10.2>.

APENDIKS

Poor Man's Love ni Simeon Dumdum Jr.	Pag-ibig ng Isang Mahirap Salin nina Liwanag, Gabunada, at Anastacio
<i>Gugma</i> , the Cebuano word for love, is not exactly love, as for instance, the Yanks or the Brits understand it. If love is redness, <i>gugma</i> is the redness of the Cebuano rose, product of Cebu's rain, sun and soil. <i>Gugma</i> has therefore a definite Cebuano soil, a complex one, as souls go.	<i>Gugma</i> , ang salitang Sebwano para sa love, ngunit hindi ang eksaktong love na naintindihan ng mga Kano o mga Briton. Kung love ang pagkapula, ang <i>gugma</i> ang pagkapula ng Sebwano ng rosas, ang produkto ng ulan, araw, at lupa ng Cebu. Samakatwid, katangi-tangi ang <i>gugma</i> sa mga Sebwano, komplikado ito tulad ng usapin tungkol sa paglisan ng mga kaluluwa.
Now what emotions and evocations does it stir in the Cebuano heart, in the hearts, for example, of the Cebuano middle class, the clerks, the teachers, the salesgirls, the students? These are the people who are likely to write the stories about love. (The very poor are illiterate and the rich have other, more interesting things to do.)	Ngayon, ano ang mga emosyon at paggunita ang nililikha nito sa puso ng mga Sebwano, halimbawa sa puso ng gitnang uring Sebwano, mga empleyado, mga guro, mga saleslady, at mga mag-aaral? Ito ang mga uri ng tao na malamang magsusulat ng kuwento tungkol sa love (hindi makabasa o makasulat ang pinakamahirap at may iba pang mas interesanteng gagawin ang mayayaman.)
Accordingly, the best way to fathom the depths of <i>gugma</i> is to read these stories. What one scholar did was this. He examined the love theme in 34 short stories in Cebuano written or published in the period from 1910 to 1940, quite a time ago (but have things changed?) He discovered that these stories treated love as <i>gugmang kabus</i> , the poor man's love.	Kung kaya, ang pinakamainam na paraan para maunawaan ang kalaliman ng <i>gugma</i> ang pagbabasa ng mga kuwento tungkol dito. Ganito ang ginawa ng isang iskolar. Sinuri niya ang tema ng love sa 34 na maiikling kuwentong nakasulat o nakalathala sa Sebwano mula 1910 hanggang 1940, may katagalan na (ngunit nagbago kaya ang mga bagay-bagay?) Nadiskubre niya na itinuring ng mga kuwento ang love bilang <i>gugmang kabus</i> , ang love ng isang mahirap.
Their plot invariably followed the formula: poor boy loves rich girl, or poor girl loves rich boy. Between the lovers is an unbridgeable chasm. <i>Langit ug yuta</i> is how the social distance between lad and lassie is described, the distance between the earth and the sky. Or else they are unmixable as <i>lana ug tubig</i> , oil and water. In short, the romance is doomed.	Walang pagbabago ang sinusunod na pormula ng kuwento: iniibig ng mahirap na binata ang mayamang dalaga o iniibig ng mahirap na dalaga ang mayamang binata. Langit at lupa ang pagitan ng dalawang nag-iibigan. <i>Langit ug yuta</i> ang paglalarawan sa panlipunang agwat sa pagitan ng binata at dalaga, ang puwang sa lupa at langit.” O kundi kaya hindi sila maaaring magsama tulad ng <i>lana ug tubig</i> , tubig at langis. Sa madaling salita, walang kahihinatnan ang pag-iibigan.
There are the parents who will tolerate an intrusion into their status only as glass would tolerate a nail. The lovers themselves accept the social fissure between them as fate, God's will, <i>pagbuot sa Ginoo</i> . So, what can poor Amboy do? He is helpless.	May mga magulang na kakayaning manghimasok na tila uubrang magpako sa isang salamin. Tatanggapin ng nag-iibigan ang pagkakalayo ng estado sa pagitan nila bilang kapalaran -- kalooban ng Diyos o <i>pagbuot sa Ginoo</i> . Kaya anong magagawa ng mahirap na Amboy? Walang siyang kalaban-laban.
He is kept away, often violently, from Biyay, the girl of his dreams. And Biyay is persuaded or forced to turn her back on Amboy. The story usually ends in death or lamentation.	Inilalayo siya, madalas may pagkabayolente, mula kay Biyay, ang babaeng pinapangarap niya. At hinikayat o pinilit si Biyay na iwanan na si Amboy. Karaniwang natatapos ang kuwento sa kamatayan o pagdadalamhati.

In one tale, the boy kills his sweetheart and her father—a rich, heartless landlord, who had evicted the boy’s father from the land, causing his death by starvation. Some stories end happily, but the ending is mere wish fulfillment, not really the ending we expect of good fiction. The poor lover becomes rich or gets married to the rich intended through a trick. By pretending to be dying, for instance (dying with one eye open.)	Sa isang kuwento, pinatay ng binata ang kanyang kasintahan at ang ama nito—isang mayaman, walang-pusong panginoong maylupa na pinaalis ang ama ng binata sa lupain, dahilan ng kamatayan niya dala ng labis na gutom. Ang ilang kuwento ay nagtatapos ng masaya, ngunit katuparan ng kahilingan lang ang katapusan, hindi ito ang totooong pagwawakas na inaasahan sa magandang kathang-kuwento. Magiging mayaman ang mahirap na mangingibig, o makakapagpakasal sa mayaman sa pamamagitan ng panlilinlang. Sa pamamagitan ng pagpapanggap na mamamatay na siya, halimbawa (mamamatay habang nakadilat ang isang mata)
One ending is particularly gruesome. A poor chauffeur who falls in love with his master’s daughter wins her only after she suffers an accident that leaves her so ugly nobody else will have her. Ugg! (That’s “ugh” in Cebuano, acronym for <i>ulipon sa gugmang giatay</i>, prisoner of an accursed love). Gugmang kabus, the poor man’s love, tells us many things.	Isang wakas ang partikular na nakakapangilabot. Isang mahirap na drayber ang umibig sa anak na babae ng kanyang amo na napasakanya lamang matapos makaranas ng isang aksidenteng naging dahilan ng kaniyang sobrang kapangitan kaya wala ng ibang magkakagusto sa kaniya. Ugg! (Iyon ang “Ugh” sa Sebwano, akronim para sa <i>ulipon sa gugmang giatay</i>, bilanggo ng sinumpang pag-ibig. Maraming sinasabi ang gugmang kabus, ang pag-ibig ng isang mahirap.
Mostly of the social loneliness of the Cebuano middle class (really the lower middle class), its perceptions of the gulf between the rich and the poor, and its helplessness about it and acceptance of it as immutable law. The middle class we’re talking about is, of course, the middle class of pre-war Cebu provincial society.	Kadalasan ang panlipunang kalungkutan ng gitnang-uring Sebwano (ang nasa mababang antas ng gitnang uri), ang persepsiyon sa puwang sa pagitan ng mahirap at mayaman, ang kawalan ng laban sa sitwasyong ito at ang pagtanggap dito bilang hindi nababagong batas. Ang gitnang-uring pinag-uusapan dito, siyempre, ang gitnang-uri ng probinsiyal na lipunan ng Cebu bago ang digmaan.
But we’re told that the social chasm has yawned with the years and that the love of Dodong is as poor as ever. In fact, thanks to a recent incident, I have decided that <i>gugma</i> has not altered all that much.	Ngunit sinasabi sa atin na kasama na ang panlipunang agwat sa pagdaan ng mga taon at mananatiling mahirap ang pag-ibig ni Dodong. Sa katunayan, salamat sa kamakailang pangyayari, napagdesisyon kong hindi gaanong nagbago ang gugma.
It was after sunset. We were going home. The wife, as usual, was driving. My role was not just that of a passenger, but also that of a dog. Unlike the children, I was not allowed to sleep.	Matapos ito ng paglubog ng araw. Pauwi na kami. Gaya ng nakagawian, ang asawa ko ang nagmamaneho. Hindi lamang isang pasahero ang tungkulin ko, pero pati na rin ang maging isang aso. Hindi tulad ng mga bata, hindi ako pinapayagang matulog.
I had to keep my eyes and ears, and whenever applicable, my nose, open, and promptly report any knock or smell that could be considered strange and therefore dangerous (that might mean, for instance, that the tie-rod end was coming off or that the brake fluid was leaking.)	Kailangang kong panatilihi ng bukas ang aking mata at tainga, kung kinakailangan pati ang aking ilong, at agad na iulat ang anumang katok o amoy na maituturing na kakaiba at kaya delikado (maaari iyong ibig mangahulugan, halimbawa lumalabas ang dulo ng tie-rod o tumutulo ang brake fluid.
This was an important role. Once the wife decapitated a crossing duck because I slipped into my daydream. Anyway, three minutes into the trip, my wits told me, from the way the car was listing, that something was the matter with the right, front tire. Sure enough, the tire was almost flat and had just enough air to take us to the nearest shop.	Mahalaga itong tungkulin. Isang beses napugutan ng aking asawa ang tumatawid na itik dahil nananaginip ako nang gising. Gayunpaman, sa tatlong minutong paglalakbay, naisip ko na may mali sa kanang harap na gulong dahil sa takbo ng sasakyan. Iyon na nga, halos walang hangin na ang gulong at may sapat na hangin na lamang para madala kami sa pinakamalapit na talyer.

A shop helper, in slippers and shorts, grease all over his body, removed the tire, and tested it for puncture. There was none. However, the hub was dirty and he fell to cleaning it, declaring as he did, with what seemed like professional wisdom, that all tires would almost certainly fart through the rim of such a grubby hub.	Ang lalaking nagtatrabaho sa talyer, nakatsinelas at shorts, may grasa sa buong katawan, ang nagtanggap ng gulong at tumingin kung may butas ito. Wala. Gayunman, marumi ang hub at kinailangan niyang linisin ito, idineklarang ginawa na niya ito, mukhang propesyonal na karunungan, halos sisingaw raw ang lahat ng gulong dahil sa rim ng maduming hub.
While he was wiping the metal, a Mercedes passed by the shop, slow enough to give us a glimpse of a young, long-haired beauty in the company of a wealthy gentleman, whose girth seemed to have more air than the tire of our car when first discovered limping.	Habang pinupunasan niya ang bakal, isang Mercedes ang dumaan sa talyer, sapat ang takbo para masulyapan ang isang dalaga, maganda at may mahabang buhok, kasama ng mayamang lalaki na tila mas marami pang hangin ang baywang kaysa sa gulong ng aming kotse nang mapansin namin na malambot ito.
And my man (age 20) sighed, “ay, my humble lizard can never hope to savor such a flavor.”	At napabuntonghininga ang binata (edad 20), “Hay, wala nang pag-asa ang mapagkumbaba kong alaga na malasap ang ganoong linamnam.”



Si Dr. LESLIE ANNE L. LIWANAG ay kasalukuyang Full-Time na Fakulti ng De La Salle University School of Innovation and Sustainability. Sa edad 26, natapos ang kanyang Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino na may espesyalisasyon sa Wika, Kultura, at Midya sa De La Salle University-Maynila na may disertasyon sa mga kontribusyon ni Isabelo de los Reyes sa Araling Filipino. Nagsilbi siya bilang Tagapangasiwang Patnugot ng National Research Council of the Philippines (NRCPP) Research Journal at Tagapangasiwang Pamproyekto ng Andrew Gonzalez Philippine Citation Index. Naging Bisitang Propesor sa Pananaliksik ng Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C., mula 2021 hanggang 2023.

Si Dr. MARIA VANESSA ESTILLORE-GABUNADA ay kasalukuyang Kawaksing Propesor at Tagapangulo ng Department of Liberal Arts and Behavioral Sciences sa Visayas State University, Leyte. Natamo niya ang doktoradong digri sa English Language and Literature sa Ateneo De Manila University sa tulong ng Commission on Higher Education-Faculty Development Program, na may disertasyong “The Politics of Translation in the Creation, Production, and Canon Formation of Translated Cebuano Literature from the Postwar Period to the Present” noong 2018. Siya rin ay isa sa mga pangunahing awardee ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) Research Grant Award noong 2017.

Si Dr. DEBORRAH SADILE ANASTACIO ay kasalukuyang Ikalawang Tagapangulo ng Departamento ng Filipino sa De La Salle University-Manila (DLSU). Nakamit niya rin sa DLSU ang digring Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino na may tuon sa Wika, Kultura, at Midya. Sa taguyod ng Scholarship Program ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science, and Technology (MEXT) ng Japan, napagtagumpayan ang Master of Arts in International Relations na may espesyalisasyon sa Cultural Heritage and Development sa Southeast Asia sa Waseda University, Tokyo, Japan noong 2016. Naging Bisitang Propesor sa Pananaliksik ng Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C. mula 2022 hanggang 2023. Nagsisilbi rin siyang probationary board member ng Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin, Inc (PATAS, Inc).

Ang Panimulang Rehistro ng Wika sa Industriyang Pag-aalahas ng Barangay Calvario sa Lungsod ng Meycauayan, Bulacan

The Introductory Language Register of Jewelry Industry in Barangay Calvario of Meycauayan City, Bulacan

VLADIMIR B. VILLEJO

villejo.vladimir@deped.gov.ph

Mataas na Paaralang Pang-alala kay Mariano Marcos

ABSTRAK

Nag-ugat ang makasaysayang lugar ng Meycauayan sa taguri na 'maykawayan' kung saan pinaniniwalaang itinatag dito ang simbahang yari sa nipa at kawayan. Dahil sa natatangi nitong kasaysayang heograpikal bilang unang kinilalang lalawigan bago ang Bulacan, marahil, nagsisilbing batis din ito ng mayamang karanasan at salaysay pangkalinangan na naipapahayag sa pamamagitan ng wika. Ang industriya ng pag-aalahas ay nagsilbing isa sa mga industriyang batis ng kabuhayan sa buong lungsod bukod sa balat, *handicrafts*, pagpapanday, at iba pa. Bagama't kinikilala ang Meycauayan sa industriyang pag-aalahas, ito ay kinakitaan ng unti-unting pagtamlay sa paglipas ng panahon. Mangilan-ngilan na lamang ang nagpapatuloy at nagtataguyod ng kanilang kabuhayang bansag sa kanilang lugar partikular sa Brgy. Calvario. Layunin ng papel na siyasatin ang mga panimulang umiiral na rehistro ng wika mula sa mga glosaryo ng salita na nakakabit sa proseso ng pag-aalahas gayundin ang paggalugad sa kalagayan nito sa modernong panahon. Ginamit ang *Value-Chain Process* ni Porter at *Systemic Functional Linguistics* ni Halliday bilang balangkas, sinuri ang proseso ng paggawa ng pag-aalahas na siyang pagmumulan ng mga salita, at paglalahad ng mga kahulugang nakaugat sa industriya. Tinalakay rin sa papel na ito ang mga konseptong nakasalig sa sosyolingguwistika ng wika upang mapagtibay ang pagiging domeyn ng pag-aalahas sa lungsod ng Meycauayan at makapag-aambag sa industriyang lokal at panlalawigan.

Mga Susing Salita: Pag-aalahas, Platero, Value-Chain Process, Systemic Functional Linguistics, Glosaryo ng salita

ABSTRACT

The historic place of Meycauayan was derived from the term 'makawayan' where it is believed that the church made from nipa and bamboo was established here. Because of its historical geographic development, as it is being hailed as the first province before it became Bulacan, it could spring enriched experiences and cultural narratives shared through its language. The jewelry industry serves as the heart of livelihood, aside from leather, handicrafts, forge welding, etc. Even though Meycauayan was named as the jewelry capital, there is a decline over the years. Only a few were still pursuing it, since it is their livelihood, particularly at Brgy. Calvario. The aim of this study is to examine the initial existing language register from the glossary of words embedded in the jewelry-making process, as well as explore the situation of it in this modern age. Value Chain Process and Systemic Functional Linguistic by M.A.K. Halliday will be served as a framework, the words that come from the jewelry-making process were analyzed and its meaning aligned to the industry. This paper also discussed some concepts related to sociolinguistics that strengthened the domain of the jewelry industry in the city of Meycauayan and would contribute to the local and provincial industries.

Keywords: Jewelry, Goldsmith, Value-Chain Process, Systemic Functional Linguistics, Glossary of Words



PANIMULA

Kasaysayan ng Pag-aalahas sa Pilipinas

Ang pag-aalahas ay tumutukoy sa gawain ng paglikha ng mga ornamental na palamuting pangkatawan gaya ng kuwintas, singsing, at pulseras na naglalarawan sa katayuan sa buhay ng mga gumagamit nito. Makulay at malalim ang kasaysayan ng pag-aalahas sa Pilipinas na ipinakita sa mga nahukay na kagamitan at kasangkapan ng mga sinaunang Pilipino. Ang mga natuklasang mga labi gaya ng pulseras, kuwintas, mga pandigmang sandata, at iba pa ay kalimitang ikinakalakal ng ating mga ninuno sa mga dayuhan sa pamamagitan ng sistemang barter. Tinatayang nasa kalagitnaan ng ikasampu hanggang ikalabintatlong siglo na ang nakaraang panahon, bago pa sakupin ng mga Español ang ating bansa ay may maunlad na sistema na ng pamumuhay ang mga Pilipino. Patunay ito sa mga kagamitang nilikha at binuo ng ating mga sinaunang mag-aalahas o

craftsmen na nahubog ang kahusayan buhat sa pagkalantad sa iba't ibang mangangalakal galing sa mga karatig-bansa sa Timog-Silangang Asya. Maituturing itong maunlad na sistemang pangkalakalan sa buong Asya dahil sa matibay na ugnayang kultural ng mga sinaunang Asyanong nakapaligid sa bansang Pilipinas (Asia Society n.d.).

Ginto ang pangunahing metal na ginagamit ng mga mag-aalahas na nahukay sa mga makasaysayang lugar. Nadiskubre ang mga ornamental na kasangkapan na mga bangang ceramic at kabaong na yari sa kahoy ng isang Pranses na si Alfred-Alfred Marche noong 1881. Natagpuan naman sa lalawigan ng Marinduque noong 1960 hanggang 1981 ang ibang mga gawa sa gintong kasangkapan. Malinaw na sa mga nagdaang dekada na buhay na buhay ang kalakalan ng mga sinaunang Pilipino at hindi maikakaila ang kaalaman ng mga Pilipino sa usapin ng paggawa ng kasangkapang yari sa ginto na kasamang natuklasan sa mga ceramic na galing sa mga Tsino (Asia Society n.d.).

Dahil sa pagiging pangunahing materyal ng ginto sa paggawa ng alahas ay kapansin-pansin na noon pa man, bahagi na ito ng sinaunang kultura ng mga Pilipino. Ayon sa artikulo ni Canilao, mamamalas ang sistema ng pagmimina ng mga Pilipino ng ginto na natagpuan sa kuweba ng Guri sa Palawan. Tinatayang nasa 500 B.K. nagsimula ang pagmimina ng mga katutubong Pilipino at pinatunayan ito ng antropologong si Evelyn Caballero na inilarawan ang pagdodokumentong ito bilang piryodisasyon. Malinaw na isinaad ng peryodisasyon ang paggawa ng mga kagamitang yari sa ginto na noon ay madaling matagpuan sa iba't ibang bahagi ng kapuluan (310). Sa katunayan, nakukuha o nalilikom lamang ng mga Pilipino ang mga ginto sa mga ilog:

Ang pinakaunang kasulatan na tumutukoy sa ginto sa Pilipinas ay ang Inskripsiyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (IBTL) na may petsang 900 M.K. Ito ay isang kasulatan na nag-aabsuwelto sa utang ng napakalaking halaga ng ginto (Tiongson 2008, 1; Lopez 1992, 23). (Ang) ginto ay nakikita sa lahat ng mga isla; ito ay nakukuha mula sa mga ilog, at sa ibang lugar sa mga minahan, na trinatrabaho ng mga Pilipino. Ngunit hindi nila ito minimina nang sobra-sobra, kundi sa mga panahon lamang na higit na kailangan... hindi nila ninanasa ng yumaman ang lupa ay nagtataglay ng lubos na ginto, dahil maraming Pilipino, maski pinuno o hindi, maski malayang tao o alipin, ay kumukuha at nagbebenta ng ginto [Salin ng may-akda: Canilao. Sipi mula sa de Legaspi 1569, 56]

Dagdag na katibayan din ang mga nahukay na tunawan ng ginto, mga kagamitang metal sa paglikha at mga hilaw na ginto sa mga balangay—ang itinuturing na sinaunang bangka ng mga katutubong Pilipino sa lungsod ng Butuan, Agusan del Norte. Noong 1981, aksidenteng nadiskubre ang bungkos na mga gamit na yari sa ginto dahil sa proyekto ng irigasyon sa munting baranggay ng Magroyong, bayan ng San Miguel, Surigao del Sur malapit sa Butuan sa isla ng Mindanao. Ito rin ang nagpasinaya sa Locsin Foundation upang ipagpatuloy ang proyektong arkeolohiko sa pangunguna ni Warren Peterson na nakahukay ng anim na labi sa isang *excavation site* sa

bayan ng Masago na malapit din sa Butuan. Napakahalaga ng mga nahukay na katibayang ito at masinop na idinokumento na dating arkeologong si Cecilia Y. Locsin at kanyang asawang arkitekto na si Leandro V. Locsin, ang mga labing natuklasan ay nasa pangangalaga na ng Museo ng Ayala (Asia Society n.d.).

Dahil sa lalawigan ng Butuan natagpuan ang mga labing ginamit sa pagbabarter sa mga karatig-bansa ng Timog-Silangang Asya at batay na rin sa mga tala ng Indiyano, itinuring ang Mindanao bilang *Survarnadvipa* o isla ng ginto kaya pinaniniwalaan ng mga iskolar na kabilang ang Pilipinas sa mga bansang mayabong sa ganitong yaman. Kaya naman, hindi mapasusubaliang ang mga sinaunang Pilipino ay sadyang mga manlilikha na ng alahas dahil sa pagtataglay ng bansa ng mga yamang mineral na pangunahing materyales sa paggawa nito (Asia Society n.d.).

Sa artikulo na “A Brief History of Jewelry in the Philippines” ni Labrador (2016), kinakatawan ng pagpapalamuti ng alahas ang panlipunang antas o ranggo ng mga sinaunang Pilipino. Mailalarawan ito sa mga yaring ginto at pilak na mga anting-anting o agimat na nakahabi rin sa mga paniniwala at seremonyang pangkatutubo. Ang mga kuwintas na isinusuot ay pinaniniwalaang may taglay na kapangyarihang makapanggamot, pagkakaroon ng pambihirang lakas, at magpamalas ng kakayahang makipag-ugnayan sa mga anito’t diwata.

Sa paglipas ng panahon, ang tradisyonal na paggawa ng alahas ay nagsilbing kabuhayan ng bansa. Pinaniniwalaang nagmula ang kaalaman sa paglikha ng alahas sa mga Tsino na dumating sa ating kapuluan. Kapansin-pansin ito sa mga gamit ng mga mag-aalahas na halaw sa katawagang Tsino katulad ng tsukoy na ginagamit sa pagtunaw ng ginto, tsike, lekyo, tokoy, tuwa, at iba pa (dela Cruz, n.d., 34). Tinatayang nasa anim na industriya ng pag-aalahas na mayoryang nakabase sa iba’t ibang panig ng Pilipinas: Benguet, Metro Manila, Cebu, Davao, Rehiyon ng CARAGA, at Bulacan. Sa kasalukuyan, nahahati sa dalawang sektor ang *Philippine Jewelry Industry*: ito ay ang *fine jewelry subsector* at *customed jewelry subsector*. Nakatuon din sa produksiyon ng dalawang mahalagang kategorya ang industriya ng pag-aalahas: ang *precious metal jewelry* ay mga klase ng alahas na yari sa mga ginto at pilak na hindi na kailangan pang palamutian ng


mamahaling bato samantalang ang pangalawa naman ay *pearl, precious, and semi-precious stones* na mga alahas na pinapalamutian ng mga mamahaling bato at perlas.

Sa kasalukuyang kalagayan ng komersiyo, masasabing napakalaki ng potensiyal ng industriya ng pag-aalahas sapagkat noong 1994, nakapag-eksport ng tinatayang 13 milyong dolyar at sa parehong taon tumaas ang demand nito sa buong mundo na nasa 7 porsiyento. Ang mga produktong inilalabas ay galing sa lungsod ng Meycauayan na siyang itinuturing na fine jewelry capital ng Pilipinas (Province of Bulacan Major Industries: Jewelry, n.d.). Subalit noong 2015, batay sa ulat ng The Philippine Confederation of Philippine Jewelers, Inc. naungusan ng bansang Thailand ang Pilipinas sa usapin ng pag-eksport ng produktong alahas sa halagang 12.30 bilyon kumpara sa 37.91 milyong naipapadala ng Pilipinas sa pandaigdigang merkado. Dahil ito sa paglalaan ng suporta ng pamahalaan ng bansang Thailand sa kanilang industriya ng alahasang partikular sa mga kagamitan, lakas-paggawa, pagpapataw ng buwis sa mga negosyante at pagbaba ng pag-angkat ng mga imported na alahas upang tangkilikin ang lokal na industriya (The Philippine Confederation of Philippine Jewelers, Inc., 2015, 3).

Kaya naman napakahalagang bigyan ng pansin ang industriyang ito na makatutulong sa ating ekonomiya. Sa konteksto ng Bulacan, kilala ang lungsod ng Meycauayan kung saan tinatayang nasa 2,000 ang manlilikha ng alahas ang nakadestino sa Brgy. Calvario, Saluysoy at iba pang karatig barangay. Noong 1985, itinatag ang Meycauayan Jewelry Industry Association, Inc., upang pangasiwaan at manguna sa pagpapaunlad ng nasabing industriyang nakakabit sa lalawigan ng Bulacan.

MAIKLING KASAYSAYAN NG MEYCAUAYAN

Mababakas sa makulay na kasaysayan nito ang sinaunang bayan ng lalawigan ng Bulacan—ang lungsod ng Meycauayan. Itinatag ito noong 1578 ng mga Pransiskanong pari na sina Padre Juan de Placencia at Padre Diego de Oropesa (City of Meycauayan: History, n.d.). Nag-ugat ang pangalan ng lungsod sa taguring Maykawayan bilang bansag sa inilipat na simbahang yari sa nipa at mga kawayan. Makasaysayan ang bayang ito dahil kinikilala itong pinakamatandang itinatag na bayan sa buong Pilipinas pangalawa sa lungsod ng Maynila. Ito rin ay hinirang na pinakamalaking bayan sa buong bansa ng panahong iyon (tingnan ang pigura sa ibaba). Ang makasaysayang bayang ito ay pinaniniwalaang pinagmulan ng mga batong kinasasandigan ng kabanalan dahil sa lugar nanggaling ang mga batong ipinantayo sa katedral ng Maynila at mga sandatang ginamit sa pagtatamo ng ating kalayaan (Honorario, n.d., 29).



Sinaunang Mapa ng Lungsod ng Meycauayan (Ang Lumang Bayan ng Meycauayan)

Mula sa isang napakalaking bayan ay nagsimula itong mahati-hati sa mga sumunod na siglo dulot ng paglaki ng populasyon at pagbuo ng mga bagong poblasyon o sentro (Ang Lumang Bayan ng Meycauayan). Ang sumusunod na lugar na bahagi ngayon ng lalawigan ng Bulacan ay dating sakop ng bayan ng Meycauayan gaya ng San Jose, baryo lamang ang bayang ito ay nahiwalay noong 1751. Ang Bocaue ay nahiwalay noong 1606. Ang Polo ay nahiwalay noong 1763. Ang Marilao ay nahiwalay noong Abril 21, 1896. Naibalik na muli ito noong taong 1901 at muling nagsarili noong Enero 1, 1913. Ang Meycauayan ay sumagad hanggang Sta. Maria na nahiwalay sa Bocaue noong 1792. Ang Pandi ay bahagi rin ng Meycauayan datapuwa't nahiwalay rin at tinaglay ang pangalang Sta. Maria de Pandi. Ang Obando ay hahagi ng Meycauayan at naging isang bayan noong Mayo 14, 1753 (Kasaysayan ng Bayan ng Meycauayan, Bulacan). Pagkaraan ng ilang taon, ang mga nagsilang na lugar mula sa matandang bayan ng Meycauayan ay umukit na rin ng kani-kanilang sariling mga kasaysayan. Bukod sa malapit ito sa kalunsuran ng Metro Manila, naging sentro ito ng mga industriyang naglalarawan dito bilang papaunlad na lugar ng Bulacan. Dati itong tinatawag na bayan ngunit bunsod ng modernisasyon ay hinirang din ito bilang lungsod noong 2006.

Dahil sa natatangi nitong kasaysayang heograpikal at pagiging bahagi ng mahalagang kasaysayan ng bansa, ipinagpapalagay ng may-akda na pagkukunang batis din ito ng mayamang karanasan at pangkalinangang na nagbansag sa lugar. Kilala ang Meycauayan sa mga industriyang nakakabit sa bawat distrito o barangay, bago pa man umusbong ang ilang kabuhayan ng buong lungsod gaya ng pabrika ng biskuwit, kendi, sabon, at papel. Likas ang mga kultural na industriya rito katulad ng pagbabakya, pagpapanday, tibagan ng adobe, fancy jewelry, at ang pangunahin ay ang pag-aalahas. Bagamat kinikilala ang Meycauayan sa industriyang pag-aalahas ay ang unti-unting pagtamlay nito paglipas ng panahon. Mangilan-ngilan na lamang ang nagpapatuloy at nagtataguyod ng kanilang kabuhayang bansag sa kanilang lugar partikular sa barangay Calvario at Saluysoy bilang pangunahing lugar sa paggawa ng alahas.

Ang barangay Calvario at Saluysoy ay mga nayon na sinilangan ng industriya ng pag-

aalahas at ang ilan sa mga kilalang pagawaan noon na kung tawagin ay plateria ay sina G. Vicente Ocampo, Anastacio Villaluz, gayundin sina G. Pedro Arias at Silvestre Manzano, at sa Saluysoy naman ay si G. Simeon Pedro. Naging pangkaraniwang hanapbuhay ito ng mga tagaroon at mamamalas ito sa pagtatatag nila ng mga munting pagawaan sa silong ng kani-kanilang mga tahanan. Sa paglipas ng panahon ito ay naging masigla at nakapag-ambag sa pang-ekonomiko ng bayang Meycauayan. Noong dekada 80, binuksan ang kauna-unahang paaralang pagsasanay bilang platero sa ilalim ng simbahan ng Parokya ni San Francisco De Asisi. Tinawag itong “Palasanayan sa Pagpaplatero” na pinangasiwaan ng yumaong si Gng. Teodora Floro na tagapangulo ng Comission on Service at si Celso A. Jurado na nagboluntaryong magturo sa 16 na batch ng out-of-school youths sa loob ng walong taon. Ang mga kasanayang itinuro sa paaralang ito ay stone setting, appraising, pagtitimpla ng ginto, pagbubuo ng alahas at gold plating (Dela Cruz, n.d., 34)

Dahil sa angking kultural at makasaysayang yamang hatid ng industriya ng pag-aalahas sa lungsod ng Meycauayan. Mahalagang sinaligan din ng may-akda ang mga pag-aaral na may kinalaman sa wika at kabayanan. Ayon kina Pantorilla, De Lara, at Ijan sa kanilang artikulong pinamagatang “Ugnayan ng Wika at Ideolohiya: Ang Paglalarawan sa Rehistro ng mga Magsasaka sa Bulacan,” tumuon ang pag-aaral sa mga salitang pangmagsasaka at kung paano hinubog nito ang wikang nakatali sa okupasyon at ang ideolohiyang kakabit nito. Ang mga nalikom na salita gaya ng tulos, sinulid, lilik, salakot, turpedi, kareta, at punla na pawang naglalarawan sa mga gamit ng magsasaka; linang, sagwan, bunot, gapas, at giik na tumutukoy naman bilang proseso; at kasama, kaban, proletaryo, hunos, at tampa na naglalarawan sa kanilang estado bilang magsasaka na may iisang pangkat, lipunan, damdamin, at kaisipan. Ang mga rehistrong ito ay malinaw na umangkla sa pananaw ni Trudgill na nakasalalay sa okupasyong kinabibilangan ang paggamit at pagpapakahulugan sa mga salita na siyang naglandas sa paghubog nito ng kanilang ideolohiya. Sang-ayon ito sa teorya ni Van Dijk hinggil sa pagsasalo ng kanilang kaisipan bunga ng pagkakapareho ng lipunan, konteksto at pananaw sa pagbuo ng mga salita

(273–75).

Nakaambag din sa paghubog ng konsepto ng pag-aaral na ito ang isa pang pananaliksik ukol sa rehistro ng industriya ang pag-aaral na pinamagatang “Pagsusuri sa Rehistro” ng mga Mananahi kung saan isinakonteksto ang mga nalikom na salita kaugnay ng kinabibilangang propesyon, gawain, o hanapbuhay. Ang mga salitang gaya ng Crepe, Kuldoroy, Teton, Calico, Brocade, at iba maging ang pagsusulsi, paglilip, pagtutustos, pagtatabas, cross stitching, pasada ay ilan lamang sa mga salitang na ikinategorya ng mga may-akda batay sa angking kagamitan nito sa larangang pananahi. Kapansin-pansing nabigyang-diin dito ang pagsakonteksto ng mga salita batay sa kung anong wika ito nabibilang. Malinaw na naisakonsepto ang teorya ni Labov—ang Social Theory upang mabuo ang mga salitang ito at mailarawan bilang rehistro ng mga mananahi na kalauna’y lumitaw sa pag-aaral na may kinalaman sa kinabibilangang gawain o hanapbuhay (De Lara, Pantanilla, at Ijan, 2012, p.40–46)

Naging inspirasyon din ng may-akda ang isinagawang pag-aaral ukol sa kabayanan kagaya ng mga lungsod na may mayaman ding kasaysayan. Unarito ay ang lungsod ng Marikina, ayon kay Petras (2010) sa kanyang pananaliksik na “Bayan at Pagkabayan sa Salamyang Pagpopook ng Marikina sa Kamalayang Bayang Marikeno”, pinagtuunan ng pansin ang Lungsod ng Marikina sa pamamagitan ng makasaysayang paraan ng huntahang nagaganap sa pook na iyon. Ang pagpopook sa isang lugar ang siyang nagbibigay-pagkakakilanlan dito batay sa umiral na dunong at yamang taglay. Makabuluhan sa isang lugar na makilatis ang natatanging kalikasan nito higit kung pagtutuuhan ng pansin ang “pagpapakahulugan, paghuhugis, paglalarawan, paglikha ng lugar batay sa iba’t ibang tinig ng persepsiyon, nakatitik man, o salimbibig sa pagdaan ng panahon” (Nelmid-Flores 1; binanggit sa Petras, 2010: p. 95) at maging sa natatanging kalinangan at kapaligirang nanahan dito (sipi kay Salazar mula kay Navarro et.al, 129–30; binanggit sa Petras, 2010: p. 95).

Pangalawa, ang isinagawang pag-aaral ni Villanueva (2012) na *Panimulang Pag-aaral sa Varayti ng Tagalog-Pateros sa Domeyn ng Balutan*, dito masinsinang inilahad ng mananaliksik ang mga leksikal na aytem na

may kaugnayan sa industriya ng balut na namamayani sa lugar. Hindi maikakailang ang ugnayan ng tao at lipunang kinabibilangan nito ang siyang pinagkukunan ng mayamang salitaan sa lugar na iyon. Naging basehan din ng pag-aaral ang kakanyahan ng lungsod upang ipalaganap ang natatanging kalinangan kakambal ng mayamang wikang sinasalita. Bunsod ng umiiral na baryasyon ng wika kung kaya’t nakabubuo ng mga leksikal na salitang kaugnay ng industriya (72).

Matatantong sa mga nabanggit na pag-aaral ay higit na namalas ang pagkahubog ng kabayanan batay sa naging kolektibong karanasan ng mga nananahan doon. Ang mga pananaliksik na tumatalakay sa rehistro ng tiyak na sektor at paglalarawan sa pagpopopook ng makasaysayang lugar ang humubog sa pagsasakonteksto ng pag-aaral na ito na nakatuon sa pag-aalahas ng Meycauyan, Bulacan.

ANG VARAYTI NG WIKA BILANG SALIGAN NG MGA SALITA SA DOMEYN NG PAG-AALAHAS

Ang bansang Pilipinas bilang multilingguwal na bansa ay nagbunga ng mga baryasyon ng wikang sinasalita sa bawat kapuluan. Sa reyalidad na ito, kung kaya’t humubog ito ng iba’t ibang pamayanan, kultura, at pangkat ng indibidwal na nakatali sa wikang salamin ng kanilang identidad. Ipinaliwanag ni Bloomfield (1933) na dala ito ng nagkakaibang pangkat ng tao na nagbuhat sa iba’t ibang lugar, interes, gawain, pinag-aralan, at iba pa.

Mahalagang pag-aralan ang wika dahil sa taglay nitong vocal-simbol na ginagamit ng mga mamamayan sa kanilang pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan sa isa’t isa (Sturverent sinipi kay Ramos 1985 at Villanueva 2012, 73). Ang kahulugan ng wika ay palaging naiuugnay sa karanasan at pamumuhay sapagkat nailalarawan nito ang ugnayan ng lipunan at taong kabilang dito. Binigyang-diin ni Henry Gleason na ang wika ay masistemang balangkas ng sinasalitang tunog na isinasaayos sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong kabilang sa iisang kultura. Nailalarawan ng wika ang kultura ng bansa at pamayanan, inilahad ni Zeus Salazar na nagsisilbing impukan at kuhanan ng kultura ang wikang sinasalita ng bawat indibidwal.

Mahalagang pundasyon sa papel na ito ang mga talakay ni Fishman hinggil sa ugnayan ng wika sa karanasan ng bawat indibidwal. Sa kolektibong karanasang ito'y nabuo ang mga pamayanan, pangkat at sistema ng pamumuhay, makikilala ang uri, lahi at kultura ng tagapagsalita sapagkat malaking impluwensya ang ginagalawang kapaligiran ng tagapagsalita upang hubugin ang kanyang wika. Mababanaag sa pananaw ni Lee Whorf na natatangi ang ginagamit na wika ng indibidwal sa kanyang speech community, ito ay alinsunod sa pahayag ni Fishman (1960), *the Whorfian hypothesis predicts that speakers of languages that make certain lexical distinctions are enabled thereby to talk about certain matters (for example, different kinds of snow among speakers of Eskimo and different kinds of horse among speaker of Arabic) that cannot as easily discussed by the speakers of languages that do not make these lexical distinction* (Fishman 1960, 461). Nakasalig sa kinabibilangang kultura at karanasan ang pagbibigay-kahulugan ng salita ngunit dinagdag sa pagtalakay ni Fishman na nangangailangang tingnan din ang mga konseptong nakapaloob sa larangan ng sosyo-kognitibong aspekto ng tagapagsalita.

Sa pagbabago ng panahon, nagbabago rin ang estado ng wika. Nagkakaroon ng iba't ibang baryasyon batay sa lugar at lipunang ginagalawan nito. Kaya naman nabuo ang konsepto ng varayti ng wika. Tumutukoy ito sa maliit na grupong pormal at makabuluhang katangian na nauugnay sa partikular na uri ng katangiang sosyo-sitwasyunal. Ito rin ay kalipunan ng mga speech pattern na kapag nasuri ay halos homogenous ang anyo at mga alituntunin ng nasabing wika na siyang dahilan sa pagkakaroon ng higit pang varayti sa isang wikang ginagamit (Ferguson 1971; binanggit ni Villanueva 2012, 73).

Sa pag-aaral na isinagawa ni Ortiz hinggil sa mga rehistro ng wika ng mga Camarero (mga kolektor ng santo) napatunayan ang impluwensiya ng kanilang pamamaraan upang makabuo ng tiyak na rehistro ng wikang naglalarawan sa kanilang komunidad. Sapagkat itinuturing ding bahagi ng speech community ang mga Camarero, ang katuturan ng mga salitang ibinabahagi ng mga tagapagsalita rito'y humuhubog sa natatanging rehistrong may kaugnayan sa larangan ng pagsasanto sa kabila ng mga pagbabagong leksikal (na kadalasang ang mga

salitang nalikom ay hiram sa Espanyol, Latin, at Ingles) dulot ng iba't ibang pamamaraan ng mga kalahok sa paggamit at pagtingin sa mga katawagang ito (20)

Sa puntong ito, sa konteksto ng pag-aalahas sa Lungsod ng Meycauayan masasabing ang varayting nangingibabaw rito ay ang Tagalog-Bulacan ngunit batay sa ideya ng baryasyon ay nahahati pa ito sa iba't ibang uri at pangkat ng wikang mailalarawan sa mga tagapagsalita nito. Mababakas pa sa heograpikal na dimensiyon na malapit ang lugar ng Meycauayan sa lungsod gaya ng Valenzuela at Caloocan kung kaya't posible na nahaluan na rin ng ilang salita ng Tagalog-Maynila ang Meycauayan. Bunga nito, ang mayamang karanasan ng mga tagaroon bilang mag-aalahas at platero ay sapat nang katibayan upang maugat, masuri at mailahad ang mga glosaryo ng salitang ginagamit sa pagbuo ng alahas.

METODOLOHIYA

Ang domeyn ng pag-aalahas ay nakakabit sa industriya ng produksyon nito kung saan mahalagang masuri rin ang proseso mula sa paghahanda at pangangalap ng materyales, pagtutunaw at pagmomolde hanggang sa pagpapakinis at paglalapat ng diyamante. Kaya naman ginamit sa pag-aaral na ito ang konseptong Value-Chain Process ni Porter upang makalap ang mga terminong ginagamit sa proseso ng paglikha ng alahas gayundin ang Systemic Functional Linguistics ni Halliday na sumuri sa relasyon ng wika at gampanin nito sa tiyak na larangan.

Ang Value-Chain Analysis ay tumutukoy sa paglalarawan sa aktibidad na ginagamit karaniwan sa pamamahala ng negosyo. Maaari rin itong gamitin sa pagsisiyasat ng isang industriya upang makilatis nang lubusan ang produksiyon ng anumang kalakal tungo sa pagpapahusay ng kalidad nito. Mabisa itong ginagamit upang maipaliwanag din ang paraan ng proseso ng mga mag-aalahas sa paggawa at paglikha ng kanilang mahahalagang alahas hanggang sa merkado. Nakapaloob sa Value-Chain Analysis ang mga terminolohiyang gaya ng Inbound Logistics (Pangangalap ng materyales), Production (Proseso ng paglikha at paggawa ng alahas), Outbound Logistics (Paraan ng Pagbebenta ng pinal na produkto), Marketing and Sales (Estratehiya ng

Pagbebenta), at Service (Guaranteed Service). Ang mga nabanggit na terminolohiya ay mga estratehiyang pampangasiwaan na kalimitang ginagamit sa pamamahala ng kalakalan. Layunin ng estratehiyang ito na makabuo ng mga produkto/serbisyo na tumutugon sa adhikain ng bawat negosyo—ang makapaglikha ng malakihang kita (Tarver).

Mahalagang sinaligan din ng pag-aaral ang teorya ng Systemic Functional Linguistics ni Halliday, ipinaliliwanag ng teoryang ito ang relasyong namamagitan sa wika at ng gamit nito sa isang pook ng lipunan (social setting) (Nordquist 2019). Naging tuntungan ng pagsusuri sa mga korpus o salitang nalikom ang apat na susing elemento ng naturang teorya kabilang na ang Konteksto, Semantiks, Leksiko-grammar, Ponoloji at/o Morpoloji (Almurashi 2016). Sa mga nabanggit na apat na elemento, dalawa rito'y nagsilbing sanligan ng pananaliksik sa pagsusuri ng mga kinalap na salita naglalarawan sa rehistro ng pag-aalahas.

Isa na rito ay ang Leksiko-Grammar na kumakatawan sa ugnayan ng leksikon at grammar bilang isang sistemang galing sa dalawang magkahiwalay na disiplina. Mula sa magkaugnay na dalawang disiplina—ang lexicology at grammar, magkaiba ng konsepto subalit magkatagpo sa pagtalakay ng anyo ng wika. Sa *lexicology* tinatalakay ang leksikal na aytem na may tiyak na kahulugan habang ang grammar naman ay kumikilala sa mga tuntunin, estruktura, klasipikasyon ng mga salita, at paggamit nito sa isang wika. Sa pagkakataong ang isang leksim ay ginamit sa isang diskurso at nagdulot ito ng pagbabago, maaaring sa kahulugan o klasipikasyon nito bilang isang salita, (1. *Pangngalang Pambalana* > *Pangngalang Pantangi Hal. Kadena* > *Kadena* 2. *Pang-uri para sa bagay* > *Pangngalan Hal. Kadenang anyo* > *Kadena bilang disenyo*) tinitignan ang penomenong ito bilang Lexico-grammar. Sa papel na ito, ang mga talang leksim mula sa mga Platero't Mananara ay susuriin batay sa naganap na pagbabago sa kahulugan at klasipikasyon. Pangalawa, ang Morpolohiya upang tukuyin ang proseso ng pagkakabuo ng mga leksim. Bukod sa pagkilala sa katangiang lingguwistikal bilang paraan ng pagbuo ng salita, aagapay rin sa papel na ito ang leksikal na panghihiram nina Haugen, Weinrich, at Romaine. Sa paraan ng pagsasakategorya at paghalaw ng kahulugan, ginamit na saligan ng may-akda ang *UP Diksyonaryong Filipino*

upang mapagtibay ang kahulugan, katuturan, at gamit ng salita sa larangan ng pag-aalahas.

Sa pamamagitan ng paggamit sa disenyong ito ng pag-aaral mula kay Halliday at sa pagsusuri sa mga leksim, malinaw na nailalarawan ng pag-aaral ang mga rehistro ng Filipino na taglay ng mga platero't mananara at ang prosesong pinagdadaanan sa pagbuo ng mga ito. Matitiyak ang pagiging dinamiko ng mga rehistrong ito sa nasabing larang dahil sa makasaysayang pinagmulan ng industriya. Makatutulong din ang papel na ito sa pagmamapa ng estruktural na anyo ng mga umiiral na rehistro at ilan pang mga barayti ng Filipino.

Sa tulug ng magkasanib na Value-Chain Process at Systemic Functional Linguistics, layunin ng mananaliksik na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

- (1) Ano-ano ang mga rehistro ng Filipino na ginagamit ng mga platero:
 - Paggawa at Paglikha ng Alahas (Production)
 - Paraan ng Pagbebenta ng Pinal na Produkto (Outbound Logistics)
 - Estratehiya ng Pagbebenta (Marketing and Sales)
 - Serbisyo (Guaranteed Service)
- (2) Paano nabubuo ang mga rehistrong ito?
- (3) Ano-ano ang mga estruktural na anyong taglay ng nasabing rehistro?

MGA RESPONDENTE AT SAMPLING TEKNIK

Ang mga kalahok ay binubuo ng anim na mag-aalahas: tatlong mananara (stone setter) at tatlong platero na nakadestino sa Brgy. Calvario, lungsod ng Meycauayan. Pinili ang Brgy. Calvario dahil ito ang sinilangan ng industriya ng pag-aalahas. Maging ang mga kalahok ay pinili rin gamit ang purposive sampling technique sapagkat sila ang lubusang kaalaman at kabihasaan sa larangan ng pag-aalahas.

INSTRUMENTO NG PAG-AARAL

Pakikipanayam ang ginamit na pamamaraan ng mananaliksik upang

makakalap ng mga panimulang terminolohiyang ginamit sa pag-aalahas. Sa pamamagitan ng mga tanong na binuo alinsunod sa balangkas na Value-Chain Process at Systemic Functional Linguistic, sinuri ang nangingibabaw na leksim na palaging binabanggit ng mga kalahok sa ilalim ng kategorya ng Value Chain at sinuri naman ang mga nakalap na korpus na nakabatay sa Systemic Functional Linguistics gamit din ang *UP Diksiyonaryong Filipino* upang sa pagpapatibay ng katuturan nito. Ito ang nagpatunay sa kalidad at kabisaan ng mga salitang kaugnay ng domeyn ng pag-aalahas sa Lungsod ng Meycauayan, Bulacan na binigyang-kahulugan ng mga platero't mananara ng nasabing lungsod.

PAGSUSURI AT RESULTA NG PAG-AARAL

Nakapagtala ang may-akda ng mga leksim mula sa mga platero at mananara na ginagamit nila sa produksiyon ng alahas. Tinipon at sinipat ang etimolohiya at kahulugan ng bawat salita batay sa *UP Diksiyonaryong Filipino*, sinuri din ang pagkakagamit nito ng mga kalahok alinsunod sa kanilang pagbabahagi ng karanasan na nagpapalakas sa industriya. Inilahad ng mananaliksik ang mga leksim na nakaangkla sa balangkas ng Value Chain kung saan magkakapangkat ang mga salita o katawagan at nakahati naman ito sa dalawang kategorya na nagsusuri una sa pinagmulan at kahulugan, pangalawa ay sa paraan ng pagkakabuo ng salita. Makikita sa Talahanayan 1 ang mga leksim na nagsasaad ng etimolohiya at kahulugan nito batay sa mga ibinahagi ng kalahok.

Talahanayan 1

MGA PINAGMULAN AT KAHULUGAN NG MGA LEKSIM SA DOMEYN NG PAG-AALAHAS

Mga Materyales (Inbound Logistics)		
Salita	Pinagmulan	Kahulugan
Ginto/Gold	Salitang Tagalog na uri ng metal na namimina. Sa karaniwang usapan ng mga platero at mananara, tinatawag lamang itong gold dahil sa impluwensiya ng Wikang Ingles.	Pangunahing metal na ginagamit sa paglikha ng alahas, awtentiko, at kulay dilaw. Pinagtutubugan o pinagbabaran ng gawang alahas sa likidong anyo nito.
Pilak/Silver	Salitang Tagalog, Kapampangan, Pangasinense na metal.	Isa sa pangunahing metal na ginagamit din sa paglikha ng alahas. Ito ay makinis, puti o kaya'y kulay abo na kadalasang inihahalo ang ginto upang mapababa ang karat nito.
Tanso/Bronze	Mula sa salitang Tsino na 'tâng-soh', nangangahulugang copper wire.	Isa rin sa pangunahing metal na inihahalo lamang ang ginto at pilak. Pangkaraniwang metal lamang na nababanat, napapanipis at napapalapad gamit ang lakas at pukpok ng martilyo.
Dalisay/Puro	Mula sa salitang Tagalog na 'dalisay' na ang ibig sabihin ay puro.	Tumutukoy ito sa gintong 24 k, o purong ginto na pangunahing materyal ng pag-aalahas.
Lagaring Bakal	Mula sa dalawang salitang Tagalog na 'lagari' at 'bakal' na tumutukoy sa kasangkapang may matalim na ngipin at ginagamit sa pagputol ng kahoy.	Isang kagamitang metal na matalim na ginagamit sa pagsasara ng alahas (paglalagay ng hiyas dito)
Pamaet	Mula sa salitang Tagalog na 'pa-et' na tumutukoy sa kasangkapang palapad at matalim ang dulo para malagyan ng uka ang kahoy	Tumutukoy sa maliit na bersiyon ng paet, ginagamit bilang pangkinis ng alahas.

Plorentin	Mula sa salitang Latin na ‘florens’ na nangangahulugang bulaklak.	Tumutukoy sa uri ng paet na ginagamit sa paghuhugis-bulaklak.
Suwatsoy	Mula sa salitang Tsino na ‘swat-soy’ na tumutukoy sa kasangkapang ginagamit na pang-uka sa paglalagay ng <i>prong</i> sa hiyas.	Kagamitan sa pagguhit, mistulang <i>ball pen</i> ito na ginagamit partikular sa pagbuo ng kanal o mga uka sa loob ng alahas.
Laminador	Mula sa salitang Espanyol na laminador na ginagamit sa pampitpit ng metal	Ito ay isang rolling mill na ginagamit sa pambatak ng alahas upang maging manipis ito
Kikil	Salitang Tagalog na tumutukoy sa bakal na ginagamit na pangkinis o panghasa sa anumang metal.	Tumutukoy ito sa gamit panghasa, may mga anyo ito gaya ng tres kantos.
Tokoy	Mula sa salitang Tsino na tokoy, na nangangahulugang lalagyan ng pinagtabasang ginto o bato ng hiyas.	Tumutukoy sa mesang pinaggagawaan ng alahas. Ito ay may uka sa gitna na nagsisilbing lalagyan ng pinagtabasang ginto o bato ng hiyas.
Panghinang	Mula sa salitang Tagalog na ‘hinang’ na nangangahulugang pagtatagpi o pagdudurogtong ng dalawang metal sa pamamagitan ng pagdarang sa init ng apoy.	Tumutukoy sa instrumento sa paghihinang o pagdurugtong sa dalawang lusaw na metal. Ito ay maihahalintulad din sa laminador.
Tuwa	Mula sa salitang Sebuwano na ‘tuang’ na nangangahulugang paghinto o pagtigil.	Sahuran ng alikabok ng ginto o <i>gold dust</i> . Kakabit ito ng tokoy na pinaggagawaan ng ginto.
Rounder	Mula sa salitang Ingles na ‘round’ na nangangahulugang bilog.	Gamit sa paghuhugis ng alahas. Karaniwan sa pagsusukat ng singsing
Maso/Pamukpok	Mula sa salitang Kastil ana ‘mazo’ na nangangahulugang kasangkapan sa pampukpok.	Gamit sa pagpupukpok ng alahas, sa pagkokorte nito sa paluan.
Katoy	Mula sa salitang Tsino na nangangahulugang maliit na martilyo.	Tumutukoy ito sa maliit na martilyong ginagamit sa pagsasara o pagkakabit ng bato o hiyas sa alahas.
Paluan	Mula sa salitang Tagalog na ‘palo’ na nangangahulugang hampas.	Kasama ng maso sa pagpupukpok ng yaring aytem, pinagpapaluan ng ginto.
Pliers	Mula sa salitang Ingles na ‘plier’ na tumutukoy sa kasangkapan sa pagputol, pambaluktot at pampilipit.	Kagamitan sa pagpuputol ng metal, karaniwang makikita rin sa mga tool ng pagkakarpintero.
Suplete	Mula sa salitang Kastila na ‘soplete’ na nangangahulugang <i>blow torch</i> o <i>flame gun</i> .	Kagamitan na <i>blow torch</i> para sa pagtutunaw ng ginto
Plehe	Mula sa salitang Kastila na fleje na tumutukoy sa pantaling yari sa bakal o asero	Tumutukoy sa tunawan ng ginto o pinagtutunawan ng ginto. Ito rin ay maaaring hulmahan ng ginto

Nitrite Acid	Mula sa dalawang salitang pang-agham na 'nitrate' at 'acid' na ginagamit na kemikal para mapakinis ang alahas o anumang metal.	Kemikal na ginagamit sa paglilinis ng alahas pangunahin sa pagpapakinis nito.
Sulfuric Acid	Mula sa dalawang salitang pang-agham na 'sulfur' at 'acid' na tumutukoy sa di-metalikong elemento na ginagamit sa pulbura at posporo.	Isa ring uri ng kemikal na ginagamit sa paglilinis ng alahas.
Kordom	Mula sa salitang Kastila na 'kordon' na nangangahulugang kable o maliit na lubid.	Panlinis sa mga singit-singit, sa mga loob-loob ng alahas.
Gold Solution/Likidong Ginto (salin ng may-akda)	Mula sa dalawang salitang Ingles na 'gold' at 'solution' na nangangahulugang mahalagang metal na kulay dilaw at inanyuang likido para sa pagdudurado ng alahas.	Likidong yari sa ginto na ginagamit sa pagdudurado ng alahas.
Silver Solution/Likidong Pilak (salin ng may-akda)	Mula sa dalawang salitang Ingles na 'silver' at 'solution' na tumutukoy sa metal na kulay puti at ginagamit sa paggawa ng salapi, salamin, at palamuti, ito ay inanyuan bilang likido para sa paghahalo sa kasama nitong metal na ginto.	Likidong yari sa pilak na ginagamit sa pagpapababa ng karat ng ginto.
Berdedero	Hango sa salitang Kastila na 'verdadero' na nangangahulugang tunay o totoo.	Tumutukoy sa batong synthetic.
Esmeril	Mula sa salitang Kastila na 'esmeril' na tumutukoy sa butil-butil na sustansiyang mineral, karaniwang ginagamit na pangkinis o pangkikil.	Isang uri ng matigas na mineral na ginagamit sa pagpapakintab.
Saheng	Mula sa salitang Tagalog na 'sahing' na nangangahulugang luwad na inilalatag sa bolang bakal at idinadarang sa apoy upang magamit sa pagdidisenyo ng alahas.	Ito ay isang luwad na nasa bolang bakal na pinagpapatungan ng di pagawang alahas para makortehan ito.
Proseso at Paglikha ng Alahas (Production)		
Salita	Pinagmulan	Kahulugan
Pagtutunaw	Mula sa salitang-ugat na Tagalog na "tunaw" na tumutukoy sa pagiging likido.	Tumutukoy sa proseso ng pagtutunaw ng mga pangunahing metal na gagamitin sa paggawa ng alahas. Nakapaloob sa prosesong ito ang mga paghahalo ng metal upang mapababa ang karat ng ginto.
Pagtutubog	Hango sa salitang Bikolano at Tagalog, nangangahulugang babad o pagbabad.	Paglulublob ng alahas sa likidong ginto para mabalot ito at para tumigas.

Paghihinang	Mula sa salitang Tagalog na 'hinang' na nangangahulugang pagtatagpi o pagdudurogtong ng dalawang metal sa pamamagitan ng pagdarang sa init ng apoy.	Proseso ng pagpapainit upang mapagkabit ang dalawang metal sa alahas.
Pagmomolde/Casting	Mula sa salitang Kastila na 'molde' na nangangahulugang hungkag na sisidlan na ginagamit upang hubugin ang anyo ng likido gaya ng wax o metal kapag lumamig o tumigas ito.	Ito ang sunod na hakbang matapos ang pagtunaw sa metal, hinuhulma na rito batay sa kagustuhan ng kostumer. Halimbawa, singsing, kuwintas, polseras, at hikaw subalit ayon sa mga platero'y kadalasang singsing at polseras ang popular na pinapagawa sa kanila.
Pagdudurado/Plating	Mula sa salitang Kastila na 'dorado' na ang ibig sabihin ay tubog sa ginto o lublob sa ginto.	Proseso kung saan nilublob ang alahas sa likidong ginto upang mapalibutan ito, kung ang isang alahas ay hindi purong ginto, isinasagawa ang prosesong ito.
Pagbatak	Mula sa Tagalog na salitang-ugat na 'batak' na ang ibig sabihin ay paghila.	Proseso ng pagbatak o paghila sa ginto o alahas para maging animo'y lubid o wire ito.
Pagbuhos	Mula sa Tagalog na salitang-ugat na 'buhos' na nangangahulugang pagsasalin o pagbubuhos ng likidong bagay.	Tumutukoy ito sa direktang pagbuhos ng tinanunaw na metal sa isang lalagyan para mahubog ang nais na anyong alahas.
Bubuan	Mula sa Bikolano, Tagalog, at Waray na salita na 'bubo' na nangangahulugang pagbuhos ng nilusaw na bagay sa molde bago tumigas	Tumutukoy sa proseso ng pagmomolde ng gagawing alahas mula sa likas na materyal nito.
Pagsasara	Mula sa salitang Kastila na 'cerrar' o 'serra' na nangangahulugang paglalagay ng isang posisyon anumang bagay upang harangan ang butas.	Proseso ng paglalapat o paglalagay ng hiyas o brilyante ng yaring alahas
Imbute	Mula sa salitang Ingles na 'imbued' na ang ibig sabihin ay ipaloob o ipasok.	Kategorya ng pagsasara na nilalakipan ng ginto.
Microsetting	Mula sa dalawang salitang Ingles na 'micro' at 'setting' na nangangahulugang maliit na paglalagay o pagtatakda.	Kategorya ng pagsasara na nilalagyan ng maliliit na diyamante ang singsing, maliliit na diyamante na halos nakikita lamang sa mikroskopyo.
Kalupkop	Mula ito sa sakitang Ilokano na 'kalupkop' na tumutukoy sa metal na ginagawang panggilid.	Kategorya ng pagsasara na nilalagyan ng manipis na patong ng ginto, kadalasan nakalubog ito sa bahagi ng singsing.
Pinaligiran	Mula sa Tagalog at Kapampangan na salitang-ugat na 'ligid' na nangangahulugang paikot.	Kategorya ng pagsasara na ang anyo'y perpendicular o patuwid.
Unyas	Mula sa salitang Kastila na 'uñas' na nangangahulugang metal na pangkapit sa bato.	Kategorya ng pagsasara na nangangahulugang pag-iipit matapos isara ang diyamante sa singsing.

Pinal na Produkto (Outbound Logistics)		
Salita	Pinagmulan	Kahulugan
Tamborin	Mula sa salitang Tambourine sa Ingles at tamboril sa Kastila na tumutukoy sa maliit na tambol na may mga nakapaligid na pampaingay na metal.	Sinaunang disenyo na naglalarawan sa magkakarugtong na beads na animo'y rosaryo, kadalasan sa mga kuwintas na alahas
Kalado	Mula sa salitang Kastila na 'calado' na nangangahulugang disenyong ornamental na binubuo ng inayos ng mga butas ng kahoy, metal, bato at iba pa.	Disenyo sa kuwintas na anyong laso na kadalasa'y makikita sa mga kuwintas.
Pikaporti	Mula sa salitang Kastila na picaporte nangangahulugang 'pansara' at/o 'doorknob'	Hikaw na may clip/klip, ang anyo nito'y may palawit na pabilog na mistulang singsing.
Biniwas	Mula sa hinangong salitang "biwa pearl" na tumutukoy sa perlas na galing sa bansang Hapon	Hikaw na bilog
Kreyolya	Mula sa salitang 'creole' na nangangahulugang halong lahi ng Europeyo at lahing Caribbean.	Hikaw na animo'y singsing at pahaba ang hugis o oval.
Sinampalok	Hango sa salitang Tagalog, Bicolano, Hiligaynon, Sebuwano at Waray na 'sampilok' na isang uri ng punungkahoy na may maasim na bunga.	Alahas na may magkakahilerang bato. Ibinatay ang disenyo sa bunga ng sampalok.
Pantasya	Mula sa salitang Kastila na 'fantasia' na ang ibig sabihin ay guniguni	Kuwintas at iba pang uri ng alahas na pino ang pagkakagawa. Ayon sa mga kalahok, ito raw ay gawa sa pinong materyal at madalas walang gaanong mamahaling bato.
Kadena	Mula sa salitang Kastila na 'cadena' na nangangahulugang tanikala o panggapos.	Kuwintas na hinugis kadena o bakal na panggapos.
Domino	Hango sa salitang Ingles na 'domino' na tumutukoy sa mga parihaba na pitsa na may ukit na mga bilog-bilog. Ito ay isang laro sa sugalan o kaya'y panlibangan.	Tumutukoy sa singsing na panlalaki (parisukat).
Rolex	Mula ito sa tatak ng relo na 'Rolex' kung saan kinorte ang hugis ng singsing	Singsing na pabilog, kabaliktaran ng domino.
Dormeluna	Mula ito sa salitang Kastila na 'dormiluna' na nangangahulugang hikaw na may brilyante.	Isang uri ng hikaw na may brilyante o kaya'y perlas sa ulo nito, tinatawag din itong <i>sleepy gold o pearl earring</i> .
Pagawa/pasadya	Mula sa salitang Tagalog na 'pagawa' na ang ibig sabihin ay bagay na ipinagawa sa iba.	Tawag ng mga platero sakaling may mga kostumer na magpapagawa o pasadya ng alahas.

Serbisyong Panggarantiya (Service Guaranteed)		
Dugtong	Mula sa salitang Sebuwano, Tagalog at Waray na ‘dugtong’ na ang ibig sabihin ay pagdaragdag sa haba o lapad.	Tawag sa serbisyo ng mga platero kapag ang nais lamang ay ayusin o dugtungan ang nasirang parte ng alahas.
Remedyo	Mula sa salitang Kastila na ‘remedio’ na nangangahulugang pagwawasto.	Tawag sa serbisyo ng mga platero kapag nais ayusin o muling ihugis ang alahas sa kagustuhan ng kostumer.
Komporme	Mula sa salitang Kastila na ‘conforme’ na nangangahulugang sumunod o sumang-ayon.	Tawag sa serbisyo ng mga platero na pagsunod o pagsang-ayon sa gusto o naisin ng kostumer sa ipapagawang alahas.

Talahanayan 2
Pagsusuri sa Estrukturang mga Leksim sa Domeyn ng Pag-aalahas

Mga Materyales (Inbound Logistics)		
Salita	Paraan ng Pagkakabuo	Bahagi ng Pananalita sa Filipino
Ginto/Gold	Salitang-ugat, Loan Word	Pangngalan
Pilak/Silver	Salitang-ugat, Loan Word	Pangngalan
Tanso/Bronze	Salitang-ugat, Loan Word	Pangngalan
Lagaring Bakal	Tambalang salita	Pangngalan
Pamaet	Maylapi	Pangngalan
Plorentin	Deribasyon, Loan Word	Pangngalan
Suwatsoy	Loan Word	Pangngalan
Lamenador	Loan Word	Pangngalan
Kikil	Salitang-ugat	Pangngalan
Tokoy	Loan Word	Pangngalan
Panghinang	Maylapi	Pangngalan
Tuwa	Deribasyon	Pangngalan
Rounder	Loan Word	Pangngalan
Maso	Loan Word	Pangngalan
Katoy	Loan Word	Pangngalan
Paluan	Maylapi	Pangngalan
Pliers	Loan Word	Pangngalan
Suplete	Loan Word	Pangngalan
Plehe	Loan Word	Pangngalan
Nitrite Acid	Loan Words	Pangngalan
Sulfuric Acid	Loan Words	Pangngalan
Kordom	Deribasyon, Loan Word	Pangngalan
Gold Solution/Likidong Ginto (salin ng may-akda)	Loan Words	Pangngalan

Silver Solution/Likidong Pilak (salin ng may-akda)	Loan Words	Pangngalan
Berdedero	Deribasyon, Loan Word	Pangngalan
Esmeril	Deribasyon, Loan Word	Pangngalan
Saheng	Salitang-ugat	Pangngalan
Proseso at Paglikha ng Alahas (Production)		
Salita	Paraan ng Pagkakabuo	Bahagi ng Pananalita sa Filipino
Pagtutunaw	Deribasyon, Maylapi	Pangngalan
Pagtutubog	Deribasyon, Maylapi	Pangngalan
Paghihinang	Maylapi	Pangngalan
Pagmomolde/Casting	Deribasyon, Maylapi, Loan Words	Pangngalan
Pagdudurado/Plating	Deribasyon, Maylapi	Pangngalan
Pagbatak	Deribasyon, Maylapi	Pangngalan
Pagbuhos	Deribasyon, Maylapi	Pangngalan
Bubuan	Deribasyon, Maylapi	Pangngalan
Pagsasara	Deribasyon, Maylapi	Pangngalan
Imbute	Loan Word	Pangngalan
Microsetting	Tambalang Salita	Pangngalan
Kalupkop	Deribasyon	Pangngalan
Unyas	Loan Word	Pangngalan
Pinal na Produkto (Outbound Logistics)		
Salita	Paraan ng Pagkakabuo	Bahagi ng Pananalita sa Filipino
Tamborin	Loan Word	Pangngalan
Kalado	Loan Word	Pangngalan
Pikaporti	Loan Word	Pangngalan
Biniwas	Deribasyon, Loan Word	Pangngalan
Kreyolya	Deribasyon, Loan Word	Pangngalan
Sinampalok	Deribasyon, Maylapi	Pangngalan
Pantasya	Loan Word	Pangngalan
Kadena	Loan Word	Pangngalan
Domino	Loan Word	Pangngalan
Rolex	Loan Word	Pangngalan
Dormeluna	Loan Word	Pangngalan
Pagawa/pasadya	Maylapi	Pangngalan

Serbisyonang Panggarantiya (Service Guaranteed)		
Salita	Paraan ng Pagkakabuo	Bahagi ng Pananalita sa Filipino
Dugtong	Salitang ugat	Pangngalan
Remedyo	Loan Word	Pangngalan
Komporme	Loan Word	Pangngalan

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga leksim na kaugnay ng pag-aalahas mula sa masusing pagkalap ng may-akda sa mga ibinahagi ng mga kalahok na platero't mananara. Inuri ang mga salitang ito batay sa balangkas ng value chain kung saan ipinapakita ang mekanismo ng industriya mula sa mga gagamiting materyales at paglikha rito (inbound logistics, production) hanggang sa pagdadala ng mga yaring produkto sa mga tagapagtangkilik nito (outbound logistics, service guaranteed). Sinuri naman ang kalikasan at kahulugan ng mga salita batay sa balangkas ng Systemic Functional Linguistics (salita, pinagmulan at kahulugan) alinsunod sa konsepto ni Halliday at sa gabay ng *UP Diksiyonaryong Filipino*. Kapansin-pansin na karamihan sa mga salita'y hindi orihinal na galing sa wikang sinasalita ng mga tagaroon at kadalasa'y maiuugat sa mayamang kasaysayan ng pagsasalin ng nasabing industriya mula sa tagalabas—mga dayuhang sumakop sa atin—mga Kastila, mga Tsino na batay sa nakalap na talang pangkasaysayan ay naipamana sa mga taga-Meycauayan; at impluwensya ng mga katutubong sangkap ng salita mula sa iba't ibang pangkat-etniko ng ating bansa.

Samantala, makikita naman sa Talahanayan 2 ang mga sinuring leksim batay sa estruktura nito. Ang mga leksim ay inuri bilang loan word, maylapi, salitang-ugat, deribasyon at tambalang-salita. Hinalaw din sa gabay ng *UP Diksiyonaryong Filipino* ang paraan ng pagkakabuo ng mga salita. Kapansin-pansin na karamihan ng mga salita'y loan word (o hiram na salita) mula sa mga hilaw na materyales gaya ng ginto/gold, pilak/silver, at tanso/bronze bagamat may mga kaakibat itong tumbas sa wikang batid ng mga kalahok, nangingibabaw ang pagbanggit sa mga leksim na nakasaad sa Ingles. Kasama rin sa mga loan word ay suwatsoy, lamenador, tokoy, rounder, plehe, suplete, berdedero, esmeril, at iba pa. Patunay ito na galing mismo sa salaysay ng mga kalahok na Platero at Mananara na buhat sa impluwensiyang Tsino at Kastila ang kanilang kinabibilangang industriya.

Dagdag pa rito, nasuri namang deribasyon ang ilang mga leksim buhat sa mga wikang katutubo gaya ng Sebuwano, Ilokano, Bikolano, Waray bukod sa Tagalog na namamayaning wika sa lugar at wikang Kastila, Ingles at Tsino naman mula sa banyaga. Ginamit ding gabay ang *UP Diksiyonaryong Filipino* sa paghahalaw ng mga deribasyong ito upang mapagtibay ang pagsusuri ng may-akda. Ang deribasyon ang tawag sa pagkakabuo ng salita o leksim kapag ito ay hinango sa orihinal nitong kahulugan sa pinanggalingang wika. Ang mga leksim gaya ng bubuan (mula sa Waray, Bikolano at Tagalog), kalupkop (Ilokano), tubog (Bikolano at Tagalog) na hango sa ating katutubong wika, samantala ang mga leksim naman na gaya ng pikaporti (Kastila), tamborin (Kastila), biniwas (Hapon), kadena (Kastila), kreyolya (Kastila), at marami pang iba na nasa talahanayan ay pawang mga leksim na galing sa banyagang wika. Mahihinuha sa mga salita ang industriyang pag-aalahas ay buhat sa impluwensiya ng mga Kastila na mababakas din sa nasasaad na kasaysayan at bunga rin ng salaysay ng mga nakapanayam na platero't mananara.

KONGKLUSYON

Ang mga leksim o terminong ginagamit ng mga platero't mananara sa paggawa ng alahas ay tanda na buhay na buhay ang industriya sa lungsod ng Meycauayan. Kapansin-pansin ito sa kanilang proseso ng paggawa ng alahas na pinanday na ng panahon at ng karanasan nila bilang mga platero't mananara na lubhang mauugat sa kanilang paraan ng pakikipag-ugnayan. Naisakonteksto ito sa paraan ng pagiging kabilang nila sa okupasyong naging pamana na ng ating mga sinaunang ninunong mag-aalahas. Sa kabila ng modernisasyon at pagbabagong-bihis ng lungsod, napanatili pa rin ng mga kababayan natin sa Bulacan ang halaga ng industriyang ito na kakabit ng kanilang kasaysayan at kultura.

Nagluwal ito ng rehistro ng wika na nakaangkla sa industriya ng pag-aalahas at maituturing na makabuluhang ambag sa speech community. Mababanaag ito sa mga salita o leksim na ibinahagi ng mga kalahok na sinuri ng may-akda sa usapin ng Systemic Functional Linguistic at sa gabay ng *UP Diksiyonaryong Filipino*. Natuklasan sa pag-aaral na ito na karamihan sa mga salita ay hiniram mula sa iba't ibang wika tulad ng Espanyol, Ingles, Tsino, at mga katutubong salita mula Bikolano, Waray, Sebuwano, Ilokano, at bukod sa wikang taal ang mga kalahok. Sa pagbuo ng mga salita, ginamit naman ang paghihiram (loan word), paglalapi, paggamit ng tambalan at ang nangingibabaw ay deribasyonal. Malinaw sa balangkas na ito kung paano naiangkop ang industriya mula sa makasaysayang pagdala rito ng mga banyaga at integrasyon ng mga elementong katutubo na nakaugat sa ating mayamang kultura ng Pilipinas.

Patunay ito sa pananaw ni Trudgill (2000) kung paanong ang leksikal na aytem na pag-aalahas na nakaugnay sa kaukulan nitong okupasyon. Sang-ayon sa mga kalahok ng pag-aaral, naging kontekstuwal na pagpapakahulugan ito alinsunod sa ipinamanang kaalaman sa kanila ng mga naunang nagtaguyod ng industriya ng pag-aalahas. Sa mga pamamaraang nakaukol sa industriyang kinabibilangan at ng mayamang kulturang humubog sa rehistrong ito ng makasaysayang sektor.

Patunay ito sa dalumat ni Zeus Salazar na ang wika ay impukan at kuhanan ng kultura. Ang kanilang mga salita't terminolohiya na ginagamit upang maproseso't mapagyaman ang kanilang sistema ng pamumuhay ay nagbibigkis sa kanilang mayamang ugnayan. Hindi umiiral sa kanilang komunidad ang kompetisyon, sapagkat tabi-tabi at magkakalapit ang mga pagawaan ng alahas, kundi namamayani ang pagtutulungan at pagkakaisa tungo sa ikatataguyod ng kanilang mayamang industriya.

May dahilan din kung bakit hindi katulad ng ibang lugar na may pagkakakilanlan ang lungsod ng Meycauayan, halimbawa ang Marikina bilang lugar ng pagsasapatos, ang Pateros bilang pook ng balutan, marahil ang eksklusibong dahilan ay ang kalidad at pagiging tulay ng inihahain nilang produktong alahasan na nararapat lamang manatiling lingid sa paningin ng mga karaniwang mamamayan lalo na yaong mga dumarayo lamang sa kanilang pook. May katumbas na halaga ang kanilang alahasan na kailangang ingatan at pagyamanin. Ang kanilang katapatan ang nagpapatatag ng kanilang negosyong inilalarawan ng mga terminolohiya at salitaan ng mga mag-aalahas sa lugar na dating sentro ng komersiyo ng lalawigan.

Marahil hindi lamang mga termino ang maaaring matuklasan sa lugar na ito. Bagamat ang pag-aaral na ito mabisa nang panimula sa mas komprehensibong pagsisiyasat sa isang lugar sa Bulacan, subalit maaari pang tuklasin ang natatagong kalidad na taglay ng Meycauayan sa paningin ng mananaliksik. Kung paanong ang kanilang pananaw bilang mag-aalahas ang siyang huhubog sa kanilang lungsod sa pagpopook nito at/o higit pa roon, isang pagwawangis sa kalakaran ng kanilang kalunsuran sa pag-iisip, pananaw, at pag-uugali ng mga taga-Bulacan na magandang ipagmalaki sa buong bansa. Kasinghalaga ng taglay ng mga alahas at ginto, ang yaman ng pagka-Pilipinong maikakabit sa mayamang diskurso ng mga tagarito. ♦

SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Ikalawang Edisyon. Diliman: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2010.
- Almurashi, Wael Abdurahaman. "An Introduction to Halliday's Systemic Functional Linguistics." *Journal for the Study of English Linguistics* 4, no. 1 (2016).
- Ang Tubong Meycauayan. "Ang Lumang Bayan ng Meycauayan." Marso 23, 2021. <https://www.facebook.com/568453066664096/photos/a.1192947034214693/1882607231915333/>.
- Asia Society. "Philippine Gold: Treasures of Forgotten Kingdoms." Abril 8, 2016. <https://asiasociety.org/new-york/exhibitions/philippine-gold-treasures-forgotten-kingdoms#!artworks>.
- City of Meycauayan. "Brief History of Meycauayan." Abril 10, 2019. <http://www.cityofmeycauayanbulacan.gov.ph/?page=cityInfo>.
- _____. "Kasaysayan ng Bayan ng Meycauayan, Bulacan." Hunyo 18, 2021. <http://www.cityofmeycauayanbulacan.gov.ph/?page=cityInfo>.
- de Lara, Maritess, Chem R. Pantorilla, at Melba B. Ijan. *Pagsusuri sa Rehistro ng Wika ng mga Mananahi*. Inakses noong Enero 5, 2023. <https://www.scribd.com/document/383367903/Pagsusuri-Sa-Rehistro-Ng-Wika-Ng-Mga-Mananahi>.
- dela Cruz, Elizabeth. *Sulong pa, Meycauayan, Mga Pangunahing Hanapbuhay at Industriya*. Aklat Pang-alaala sa Pagdiriwang ng ika-420 taong Pagkakatatag ng Bayang Meycauayan (n.p.). (n.d.) Mini Library; Meycauayan City Hall.
- Fishman, Joshua et.al. *The Rise and Fall of the Ethnic Revival: Perspectives on Language and Ethnicity*. Berlin: Mouton, 1985.
- Haugen, Einar. "Dialect, Language and Nation." *American Anthropologist* 68, no. 4 (Agosto 1966): 922-35.
- Honorio, Cirilo S. *Ang Bayang Maykawayan at ang Himagsikan*. Aklat Pang-alaala sa Pagdiriwang ng ika-420 taong Pagkakatatag ng Bayang Meycauayan. (n.p.). (n.d.) Mini Library; Meycauayan City Hall.
- Labrador, Chinggay. "A Brief History of Jewelry in the Philippines." Disyembre 11, 2016. <https://nolisoli.ph/2244/a-brief-history-of-jewelry-in-the-philippines/>.
- Ortiz, Marianne C. "Rehistro ng Wika ng mga Camarero sa Lungsod ng Makati." *Malay* 33, no. 2 (Hunyo 2021): 46-57.
- Pantorilla, Chem R., Maritess D. de Lara, at Melba B. Ijan. "Ugnayan ng Wika at Ideolohiya: Ang Paglalarawan sa Rehistro ng mga Magsasaka sa Bulacan." *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Peregrino et.al (ed.) Diliman, Lungsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino. Unibersidad ng Pilipinas, 2012. 273 - 275
- Peregrino, Jovy M. et.al, ed. *MINANGA Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Diliman, Lungsod ng Quezon: Sentro ng Wikang Filipino. Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 2002.
- Petras, Jayson D.G. *Bayan at Pagkabayan ng Salamyaaan: Ang Pagpopook ng Marikina sa Kamalayang-Bayang Marikeno*. *Dalumat E-Journal* 1, no. 2 (2010): 93-104. <https://ejournals.ph/article.php?id=6199>.
- Province of Bulacan. "Jewelry." Inakses noong Mayo 15, 2023. <https://bulacan.gov.ph/major-industries/>
- Tambourine Jewelry. "Tambourin Jewelry – A Little Bit of History." Oktubre 15, 2012. <https://tambourinejewelry.wordpress.com/2012/10/15/tamborin-jewelry-a-little-bit-of-history/>.
- Tarver, Evan. "Value Chain vs. Supply Chain: What's the Difference?" Marso 24, 2020. <https://www.investopedia.com/ask/answers/043015/what-difference-between-value-chain-and-supply-chain.asp>.

MGA PANAYAM:

The Confederation of Philippine Jewelers, Inc. "Jewelry Industry Roadmap." Inakses noong Enero 16, 2023. <https://industry.gov.ph/wp-content/uploads/2015/05/8th-TID-Ms.-Florencios-Presentation-on-Jewelry.pdf>.

Salazar, Zeus A. "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursyong Pangkabihasnan." Nasa *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya, at Pananaliksik*, inedit nina Violeta V. Bautista at Rogelia Pe-Pua, 37-45. Maynila: Kalikasan Press, 1991.

Villanueva, Voltaire. "Panimulang Pag-aaral sa Varayti ng Tagalog-Pateros sa Domeyn ng Balutan." *Dalumat E-Journal* 3 nos. 1-2 (2012): 72-87. <https://ejournals.ph/article.php?id=6218>.

Villavicencio, Francisco. "Mga Katawagang Pangmananara." Personal na panayam. Abril 12, 2019

Cirillo, Roberto. "Mga Katawagang Pamplatero." Personal na panayam. Abril 15, 2019

Estraño, Edgar. "Mga Katawagang Pamplatero." Personal na panayam. Abril 15, 2019

Delos Reyes, Joseph. "Mga Katawagang Pangmananara." Personal na panayam. Abril 15, 2019

Jimenez, Alvin. "Mga Katawagang Pamplatero." Personal na panayam. Abril 29, 2021

Baribar, Jipher. "Mga Katawagang Pangmananara." Personal na panayam. Abril 29, 2021



Si VLADIMIR B. VILLEJO ay kasalukuyang guro sa antas Senior High School sa Mataas na Paaralang Memoryal kay Mariano Marcos, isang pampublikong paaralan sa Maynila. Nagtapos siya ng Master sa Sining sa Araling Filipino – Wika, Kultura at Midya sa Pamantasan De La Salle-Maynila. Nakapaglahad na siya ng mga papel-pananaliksik sa iba't ibang kumperensya tulad ng PNPRS National Conference, 5th International Conference on Philippine and Asian Studies, 25th Young Scholars' Conference on Philippine Studies in Japan at 6th International Conference for Asian and Philippine Studies (ICAPS) na magkatuwang na pinamahalaan ng Pamantasan ng Silliman at DLSU. Nakapaglathala na rin siya ng mga artikulo at akda kagaya ng kanyang kolaboratibong papel (kasama si Dr. Leslie Liwanag) sa Malay Journal at akdang salin na "Ang Masayahing Prinsipe (Mula sa orihinal na kuwento ni Oscar Wilde na "The Happy Prince) sa Salin Journal ng organisasyong PATAS. Maaari siyang makontak sa villejo.vladimir@deped.gov.ph

Internasyonal na Lupon ng mga Editor

Romulo P. Baquiran, Jr., PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Joi Barrios-LeBlanc, PhD
University of California Berkeley
USA

Rowena Cristina L. Guevara, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Ramon G. Guillermo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Emmanuel M. Luna, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Fidel R. Nemenzo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

So Obata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Dina Joana Ocampo-Cristobal, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Masanao Oue, PhD
Osaka University
Osaka, Japan

Victor Paz, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rogelia Pe-Pua, PhD
University of New South Wales
Australia

Epifanio San Juan, Jr., PhD
Philippine Cultural Studies Center
Connecticut, USA

Sachi Takahata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Nicanor G. Tiongson, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rolando B. Tolentino, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Tereso S. Tullao, Jr., PhD
Pamantasang De La Salle
Pilipinas

Galileo S. Zafra, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Makabayang Intelektuwal-Manunulat ng Pamahalaang Komonwelt:
Ang Kaso ni Amado V. Hernandez at Salvador P. Lopez
KEVIN P. ARMINGOL

Ang Metodikong Duda at ang Duwalismong Cartesiano:
Salin sa Unang Dalawang Bahagi ng Meditations ni René Descartes
EMMANUEL C. DE LEON

Pag-aangkop ng mga Modelong Adsorption Pang-isothermal
ni Langmuir (1916) at Freundlich (1906) sa R gamit ang PUPAIM
CHESTER C. DEOCARIS, CARL LUIS P. FLESTADO, MARK LESTER C. GALICIA
JAN BERNEL P. PADOLINA AT DIONE GUZMAN

Isang Paglalapat at Pagninilay sa *Functional Theory of Language* ni Newmark
sa Pagsasalin ng Akdang "Poor Man's Love"
LESLIE ANNE L. LIWANAG, PHD, MARIA VANESSA E. GABUNADA, PHD
AT DEBORRAH SADILE ANASTACIO, PHD

Ang Panimulang Rehistro ng Wika sa Industriyang Pag-aalahas
ng Barangay Calvario sa Lungsod ng Meycauayan, Bulacan
VLADIMIR B. VILLEJO

Daluyan
Journal ng Wikang Filipino



SENTRO NG WIKANG FILIPINO
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON

